ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • PEBRERO 2018

Liahona



Paghahangad ng Kapayapaan sa Mundong may Iba't Ibang Relihiyon, p. 24

Paanong ang Patotoo ni Pedro Tungkol Kay Cristo ay Nangungusap sa Atin, p. 18

Isang Sulyap sa Bagong Mga Tomo ng Kasaysayan ng Simbahan, pp. 30, 32



"GAANO MAN NINYO TINUTUPAD ANG INYONG PANGAKO NA AALALAHANIN SIYA LAGI, **PALAGI NIYA KAYONG INAALALA.**"

PANGULONG HENRY B. EYRING

Mensahe mula sa Unang Panguluhan, pahina 4.

Liahona, Pebrero 2018

MGA MENSAHE

4 **Mensahe ng Unang Pangulu-han: Lagi Siyang Alalahanin**
Ni Pangulong Henry B. Eyring

7 **Mga Alituntunin ng Visiting Teaching: Kilalanin Siya at ang Kanyang Pamilya**

MGA TAMPOK NA ARTIKULO

18 **"Ano ang Sabi Ninyo Kung Sino Ako?": Ang Patotoo ni Pedro kay Cristo**
Ni Terry B. Ball
Kapag natutuhan nating maha-lin at makilala si Pedro, mas matatanggap natin ang kanyang natatanging pagsaksi kay Cristo.

24 **Kalayaang Pangrelihiyon: Batong Panulok ng Kapayapaan**
Ni Elder D. Todd Christofferson
Sa mundong may magkakasa-lungat na pilosopiya, maaari tayong magkaisa sa paghaha-ngad ng kapayapaan sa pama-magitan ng paggalang sa iba't ibang relihiyon at sa pagtataguyod ng kalayaang pangrelihiyon.

30 **Mga Banal: Ang Kuwento ng Simbahan ni Jesucristo sa mga Huling Araw**
Ni Elder Steven E. Snow
Alamin ang tungkol sa bagong multivolume na kasaysayan ng Simbahan.

32 **Mga Banal: Ang Kuwento ng Simbahan—Kabanata 1: Humiling nang May Pananampalataya**
Mga di-pangkaraniwang kalaga-yan ang nagdala sa pamilya Smith sa Palmyra; mga pag-aalinlangan ang nagtulak kay Joseph na magdasal.

MGA BAHAGI

8 **Notebook ng Kumperensya ng Oktubre 2017**

11 **Paglilingkod sa Simbahan: Ang Ma-release ay Isang Simula, Hindi Isang Katapusan**
Ni Richard M. Romney

12 **Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas: Ano ang Magagawa Ko Upang Makapagturo nang Higit na Katulad ng Tagapagligtas?**
Ni Tad R. Callister

16 **Sa Pulpito: Inihayag Ito ng Diyos sa Akin**
Ni Rachel H. Leatham

38 **Mga Larawan ng Pananampalataya: Feinga Fanguna**

40 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Saklaw Ng Ebanghelyo Ang Lahat Ng Katotohanan**
Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf



SA PABALAT
Paglalarawan ni Joshua Dennis.

MGA YOUNG ADULT

44 "Tayo'y Ililigtas Niya"
Ni Reid Tateoka
Pagkatapos ng matinding lindol sa Japan, nadama ng mga missionary na iniligtas sila ng pangangalaga at paggabay ng Panginoon.

48 Ang Aking Misyon sa Aking mga Pamilya
Ni Andrea Gómez Lagunes
Akala ko ang misyon ko ay magwawakas na pagkatapos ng aking operasyon, ngunit pinayagan pa rin akong manatili. Ngayon kailangan kong malaman kung bakit.

Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Anong mga talento ang maaari mong ibahagi sa iba?

MGA KABATAAN

50 Jesucristo: Ang Pinagmumulan ng Ating Kapayapaan
Ni Elder M. Russell Ballard
Ang mundo ay maaaring magbigay ng pansamantalang kaligayahan, ngunit si Jesucristo ay nagbibigay ng walang hanggang kapayapaan.

54 Kapayapaan sa Mundo vs. Kapayapaan kay Cristo
Ni Sarah Hanson

56 Hindi Mo Mapatitigil Kung Ano ang Nasa Aking Puso
Ni Blossom Larynoh
Noong naging labag sa batas sa Ghana ang pagpunta sa Simbahang LDS, alam kong kailangang maging malakas ang aking patotoo.

58 Paano Ko Pinalalalim ang Aking Kaugnayan sa Diyos
Ni Elder Massimo De Feo

60 Pagpapaubaya ng Aking mga Alalahanin sa Diyos
Ni Ninoska Nawrath
Noong dinala sa ospital ang aking kaibigan dahil sa malalang depresyon, talagang nag-alala ako. Ano ang maitutulong ko?

62 Poster: Buhay na Walang Hanggan

63 Taludtod sa Taludtod: 1 Nephi 3:7

64 Mga Tanong at mga Sagot
Paano ko masasabi sa aking mga kaibigan na huwag magsalita nang nakasasakit o hindi naaangkop tungkol sa iba?

MGA BATA

66 Pagtatanggol sa Simbahan
Nina Tracie Carter at Maryssa Dennis
Gusto ni Easton at ng kanyang bagong kaibigang si GianMarco na turuan ang kanilang klase tungkol sa Simbahan!

68 Paliwanagin ang Inyong Ilaw: Pagbabahagi ng mga Handog
Ni Marissa Widdison

70 Ang Plano ng Kaligayahan
Ang kukulayang booklet na ito ay tutulong sa iyo na matutuhan ang tungkol sa plano ng Ama sa Langit!

72 Ang mga Apostol ay Nagpapatotoo tungkol kay Cristo
Ni Elder Dallin H. Oaks

73 Subok lang ng Subok!
Ni Elder Peter F. Meurs
Kahit nakakatakot, ang pagbabahagi ng iyong mga talento at patotoo ay tutulong sa iba na maging masaya.

74 Mga Quote Card sa Kumperensya

75 Ang Ating Pahina

76 Mga Kuwento sa mga Banal na Kasulatan: Adan at Eva
Ni Kim Webb Reid

79 Pahinang Kukulayan

PEBRERO 2018 TOMO 21 BLG. 2
LIAHONA 14748 893

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

Ang Unang Panguluhan: Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

Ang Korum ng Labindalawang Apostol: Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund

Patnugot: Hugo E. Martinez
Mga Assistant na Patnugot: Randall K. Bennett, Carol F. McConkie
Mga Tagapayo: Brian K. Ashton, Bonnie H. Cordon, LeGrand R. Curtis Jr., Edward Dube, Sharon Eubank, Donald L. Hallstrom, Douglas D. Holmes, Erich W. Kopischke

Namamahalang Direktor: Richard I. Heaton
Direktor ng mga Magasin ng Simbahan: Allan R. Loyborg
Business Manager: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: Adam C. Olson
Assistant na Namamahalang Patnugot: Ryan Carr
Publications Assistant: Francisca Olson
Writing at Editing Team: Maryssa Dennis, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Jon Ryan Jensen, Charlotte Larcabal, Michael R. Morris, Eric B. Murdock, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy Anne Selu, Marissa Widdison

Namamahalang Direktor sa Sining: J. Scott Knudsen
Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson
Disenyo: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie Bentley, C. Kimball Bott, Thomas Child, David Green, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Emily Chieko Remington, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

Intellectual Property Coordinator: Collette Nebeker Aune
Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters
Production Team: Ira Glen Adair, Julie Burdett, Thomas G. Cronin, Bryan W. Gygi, Ginny J. Nilson, Derek Richardson
Bago Ilimbag: Joshua Dennis, Ammon Harris

Direktor sa Paglilimbag: Steven T. Lewis
Direktor sa Pamamahagi: Troy R. Barker

Pagsasalin: Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2018 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Impormasyon tungkol sa karapatang-sipi: Maliban kung iba ang nakasaad, maaaring kumopya ng materyal ang mga indibiduwal mula sa *Liahona* para sa personal at di-pangkalakal na gamit (pati na para sa mga calling sa Simbahan). Ang karapatang ito ay maaaring bawiin anumang oras. Ang visual material ay hindi maaaring kopyahin kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Ang mga tanong tungkol sa karapatang-sipi ay dapat ipadala sa Intellectual Property Office, 50 E. North Temple St., FL 13, Salt Lake City, UT 84150, USA; email: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

For Readers in the United States and Canada: February 2018 Vol. 21 No. 2. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 507.1.5.2). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

MARAMI PANG IBA ONLINE

Basahin ang mga artikulo at isumite ang sarili mong artikulo sa **liahona.lds.org.**

Maghanap ng nagbibigay-inspirasyon at maibabahaging mga mensahe (sa English, Portuguese, at Spanish) sa **facebook.com/liahona.**

Magpadala ng feedback sa **liahona@ldschurch.org.**

Mag-subscribe sa **store.lds.org.** O bumisita sa isang distribution center, magtanong sa mga lider ng ward, o tumawag sa 1-800-537-5971 (U.S. at Canada)

MGA ICON MULA SA GETTY IMAGES

MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.

Adan at Eva, *76*
Aklat ni Mormon, *75*
Ama sa Langit, *58, 62, 70*
Binyag, *75*
Calling sa Simbahan, mga, *11, 12, 58*
Depresyon, *54, 60*
Family history, *43, 48*
Gawaing misyonero, *44, 48, 56, 66*
Home teaching, *40*
Jesucristo, *4, 12, 18, 50, 54, 58, 62, 70, 72*
Joseph Smith, *32*
Kalayaang pangrelihiyon, *24*
Kapayapaan, *24, 50, 54, 60*
Kasaysayan ng Simbahan, *30, 32*
Katotohanan, *80*
Pag-aaral ng banal na kasulatan, *43*
Paghihirap, *44, 48, 54, 56, 60*
Pag-ibig sa kapwa-tao, *7*
Pagkakaibigan, *7, 41, 60, 64, 66*
Paglilingkod, *7, 11, 42, 68*
Pagpapakumbaba, *12*
Pagsisisi, *4, 50*
Pagsunod, *16, 63, 79*
Pagtuturo, *12*
Pamilya, mag-anak, *10, 48, 75*
Pangkalahatang kumperensya, *74*
Patotoo, *16, 18, 56, 66, 73*
Patriarchal blessing, mga, *38*
Plano ng kaligtasan, *70*
Sakramento, *4, 58*
Talento, mga, *38, 68, 73*
Templo, mga, *75*
Wika, *64*

Ni Pangulong Henry B. Eyring
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

LAGI SIYANG ALALAHANIN

Maaari ba nating ilarawan sa ating isipan ang propetang si Moroni na inuukit ang mga huling salita ng Aklat ni Mormon sa mga laminang ginto? Nag-iisa siya noon. Nakita niya ang pagbagsak ng kanyang bansa, ng kanyang mga tao, at ng kanyang pamilya. Ang lupain ay "isang patuloy na pag-inog" ng digmaan (Mormon 8:8). Gayunpaman, siya ay puno ng pag-asa, dahil nakita niya ang ating panahon! At sa lahat ng maaari niyang isulat, inanyayahan niya tayo na *makaalala* (tingnan sa Moroni 10:3).

Madalas ituro ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985) na maaaring ang pinakamalahagang salita sa diksyunaryo ay *tandaan o alalahanin.* Dahil nakipagtipan tayo sa Diyos, sinabi niya,"ang pinakakailangan natin ay ang tandaan o alalahanin" ang mga ito.[1]

Matatagpuan ninyo ang salitang *tandaan, pakatandaan, o alalahanin* sa buong banal na kasulatan. Kapag pinapayuhan ni Nephi ang kanyang mga kapatid, palagi niya silang inaanyayahan na alalahanin ang mga salita ng Panginoon at alalahanin kung paano iniligtas ng Diyos ang kanilang mga ninuno (tingnan sa 1 Nephi 15:11, 25; 17:40).

Sa kanyang dakilang mensahe ng pamamaalam, ginamit ni Haring Benjamin ang mga salitang *pakatandaan* nang limang beses at ang salitang tandaan nang dalawang beses. Umasa siya na pakatatandaan ng kanyang mga tao "ang kadakilaan ng Diyos . . . at ang kanyang kabutihan, at mahabang pagtitiis" sa kanila (Mosias 4:11; tingnan din sa 2:41; 4:28, 30; 5:11–12).

Nang pasimulan ng Tagapagligtas ang sakramento, inanyayahan Niya ang Kanyang mga disipulo na makibahagi sa sagisag [ng sakramento] bilang "pag-aalaala" sa Kanyang sakripisyo (Lucas 22:19). Sa bawat panalangin sa sakramento na naririnig natin, ang salitang *lagi* ay sinusundan ng salitang *alalahanin* (tingnan sa D at T 20:77, 79).

Ang aking mensahe ay isang paanyaya, maging isang pagsamo, na makaalala. Narito ang tatlong mungkahi kung ano ang maaari ninyong alalahanin tuwing linggo kapag nakikibahagi kayo sa mga sagradong sagisag ng sakramento. Nawa'y makatulong ang mga ito sa inyo, gaya ng nagawa nito sa akin.

Alalahanin si Jesucristo

Una, alalahanin ang Tagapagligtas. Alalahanin kung sino Siya noong naririto pa Siya sa lupa, kung paano Niya kinausap ang mga tao, at kung paano Niya ipinakita ang Kanyang kabaitan. Alalahanin kung kanino Niya ginugol ang Kanyang oras at kung ano ang itinuro Niya. Ang Tagapagligtas ay "naglilibot na gumagawa ng mabuti" (Mga Gawa 10:38). Dinalaw Niya ang mga maysakit. Tapat Siya sa pagsasakatuparan ng kalooban ng Kanyang Ama.

Higit sa lahat, maaari nating alalahanin ang dakilang sakripisyong ginawa Niya, dahil sa Kanyang pagmamahal sa atin, para maalis ang dungis ng ating mga kasalanan. Kapag inaalala natin Siya, titindi ang ating hangarin na tularan Siya. Nanaisin natin na maging mas mabait, mas mapagpatawad, at mas nanaisin nating alamin ang kalooban ng Diyos at gawin ito.

Alalahanin Kung Ano ang Kailangan Ninyong Pagbutihin

Mahirap isipin ang Tagapagligtas—ang Kanyang kadalisayan at kasakdalan—nang hindi rin natin naiisip ang marami nating kapintasan at kakulangan kung ikukumpara sa Kanya. Nakipagtipan tayo na susundin ang Kanyang mga kautusan, ngunit madalas tayong nabibigo na maabot ang pamantayang ito. Ngunit alam ng Tagapagligtas na mangyayari ito, kaya nga ibinigay Niya sa atin ang ordenansa ng sakramento.

Ang sakramento ay nag-ugat sa pag-aalay ng mga hain sa panahon ng Lumang Tipan, na kinabibilangan ng pagtatapat ng kasalanan (tingnan sa Levitico 5:5). Hindi na tayo nag-hahain ng mga hayop, ngunit maaari pa rin naman nating talikuran ang ating mga kasalanan. Ito ay tinatawag sa mga banal na kasulatan na paghahain ng "isang bagbag na puso at nagsisising espiritu" (3 Nephi 9:20). Makibahagi sa sakramento nang may nagsisising puso (tingnan sa D at T 59:12;

Moroni 6:2). Kapag ginawa ninyo ito, makatatanggap kayo ng kapatawaran sa inyong mga kasalanan at hindi kayo malilihis ng landas pabalik sa Diyos.

Alalahanin Ang Pag-unlad na Natatamo Ninyo

Samantalang sinusuri ninyo ang inyong buhay habang isinasagawa ang ordenansa ng sakramento, nawa'y hindi lamang nakatuon ang inyong isipan sa mga nagawa ninyong mali, kundi sa mga nagawa rin ninyong tama—mga sandaling nadama ninyo na natutuwa sa inyo ang Ama sa Langit at ang Tagapagligtas. Maaari kayong maglaan ng ilang sandali sa oras ng sakramento para hilingin sa Diyos na tulungan kayong makita ang mga ito. Kapag ginawa ninyo ito, ipinapangako ko na may madarama kayo. Makadarama kayo ng pag-asa.

Kapag ginagawa ko ito, muling tinitiyak sa akin ng Espiritu na kahit malayo pa ako sa pagiging perpekto, mas mabuti ako ngayon kaysa kahapon. At binibigyan ako nito ng kumpiyansa na, dahil sa Tagapagligtas, maaari pa akong mas bumuti bukas.

Ang *lagi* ay napakahabang panahon, at nagpapahiwatig ito ng matinding pagsisikap. Naranasan na ninyo kung gaano kahirap isaisip ang isang bagay sa lahat ng oras. Ngunit gaano man ninyo tinutupad ang inyong pangako na aalalahanin Siya lagi, palagi Niya kayong inaalala.

Alam ng Tagapagligtas ang kinakaharap ninyong mga hamon. Alam Niya kung ano ang pakiramdam ng pagpasan sa mga alalahanin ng buhay na nagpapalugmok sa inyo. Alam Niya na kailangang-kailangan ninyo ang mga pagpapalang dala ng pag-alaala at pagsunod sa Kanya—"nang sa *tuwina* ay [mapasa-inyo] ang kanyang Espiritu upang makasama [ninyo]" (D at T 20:77; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Kaya nga, malugod Niya kayong tinatanggap sa sakramento bawat linggo, at muling ibinibigay sa inyo ang pagkakataong patunayan sa Kanya na lagi ninyo Siyang aalalahanin. ■

TALA

1. Spencer W. Kimball, "Circles of Exaltation" (mensahe sa Church Educational System religious educators, Hunyo 28, 1968), 5.

PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Maaaring maging abala tayo sa ating buhay kung kaya't nahihirapan tayo na laging alalahanin ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Gayunpaman, ang sakramento ay nagbibigay ng isang espesyal na pagkakataon bawat linggo kung saan maaari nating pag-isipan ang Kanyang buhay at mga turo. Kasama ang mga tinuturuan ninyo sa home teaching, isipin kung paano ninyo ginagamit ang mga tahimik na sandaling iyon, at pag-usapan kung paano kayo mas makapagtutuon sa Tagapagligtas. Paano ninyo magagamit ang mga sandaling iyon upang mapag-isipan ang mga bagay na mas mapagbubuti ninyo? Ano ang halaga ng pag-alaala sa pag-unlad na natatamo ninyo tuwing linggo?

"[Alalahanin] kung paano naging maawain ang Panginoon" (Moroni 10:3).

MGA KABATAAN

Tatlong Bagay na Aalalahanin

Ang salitang *alalahanin, tandaan at pakatandaan* ay makikita nang maraming beses sa Aklat ni Mormon. Hinikayat ni Nephi ang kanyang mga kapatid na alalahanin kung paano iniligtas ng Diyos ang kanilang mga ninuno. Hiniling ni Haring Benjamin sa kanyang mga tao na pakatandaan ang kadakilaan ng Diyos. At nagtagubilin si Moroni sa kanyang mga mambabasa na alalahanin kung gaano kamaawain ang Panginoon.

Mahalagang alalahanin ang Tagapagligtas—nakikipagtipan pa nga tayo na aalalahanin Siya sa tuwing tumatanggap tayo ng sakramento. Inaanyayahan tayo ni Pangulong Eyring na tandaan ang tatlong bagay na ito sa oras ng sakramento:

1. **Alalahanin si Jesucristo:** Magbasa ng mga banal na kasulatan tungkol sa paglilingkod at pagmamahal ng Tagapagligtas sa ibang tao. Paano mo nadarama ang Kanyang pagmamahal? Paano mo paglilingkuran at mamahalin ang ibang tao na katulad ng ginawa ng Tagapagligtas?
2. **Alalahanin kung ano ang kailangan mong pagbutihin:** Pag-isipan ang mga ginawa mo nitong nakaraang linggo nang may pusong nagsisisi. Pumili ng isang bagay na babaguhin mo, at isulat kung paano mo ito gagawin. Ilagay ang iyong mithiin sa lugar na madalas mo itong makikita.
3. **Alalahanin ang pag-unlad na natatamo mo:** Hilingin sa Diyos na tulungan kang makita ang mabuting pag-unlad na nagawa mo. Itala ang iyong nadarama.

Hindi tayo perpekto, at alam iyan ng Tagapagligtas. Kaya nga iniuutos Niya sa atin na alalahanin Siya. Ang pag-alaala sa Kanya ay nagbibigay sa atin ng pag-asa at tinutulungan tayo nito na magkaroon ng pagnanais na mas bumuti pa. Kahit sa mga pagkakataong nalilimutan natin Siya, sinabi ni Pangulong Eyring, "palagi Niya kayong inaalala."

MGA BATA

Pag-alaala kay Jesus

Itinuturo ng mga Banal na Kasulatan na dapat natin laging alalahanin si Jesucristo. Ibig sabihin nito ay dapat natin Siyang isaisip *sa tuwina* at sundin ang Kanyang halimbawa!

Maaaring mong bakatin at kulayan sa isang papel ang larawang ito ni Jesus upang matulungan kang lagi Siyang maalaala. Ilagay ito sa lugar kung saan madalas mo itong makikita.

"At kung lagi ninyo akong aalalahanin ang aking Espiritu ay mapapasainyo" (3 Nephi 18:7).

PAGLALARAWAN NI BRYAN BEACH © 2015 NG INTELLECTUAL RESERVE, INC. LAHAT NG KARAPATAN AY NAKALAAN

Kilalanin Siya at ang Kanyang Pamilya

Ang visiting teaching ay tungkol sa taos-pusong pagkilala at pagmamahal sa bawat sister upang matulungan nating lumakas ang kanyang pananampalataya at mapaglingkuran siya.

Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan

Si Rita Jepperson at ang kanyang visiting teacher ay naging mabuting magkaibigan dahil sa nagkakausap sila at nagtatalakayan tungkol sa ebanghelyo. Bahagi rin ng pagkikita nila ang paglalaro ng mga word game, na makakatulong kay Rita na mapanatiling matalas ang kanyang isip na nagkakaedad na. Dahil nalaman ng kanyang visiting teacher kung ano ang mga pangangailangan at nagpapasaya kay Rita, pareho nilang inaasam ang susunod na pagdalaw. Maraming maaaring gawin ang mga sister sa pagbisita nila, tulad ng paglalakad-lakad, o pagtulong sa kapwa sister sa kanyang mga gawain.

Si Lucy Mack Smith, ina ng Propetang Joseph Smith ay nag-hayag ng kanyang mga saloobin noong 1842 kung ano ang dapat na maramdaman sa bawat isa ng mga Banal sa mga Huling Araw na kababaihan sa katatatag lamang na Relief Society. Sinabi niya, "kailangan nating pakamahalin ang isa't-isa, aliwin ang isa't-isa at maturuan, upang makaupo tayo nang magkasama sa langit".[1] Ito ay totoo pa rin ngayon.

Sinabi ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, "[Tingnan] ninyo ang inyong sarili bilang mga sugo ng Panginoon sa Kanyang mga anak. . . . Umaasa kami na magagawa ninyong maipadama ang tunay na malasakit sa mga miyembro, nangangalaga at nagaalala sa isa't isa, tinutugon ang mga espirituwal at temporal na pangangailangan sa anumang paraan na makatutulong."[2]

Sa pamamagitan ni Moises, iniutos ng Panginoon sa mga anak ni Israel na "ang taga ibang bayan na nakikipamayan na kasama ninyo, ay inyong aariing tubo sa lupain, at iibigin ninyo [siya] na gaya ng sa inyong sarili" (Levitico 19:34). Ang mga sister na binibisita at tinuturuan natin ay maaaring mga "taga ibang bayan," sa pagsisimula ng ating paglilingkod ngunit kapag nakilala natin siya at ang kanyang pamilya, mag-iibayo ang ating pagnanais na "magpasan ng pasanin ng isa't isa, nang ang mga yaon ay gumaan" at ang ating "mga puso ay magkakasama sa pagkakaisa at sa pag-ibig sa isa't isa" (Mosias 18:8, 21).

MGA TALA

1. Lucy Mack Smith, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 30.
2. Jeffrey R. Holland, "Mga Sugo sa Simbahan," *Liahona,* Nob. 2016, 62.

Isipin Ito

Sa pamilya ng mga sister na naka-assign sa inyo sa visiting teaching, anong parating na mga kaganapan ang dapat ninyong malaman at maalala?

Paglilingkod

Imbis na makapaghatid ng particular na mensahe, ang pahinang ito ay magtatampok ng iba't-ibang alituntunin bawat buwan upang matulungan tayong mangaral sa bawat isa nang mas mabisa. Habang nananalangin ka at naghahangad ng inspirasyon, malalaman mo ang espirituwal na mensahe at pagtulong na kinakailangan ng bawat sister.

NOTEBOOK NG KUMPERENSYA NG OKTUBRE 2017

"Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa" (D at T 1:38).

Habang nirerebyu ninyo ang pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2017, magagamit ninyo ang mga pahinang ito (at ang mga Notebook ng Kumperensya sa darating na mga isyu) upang tulungan kayong pag-aralan at ipamuhay ang mga itinuro kamakailan ng mga buhay na propeta at apostol at ng iba pang mga pinuno ng Simbahan.

TAMPOK NA DOKTRINA

Ang Sumpa at Tipan ng Priesthood

"Ang isang maytaglay ng Melchizedek Priesthood ay nakikipagtipan na tutuparin ang mga responsibilidad na kaakibat ng Aaronic Priesthood at gagampanan ang kanyang tungkulin sa Melchizedek Priesthood. . . .

"Bilang kapalit, nangako ang Diyos na tatanggap ang isang maytaglay ng Melchizedek Priesthood ng mga susi upang maunawaan ang mga hiwaga ng Diyos. Siya ay magiging perpekto upang makatayo siya sa harapan ng Diyos. Magagawa niya ang kanyang tungkulin sa gawain ng kaligtasan. Ihahanda ni Jesucristo ang daan para sa maytaglay ng priesthood at sasamahan siya. Ang Espiritu Santo ay mapapasapuso ng maytaglay ng priesthood, at dadalhin siya ng mga anghel. Ang kanyang katawan ay mapalalakas at mapasisigla. Siya ay magiging tagapagmana sa mga pagpapala ni Abraham at, kasama ang kanyang asawa, kasamang-tagapagmana ni Jesucristo sa kaharian ng Ama sa Langit. Ang mga ito ay 'mahahalaga at napakadakilang pangako' [II Ni Pedro 1:4]. Wala nang maiisip pang mas dakilang mga pagpapala."

Elder Dale G. Renlund ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang Priesthood at ang Nagbabayad-salang Kapangyarihan ng Tagapagligtas," *Liahona,* Nob. 2017, 65–66.

DINADAIG NG PANANAMPALATAYA ANG TAKOT

"Dahil may pananampalataya at katapangan na tayo sa ating mga puso, marami pang inaasahan sa atin ang Panginoon—at sa mga henerasyong susunod sa atin. Kailangan nilang maging mas malakas at mas matapang sapagkat mas marami at mas mahirap ang kanilang mga gagawin kaysa sa nagawa natin. At haharapin nila ang mas matinding oposisyon mula sa kaaway ng ating mga kaluluwa. . . .

"Pinatototohanan ko na ang Panginoon ay magpapauna sa inyong harapan sa tuwing kayo ay nasa Kanyang paglilingkod. Kung minsan kayo ang anghel na isinusugo ng Panginoon upang tulungan ang iba. Kung minsan kayo ang paliligiran ng mga anghel na tutulong sa inyo. Ngunit laging mapapasainyong puso ang Kanyang Espiritu, tulad nang ipinangako sa inyo sa bawat sacrament meeting. Kailangan lamang ninyong sundin ang Kanyang mga kautusan.

"Ang pinakamaiinam na araw ay darating para sa kaharian ng Diyos sa lupa. Ang oposisyon ay magpapalakas sa ating pananampalataya kay Jesucristo, tulad ng ginawa nito sa simula pa noong panahon ni Propetang Joseph Smith. Laging dinadaig ng pananampalataya ang takot. Ang pagtutulungan ay nagbubunga ng pagkakaisa. At ang mga panalangin ninyo para sa mga nangangailangan ay dinidinig at sinasagot ng isang mapagmahal na Diyos. Hindi Siya umiidlip at hindi Siya natutulog."

Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Huwag Matakot na Gumawa ng Mabuti," *Liahona,* Nob. 2017, 103.



PAGLILINGKOD SA MGA NASA PALIGID NATIN

"Naniniwala ako na karamihan sa mga miyembro ay itinuturing ang paglilingkod bilang mahalagang bahagi ng kanilang mga tipan at pagkadisipulo. Ngunit naisip ko rin na kung minsan mas madaling hindi pansinin ang pinakamagagandang pagkakataon na makapaglingkod sa iba dahil sa kaabalahan natin o dahil naghahanap tayo ng malalaking paraan upang mabago ang mundo at hindi natin nakikita na ang ilan sa pinakamahalagang mga pangangailangan na matutugunan natin ay ang pangangailangan ng sarili nating pamilya, mga kaibigan, ward, at komunidad. Nalulungkot tayo kapag nakikita natin ang pagdurusa at matinding mga pangangailangan ng mga nasa kabilang panig ng mundo, ngunit maaaring hindi natin nakikita ang isang tao na katabi natin sa klase na nangangailangan ng ating pakikipagkaibigan. . . .

". . . Maaaring inilagay ng Ama sa Langit ang mga taong nangangailangan sa atin na pinakamalapit sa atin, dahil alam Niya na tayo ang higit na makatutugon sa kanilang mga pangangailangan."

Bonnie L. Oscarson, Young Women General President, "Ang mga Pangangailangan na Nasa Ating Harapan," *Liahona,* Nob. 2017, 25–26.



"Kailan at paano dumarating ang inspirasyon para sa mensahe sa pangkalahatang kumperensya?

"Nang walang nakaatas na mga paksa, nakikita namin ang pag-uugnay ng langit sa mga paksa at tema ng mga walang-hanggang katotohanan tuwing kumperensya."

Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang Tinig ng Panginoon," *Liahona,* Nob. 2017, 123.

KASAKDALAN: ISANG KALOOB NG BIYAYA

"Naniniwala ako sa . . . kasakdalan [ng Diyos], at alam ko na tayo ay mga espirituwal na anak Niya na may banal na potensyal na maging katulad Niya. Alam ko rin na, bilang mga anak ng Diyos, hindi natin dapat ibinababa at minamaliit ang ating sarili, na para bang ang pagpaparusa sa ating sarili ay hahantong sa taong nais ng Diyos na kahinatnan natin. Hindi! Sa pamamagitan ng taos-pusong pagsisisi at hangaring pag-ibayuhin ang kabutihan sa ating puso, umaasa ako na makakamtan natin ang pag-unlad sa paraang hindi kasama ang pagkakaroon ng ulcer o anorexia, depresyon o ang pagmamaliit sa ating sarili. . . .

" 'Oo, lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya . . . ,' paghikayat ni Moroni. 'Ibigin ang Diyos nang buo ninyong kakayahan, pag-iisip at lakas, kung magkagayon . . . *sa pamamagitan ng kanyang biyaya kayo ay ma[gi]ging ganap kay Cristo*' [Moroni 10:32; idinagdag ang pagbibigay-diin]. Ang tanging pag-asa natin upang tunay na maging sakdal ay tanggapin ito bilang kaloob ng langit. Hindi natin ito 'matatamo sa sariling sikap'. Kaya nga, ang biyaya ni Cristo ay hindi lamang nag-aalok sa atin ng kaligtasan mula sa kalungkutan at kasalanan at kamatayan kundi maging ng kaligtasan mula sa ating patuloy na panlalait sa sarili."

Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Kayo Nga'y Mangagpakasakdal—Sa Wakas," *Liahona,* Nob. 2017, 40, 41.

MGA SAGOT PARA SA INYO

Paano Natin Maisasama ang Tagapagligtas sa Ating Buhay?

"Ang ibig sabihin ng [pagtanggap ng sakramento] ay alisin ang anumang bagay sa ating buhay na hindi naaayon sa pagkatao na katulad ng kay Cristo at taglayin natin ang mga katangian Niya. Ito ang mas malawak na kahulugan ng pagsisisi: hindi lamang pagtalikod sa nagawang kasalanan noon kundi '[pagtu]tuon [ng] puso at kalooban sa Diyos' [Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Pagsisisi"] tungo sa pag-unlad."

Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang Tinapay na Buhay na Bumabang Galing sa Langit," *Liahona,* Nob. 2017, 39.



ABRIL 2017 HAMON SA AKLAT NI MORMON

"Mula noong magbigay ng paanyaya si Pangulong Monson [na pag-aralan at pagnilayan ang Aklat ni Mormon], sinikap kong sundin ang kanyang payo. Kabilang sa maraming bagay, gumawa ako ng listahan kung ano *ang* Aklat ni Mormon, ano ang *pinagtitibay* nito, ano ang *pinabubulaanan* nito, ano ang *isinasakatuparan* nito, ano ang *nililinaw* nito, at ano ang *inihahayag* nito. Kapag pinag-aralan natin ang Aklat ni Mormon sa gayong paraan marami tayong matututuhan at mahihikayat tayong ipamuhay ito! Hinihikayat kong gawin din ninyo ito. [Tingnan ang katapusan ng mensahe ni Pangulong Nelson para sa mga listahang inipon niya.] . . .

"[Isipin ang mga tanong na ito:] Una, ano kaya ang magiging buhay ninyo kung *wala* ang Aklat ni Mormon? Pangalawa, ano ang *hindi ninyo malalaman*? At pangatlo, ano ang *hindi mapapasainyo*? . . .

"Alam ko na si Pangulong Thomas S. Monson ang propeta ng Diyos sa lupa ngayon. Mahal ko siya at sinasang-ayunan siya nang buong puso ko."

Pangulong Russell M. Nelson, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Ang Aklat ni Mormon: Ano Kaya ang Buhay Ninyo Kung Wala Ito?" *Liahona,* Nob. 2017, 61, 63.

ANG MA-RELEASE AY ISANG SIMULA, HINDI ISANG KATAPUSAN

Ni Richard M. Romney
Mga Magasin ng Simbahan

Hindi tayo umaakyat o bumababa sa puwesto sa Simbahan. Tayo ay magkakasama sa pagsulong.

Kamakailan, ang isa kong kaibigan ay na-release bilang bishop ng kanyang ward. Pagkaraan ng ilang araw, dahil alam niyang naglingkod din ako bilang bishop, hiniling niya na makausap ako.

"Normal ba itong nararamdaman ko?" tanong niya.

"Ano bang nararamdaman mo?"

"Pakiramdam ko, nag-iisa ako. Naging bahagi ako ng buhay ng maraming tao, at ngayon sa isang iglap, tapos na ang lahat. Mararamdaman ko pa bang bahagi ako ng buhay ng iba?"

Ang tanong niya ay nagpaalala sa akin noong panahong na-release din ako. Naalala ko na ganoon din ang pakiramdam ko. Hinahanap-hanap ko ang pagtulong ko sa mga tao na mas mapalapit sila sa Tagapagligtas at sa kanilang Ama sa Langit. Hinahanap-hanap ko ang paghihikayat sa kanila na maghangad at sundin ang inspirasyon ng Espiritu Santo. Ang pagkakataong makapaglingkod bilang bishop ay isang napakagandang pagpapala, at ngayon ay wala na ito.

Ngunit nawala nga bang talaga? Sa paglipas ng panahon, napagtanto ko na ang pagpapalang hatid ng paglilingkod ay hindi nawawala. Ang mga pagkakataong ito ay palaging nariyan. Bilang mga disipulo ni Jesucristo, hindi ba dapat *lagi* natin Siyang aalalahanin? (tingnan sa D at T 20:77, 79). Hindi ba dapat *lagi* nating tutulungan ang iba na mapalapit sa Tagapagligtas at sa kanilang Ama sa Langit? Hindi ba dapat *lagi* nating tutulungan ang iba, lalo na ang ating asawa at kapamilya, na maghangad at sundin ang inspirasyon ng Espiritu Santo?

Naalala ko ang mga salitang ito ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Hindi tayo 'bumababa sa puwesto' kapag ini-release tayo, at hindi tayo 'umaakyat sa puwesto' kapag tinawag tayo. Walang 'pagtaas o pagbaba' sa paglilingkod sa Panginoon. Mayroon lamang 'pasulong o paurong,' at iyan ay depende sa kung paano natin tanggapin at tugunan ang pag-release at pagtawag sa atin. Minsan ay pinamunuan ko ang pag-release sa isang batang stake president na tapat na naglingkod nang siyam na taon at ngayon ay masaya sa pag-release sa kanya at sa bagong tungkulin na natanggap nilang mag-asawa. Tinawag silang maging mga nursery leader sa kanilang ward. Tanging sa Simbahang ito itinuturing na parehong karangalan iyan!"[1]

Habang nag-uusap kami ng kaibigan ko, napagtanto namin na ang paglilingkod ay hindi nagtatapos sa pagka-release mula sa anumang tungkulin. Para sa mga sumusunod kay Cristo, ang paglilingkod ay walang katapusan. Kalaunan ay tumanggap kami ng bagong tungkulin, at magsisimula muli kami dahil lahat tayo ay magkakasama sa pagsulong. ■

TALA

1. Dallin H. Oaks, "Ang mga Susi at Awtoridad ng Priesthood," *Liahona,* Mayo 2014, 49.

DETALYE MULA SA *SEEKING THE ONE,* NI LIZ LEMON SWINDLE, HINDI MAAARING KOPYAHIN

Ni Tad R. Callister
Sunday School
General President

ANO ANG MAGAGAWA KO UPANG MAKAPAGTURO NANG HIGIT NA KATULAD NG TAGAPAGLIGTAS?

Noong naglilingkod ako bilang mission president sa Toronto, Canada, isa sa mga assistant ko ang lumapit sa akin at nagtanong, "President, paano po ako magiging mas mahusay na missionary?" Ang unang isinagot ko sa kanya ay, "Mahusay ka naman." At totoo namang mahusay siya. Ngunit ipinilit pa rin niya ang kanyang tanong, kaya nag-isip-isip muna ako at saka nagbigay ng isang mungkahi. Nang may ngiti sa labi, positibo siyang tumugon dito.

Ibinahagi ko ang simpleng karanasang ito sa iba pang mga missionary. Hindi nagtagal, sa kanilang mga interbyu ang iba pang mga elder at sister ay nagtanong na rin, "President, paano po ako magiging mas mahusay na missionary?" Ang simpleng tanong na iyan mula sa isang missionary ay nagbigay sa buong mission ng hangarin na mas humusay pa.

Sa parehong paraan, ang mga guro ay makatatanggap ng nakatutulong na payo kung taos-puso nila itong itatanong sa Panginoon at sa kanilang mga lider: "Ano ang magagawa ko upang makapagturo nang higit na katulad ng Tagapagligtas?" Nangako ang Panginoon, "Maging mapagpakumbaba ka; at ang Panginoon mong Diyos ay aakayin ka sa kamay, at bibigyan ka ng kasagutan sa iyong mga panalangin" (D at T 112:10).

Buong Pusong Pagpapahalaga

Itinanong minsan kay J. B. Priestley, isang nobelista mula sa England, kung paano siya naging napakahusay na manunulat gayong wala ni isa man sa kanyang magagaling na kasamahan ang naging kasinghusay niya. Sagot niya, "Wala sa kakayahan ang aming pagkakaiba, kundi sa katotohanan na habang . . . sila . . . ay natutuwa lamang sa ideya ng [pagsusulat], ito naman ay buong puso kong pinahahalagahan!"[1]

Bilang mga guro, maaari nating itanong, "Kontento na ba tayo sa mga kakayahan natin ngayon sa pagtuturo, o buong puso ba nating pinahahalagahan ang pagtuturo na tulad ng Tagapagligtas?" Kung gayon, handa ba tayong isantabi ang lahat ng pagmamataas at hindi lamang maghintay ng mga tagubilin, bagkus ay maging aktibo sa paghahangad nito?

Pagpapakumbaba ang Susi

Marami tayong mahuhusay na guro sa Simbahang ito, ngunit ang totoo, kahit na ilang taon pa ang ating karanasan sa pagtuturo, kahit ano pa man ang ating natapos sa kolehiyo, o kahit gaano pa tayo kamahal ng ating mga estudyante, lahat tayo ay maaaring humusay pa at maging mas katulad ng Dalubhasang Guro, kung tayo ay mapagpakumbaba. Marahil ang tunay na katangian ng isang guro na tulad ni Cristo ay ang pagiging madaling turuan. Ang pagpapakumbaba ay isang katangian na nag-aanyaya sa Espiritu at nagpapaibayo sa ating hangarin na mas humusay pa.

Kung minsan, nakakausap ko ang mga Sunday School president na nalulungkot dahil isa o higit pa sa mga guro sa kanilang ward o branch ang nag-aakalang marami na silang alam o napakagaling na nila kaya hindi na nila kailangan ng dagdag na mga tagubilin, o dumalo sa mga teacher council meeting. Ikinalulungkot ko ito dahil hindi pa ako nakakilala ng isang guro na wala nang ihuhusay sa pagtuturo kahit bahagya.

Alam ko na kahit ang gurong may pinakamaraming alam ay dadalo sa teacher council meeting nang may mapagpakumbabang puso at matinding hangarin na matuto, ang gurong iyan *ay* tatanggap ng mga ideya at impresyon mula sa langit kung paano siya mas huhusay pa. Maraming teacher council meeting na ang nadaluhan ko at palagi akong lumilisan

na may napupulot na bagong ideya o nakadarama ako ng hangarin na pagbutihin pa ang isang kasanayan o katangian na kinakailangang pagigihin at paghusayin.

Ang Pangangailangang Pagbutihin ang mga Kasanayan sa Pagtuturo

Maaaring isipin ng ilan paminsan-minsan na ang mga kasanayan o pamamaraan sa pagtuturo ay mekanikal o sekular lamang na mga kasangkapan. Gayunpaman, kapag pinagbuti natin ang mga kasanayang ito, mapipili ng Espiritu mula sa iba't ibang opsiyon ang pinakamainam na makatutugon sa mga pangangailangan ng bawat etudyante. Sino ang mas produktibo, ang taong nagsisikap na putulin ang isang puno gamit ang kanyang lanseta, o ang tao ring iyon na gumagamit ng chain saw? Sa parehong sitwasyon, pareho lang ang lakas at katangian ng taong ito, ngunit mas produktibo ang huli dahil mas epektibo ang kasangkapang ginagamit niya. Ang mga kasanayan sa pagtuturo ay nagiging mga banal na kasangkapan sa mga kamay ng Espiritu.

Ang pagsasanay at pagpapraktis, dula-dulaan, pag-aaral, at pagmamasid ay makakatulong sa isang guro, anuman ang antas ng kanyang kasanayan, na mapagbuti ang mga kasanayang magagamit ng Espiritu—na tutulong sa atin na makapagturo nang higit na katulad ng Panginoon. Marami sa mga kasanayang ito ang maaaring mapagbuti sa mga teacher council meeting.

Maaari Tayong Hubugin at Bigyan ng Hugis ng Panginoon

Maaaring madama ng ilan na hindi talaga sila makapagtuturo na katulad ng Tagapagligtas—na ang gayong hangarin ay hindi abot ng kanilang mga kakayahan. Maaaring naisip ni Pedro na simpleng mangingisda lamang siya; ni Mateo, na isang hamak lamang siyang maniningil ng buwis. Subalit sa tulong ng Tagapagligtas, pareho silang naging magaling na lider at guro ng ebanghelyo.

Ang kakayahang ito ng Panginoon na hubugin at bigyan tayo ng hugis ay hindi nalalayo sa karanasan ni Michelangelo sa paglilok na itinuturing ng marami na pinakamagandang lilok ng kamay ng tao—*si David.*

Bago nagsimula ang proyekto ni Michelangelo, dalawang iba pang iskultor, sina Agostino di Duccio at Antonio Rossellino, ang naatasang kumpletuhin ang mga estatwa. Kapwa sila naharap sa iisang problema: tama lang ang taas at lapad ng marmol,

LARAWAN NI JUSTIN KUNZ

ngunit malaki ang depekto nito. Sinubukan na ni Di Duccio at pagkatapos ay ni Rossellino ang kanilang talento sa sining sa marmol na ito, ngunit walang nangyari. Sadyang napakaraming depekto ng marmol.[2] Sa huli, sumuko sila pareho. Nakita rin ni Michelangelo ang mga depektong ito, ngunit may nakita rin siyang higit pa roon. Nakita niya ang tila buhay, humihinga, at napakagandang anyo ni David na ngayon ay madalas magpamangha sa sinumang makakita rito sa unang pagkakataon.

Sa gayon ding paraan, ipinahayag ng Diyos na ang kabuuan ng Kanyang ebanghelyo ay "[ihahayag] ng mahihina at ng mga pangkaraniwang tao sa mga dulo ng daigdig" (D at T 1:23). Nakikita ng Diyos ang ating mga pagkukulang at pagkakamali, ngunit may nakikita rin Siyang higit pa roon. May kakayahan Siya hindi lamang na tulungan tayong madaig ang ating mga kahinaan kundi tulungan din tayong gawing kalakasan ang ating mga kahinaan (tingnan sa Eter 12:26–27). Matutulungan Niya tayong mas mapagbuti at mapahusay ang ating mga kasanayan sa pagtuturo at mga katangian upang makapagturo tayo nang higit na katulad ng Tagapagligtas.

Mga Paraan na Makapagtuturo Tayo nang Higit na Katulad ng Tagapagligtas

Ang mga sumusunod ay ilan sa mga pangunahing elementong kailangan nating pagsikapang lahat upang makapagturo nang higit na katulad ng Tagapagligtas:

- **Magturo sa pamamagitan ng Espiritu,** batid na ang Espiritu ang nagbibigay-buhay at liwanag sa ating mga lesson (tingnan sa D at T 43:15).
- **Magtuon sa doktrina,** na kinikilala na ang doktrinang itinuturo sa mga banal na kasulatan at ng mga buhay na propeta ay may likas na kapangyarihang baguhin ang mga buhay (tingnan sa Alma 31:5).
- **Maging masigasig na magaaral,** batid na ang ulirang guro ay isa ring ulirang mag-aaral (tingnan sa D at T 88:118).
- **Maghangad ng paghahayag,** batid na kasama sa bawat tungkuling magturo ang karapatang tumanggap ng paghahayag para magampanang mabuti ang tungkuling ito (tingnan sa D at T 42:61).
- **Magpakita ng pagmamahal** sa pamamagitan ng pag-alam sa pangalan ng bawat estudyante, pagdarasal para sa bawat isa sa kanila, pagmamalasakit sa bawat isa sa kanila (lalo na sa mga may espesyal na mga pangangailangan), at pagtulong sa makabuluhang paraan sa mga hindi nakakadalo (tingnan sa Moroni 7:47–48).

Isang Pagsusuri sa Sarili

Ibinigay ni Apostol Pablo ang payong ito: "Siyasatin ninyo ang inyong sarili, kung kayo'y nangasa pananampalataya" (II Mga Taga Corinto 13:5). Maaari natin itong ipahayag sa ibang pangungusap para basahin ng mga guro, "Siyasatin ninyo ang inyong sarili, kung kayo ba ay nagtuturo sa paraan ng Tagapagligtas o sa inyong paraan." Ang simula ng taon ay angkop na panahon para gawin ang gayong pagsusuri. Alinsunod dito, inaanyayahan kayong sagutin ang mga tanong sa pagsusuri sa sarili na nakalakip sa artikulong ito. Sa paggawa nito, tutulungan kayo ng Espiritu na malaman kung ano ang dapat ninyong pagtuunan para maging isang gurong higit na katulad ng Tagapagligtas, at kung paano ninyo makakamtan at mapagbubuti ang mga katangian at kasanayang kailangan para magawa ito. ■

MGA TALA

1. J. B. Priestley, *Rain Upon Godshill* (1939), 176.
2. Tingnan sa "Michelangelo's David," accademia.org/explore-museum/artworks/michelangelos-david.

Pagpapahusay Bilang Isang **Guro na Katulad ni Cristo:** Isang Pagsusuri sa Sarili

Isipin ang mga alituntunin ng epektibong pagtuturo sa ibaba. Sa mga aspeto na sa pakiramdam mo ay lalago ka, gamitin ang espasyong nakalaan para isulat ang nahihiwatigan mong gawin.

1. Dumadalo ako sa mga teacher council meeting nang may mapagpakumbabang hangarin na matuto at makibahagi (tingnan sa D at T 112:10).	
2. Palagi kong itinatala ang mga impresyon ng Espiritu upang makatulong sa akin bilang mag-aaral at guro (tingnan sa D at T 76:28).	
3. Sinisimulan ko ang paghahanda ng mga lesson ko isang linggo o mahigit pa bago ako magturo (tingnan sa D at T 88:118–119).	
4. Naibabalanse ko nang tama ang pagtuturo bilang guro at ang talakayan sa klase (tingnan sa D at T 88:122).	
5. Taimtim kong isinasamo na patnubayan ako ng Espiritu para maging kasangkapan ako sa mga kamay ng Diyos (tingnan sa D at T 42:14).	
6. Naglalaan ako ng oras para pagnilayan ang scripture block bago ko basahin ang lesson o iba pang mga materyal para maging mas malinaw ang paghahayag na maaari kong matanggap (tingnan sa D at T 42:61).	
7. Tinutulungan ko ang aking mga estudyante, lalo na ang mga kabataan, na hindi lamang matutuhan ang ebanghelyo kundi maging mga epektibo ring guro para maging mas mahuhusay silang mga missionary, lider, guro, at magulang (tingnan sa D at T 88:77).	
8. Ipinagdarasal ko ang aking mga estudyante, na binabanggit ang kanilang pangalan (tingnan sa Lucas 22:32).	
9. Tinutulungan ko ang aking mga estudyante na ayaw dumalo sa klase (tingnan sa Lucas 15:1–7).	
10. Ano ang pinakamabigat na hamon ko sa pagiging isang guro na katulad ni Cristo, at paano ko malalagpasan ang hamong iyon?	

Para sa mas malalim na pagsusuri, tingnan ang pagsusuri sa sarili sa pahina 37 ng *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas.*

INIHAYAG ITO NG DIYOS SA AKIN

Ni Rachel H. Leatham

Ang bagong seryeng ito ay nagtatampok sa buhay ng tapat na kababaihan at sa kanilang mga mensahe. Ito ay sinipi mula sa aklat na *At the Pulpit: 185 Years of Discourses by Latter-day Saint Women* (2017). Ang mga piling kabanata ay makukuha sa churchhistorianspress.org/at-the-pulpit.

Sa palagay ko, isa ako sa pinakamasasayang babae sa buong mundo, at ito ay dahil sa ebanghelyo, dahil alam kong totoo ang ebanghelyo. Alam ko na ang ating Diyos Ama, at ang Kanyang Anak na si Jesucristo, ay pumarito sa lupa at dinala at itinatag ang ebanghelyo at kinausap si Propetang Joseph Smith. . . .

Sa palagay ko, kung mabubuhay ako nang walang hanggan, hindi ko sapat na mapasasalamatan ang aking Ama sa Langit para sa mga biyayang dumating sa buhay ko, para sa pribilehiyong humayo sa mundo at maibahagi ang aking patotoo, na ipinaaalam sa lahat na ang ebanghelyo ay naipanumbalik na, na ipinagkaloob ni Cristo ang awtoridad sa Kanyang mga tagapaglingkod, at na may mga biyayang naghihintay sa mga makikinig at susunod sa mga salita ng katotohanan, buhay, at kaligtasan. . . .

Kung minsan naiisip ko na tayong mga kabataan ay hindi tunay na nauunawaan ang responsibilidad na nakaatang sa atin. Hindi natin palaging naiisip na ang mga namumuno sa atin ay matatanda na, at kapag wala na ang ating mga magulang, mapapasaatin ang responsibilidad na ipagpatuloy ang kanilang gawain; na tayo ang mga taong responsable sa Sion sa hinaharap. Ginagawa ba natin ang ating bahagi, at inihahanda ba natin ang ating sarili upang magawa natin ang gawain ng ating mga magulang?

. . . Masasabi ba natin sa iba ang mga pangakong ibinigay sa atin ng Diyos, kung susundin natin ang Kanyang mga kautusan? Pamilyar ba tayo sa sinaunang talaan ng mga nanirahan sa kontinenteng ito, ang Aklat ni Mormon? At pamilyar ba tayo sa mga dakilang katotohanang itinuturo nito at sa mga aklat na nagtuturo sa atin tungkol sa kariktan ng gawaing kinabibilangan natin ngayon? Nangangamba ako na hindi pa sapat ang pag-unawa natin sa mga alituntunin ng ebanghelyo at hindi pa tayo gaanong masigasig na siyang nararapat.[1]

Sa kanya na siyang binigyan ng marami ay marami ang hihingin, at alam ng bawat isa sa inyo kung gaano karami ang ibinigay sa atin, at kung gaano karami ang hihingin sa atin [tingnan sa Lucas 12:48; D at T 82:3]. Inihahanda ba natin ang ating mga sarili nang sa gayon ay hindi tayo mabigo? Mamuhay tayo ayon sa bawat salita na magmumula sa bibig ng Diyos [tingnan sa Deuteronomio 8:3; Mateo 4:4; D at T 84:44]. Mamuhay tayo sa paraan na nanaisin Niyang kilalanin tayo, at pagpalain tayo, at mahalin tayo.

TUNGKOL KAY SISTER LEATHAM

Si Rachel Hannah Leatham (1884–1979) ang naging pangalawang babae na napabilang sa opisyal na conference report ng Simbahan noong siya ay magsalita sa isang pangkalahatang kumperensya na ginanap sa labas ng tabernacle noong Abril 5, 1908.

Kabilang siya sa unang henerasyon ng mga hindi pa kasal na babae na naglingkod sa isang proselyting mission para sa Simbahan. Noong siya ay 22 anyos, inatasan siyang maglingkod sa Colorado Mission noong Setyembre 1906.

Nang makabalik siya sa Salt Lake City noong 1908, si Sister Leatham ay nagboluntaryo na maging tour guide sa Temple Square Bureau of Information. Ang opisinang ito ay nagbukas noong 1902 nang may layuning makapagbigay ng tamang impormasyon at mamahagi ng mga babasahin ng Simbahan sa mga bumibisita sa Temple Square.

Noong panahong ito, ang pangkalahatang kumperensya ay ginaganap sa loob ng Tabernacle sa Temple Square. Kapag puno na ang Tabernacle, ang mga nagsisidalo ay pinapupunta sa mga overflow meeting sa kalapit na Assembly Hall. Kapag napuno na ang Assembly Hall, ang mga tao ay nagtitipon sa mga damuhan malapit sa Bureau of Information Building, kung saan ginagawa ang mga overflow meeting ng kumperensya.

Ang mensaheng ito ay sipi mula sa mensahe na ibinigay ni Sister Leatham sa miting ng overflow ng pangkalahatang kumperensya noong Abril 5, 1908. Isinunod sa pamantayan ang pagbabantas at pagsulat ng malalaking titik.

. . . Nais kong sabihing muli na alam kong totoo ang ebanghelyo. Alam kong totoo ang ebanghelyo hindi dahil alam ito ni Itay, at hindi rin dahil palagi itong itinuturo sa akin ni Inay, kundi dahil inihayag ito ng Diyos sa akin. Ang Kanyang Espiritu ay nagpatotoo sa aking espiritu [tingnan sa Mga Taga Roma 8:16], at ang patotoong iyan ang pinakamahalagang kaloob na ibinigay ng Diyos sa akin.

Nawa'y pagpalain tayong lahat ng Diyos, ang aking dalangin sa pangalan ni Jesus, amen. ■

Sinipi mula kina Jennifer Reeder at Kate Holbrook, eds., At the Pulpit: 185 Years of Discourses of Latter-day Saint Women *(2017), 133-35.*

TALA

1. Ang mga buwanang liham ni Sister Leatham sa kanyang mission president ay nagpapakita ng kanyang kasipagan. Noong Pebrero 25, 1907, isinulat niya, "Sinikap kong gawin ang aking tungkulin at nakadama ako ng kasiyahan sa aking mga ginagawa" (Colorado Denver South Mission General Minutes, 166).

LARAWAN NI RACHEL LEATHAM SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY; FRAME MULA SA GETTY IMAGES

“Ano ang Sabi Ninyo Kung Sino Ako?”

ANG PATOTOO NI PEDRO KAY CRISTO

Ni Terry B. Ball
Propesor ng religious education, Brigham Young University

Si Apostol Pedro ay minamahal ng mga nagsisisampalataya—marahil dahil siya ay lubos na matapat at madali natin siyang maintindihan. Maiuugnay natin ang ating sarili sa kanya. Hinahangaan natin ang kanyang katapangan nang iwan niya ang lahat, at “pagdaka’y” iniwan ang kanyang mga lambat nang mag-anyaya ang Panginoon, “Magsisunod kayo sa hulihan ko, at gagawin ko kayong mga mamamalakaya ng mga tao” (Mateo 4:18–20). Nauunawaan natin na nalito siya sa kahulugan at mensahe ng mga talinghaga (tingnan sa Mateo 15:15–16). Nadama natin ang kanyang matinding takot sa kanyang pagsamo, “Panginoon, iligtas mo ako,” nang isang gabi ay manghina ang kanyang mga paa at pananampalataya sa maalong tubig ng Dagat ng Galilea (Mateo 14:22–33). Pinahalagahan natin ang kanyang pagkamangha sa Bundok ng Pagbabagong-anyo (tingnan sa Mateo 17:1–13). Tumangis din tayong kasama niya dala ng hiya dahil sa kanyang tatlong beses na pagkakaila (tingnan sa Mateo 26:69–75), nalungkot din tayo kasama niya sa Getsemani (tingnan sa Mateo 26:36–46), at natuwa at namanghang kasama niya sa libingang walang laman (tingnan sa Juan 20:1–10).

Marahil nais ng mga manunulat ng Ebanghelyo na magkaroon tayo ng personal na ugnayan kay Pedro. Sa kanilang mga tala, tila sinadya nilang higit na ingatan ang kanyang mga karanasan at pakikipag-usap kay Jesus kaysa iba pang orihinal na Labindalawa.[1] Iniisip ng marami sa atin na sadyang binigyang-pansin si Pedro sa mga Ebanghelyo dahil siya ang tagapagsalita at nangunguna sa mga Apostol. At marahil madalas ding banggitin at bigyang-pansin nina Mateo, Marcos, Lucas, at Juan ang mga pakikipag-ugnayan ni Pedro kay Cristo, dahil umaasa sila na kapag natutuhan nating mahalin at unawain si Pedro, mas matataggap natin ang kanyang natatanging pagsaksi kay Cristo—isang patotoong maingat siyang inihanda para ibahagi.

ANG PAGKAKAILA NI PEDRO, NI CARL HEINRICH BLOCH

Kapag natutuhan nating mahalin at makilala ang Apostol na si Pedro, mas matatanggap natin ang kanyang natatanging pagsaksi kay Cristo.

LUMAKAD SA IBABAW NG TUBIG ANG TAGAPAGLIGTAS, NI WALTER RANE

Ang Paghahanda ni Pedro

Sa pagsama ni Pedro kay Jesus sa Kanyang mortal na ministeryo, ang saksi at patotoo ng Apostol na ang Panginoon ang Mesiyas ay natamo niya marahil sa pamamagitan ng intelektwal, praktikal na mga karanasan, at mga paghahayag na ibinigay sa kanya. Ibig sabihin, ang kanyang patotoo, tulad nang sa atin ngayon, ay natanggap sa pamamagitan ng kanyang isip, mga kamay, at puso.

Alam ni Pedro na si Jesus ng Nazaret ay higit pa sa isang tao, dahil nakita niya na nagbigay Siya ng paningin sa bulag, nilinis ang ketongin, pinalakas ang pilay para makalakad, at binuhay ang patay (tingnan sa Mateo 11:4–5; tingnan din sa Juan 2:11; 10:25; 20:30–31). Ang nalaman niya sa pamamagitan ng kanyang isipan na si Jesus ang Cristo ay pinatatag ng kanyang natutuhan sa pagsunod sa mga tagubilin ng Panginoon. Inihagis niya ang kanyang lambat gaya ng tagubilin ng Tagapagligtas at siya ay nakahuli ng napakaraming isda (tingnan sa Lucas 5:1–9; Juan 21:5–7). Nang sinabi sa kanya ng Tagapagligtas na "halika," siya ay lumakad sa ibabaw ng tubig (tingnan sa Mateo 14:22–33). At nang ipinasa niya ang kakaunting tinapay at isda sa maraming tao ayon sa utos ng Tagapagligtas, ang himala ng pagpaparami nito ay nangyari mismo sa kanyang mga kamay (tingnan sa Juan 6:1–14).

Ang mga patotong iyon na nakita niya at nahawakan ng kanyang mga kamay ay lalo pang nagpatibay sa pinakamalakas na patotoo na ibinigay kay Pedro—ang patotoong inihayag sa kanyang puso. Nang itanong ni Jesus sa Kanyang mga disipulo, "Ano baga ang sabi ng mga tao kung sino ang Anak ng tao?" isinagot nila ang karaniwang sinasabi ng karamihan sa kanilang mga nakasalamuha. At pagkatapos ay ginawang personal ng Tagapagligtas ang kanyang tanong, "Ano ang sabi ninyo kung sino ako?" (tingnan sa Mateo 16:13–15). Nang walang pag-aatubili, sinabi ni Pedro:

"Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Dios na buhay.

"At sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Mapalad ka, Simon Bar-Jonas: sapagka't hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at ng dugo, kundi ng aking Ama na nasa langit" (Mateo 16:16–17).

Ang paghahanda ni Pedro na maging natatanging saksi ni Cristo ay kinabilangan ng ilang maituturing na personal na karanasan kasama si Jesus.[2] Ang gayong mga personal na payo at tagubilin ay kadalasang dumarating kapag nagtanong siya sa Tagapagligtas o kaya naman ay nadama ni Cristo na kailangan pa niyang matuto.[3]

Sa lahat ng disipulo ni Cristo, si Pedro na marahil ang pinakamadalas na mapagsabihan.[4] Ngunit kapansinpansin na hindi pinili ni Pedro na maghinanakit, bagkus ay nagpatuloy siya sa pagsunod sa Panginoon, na nagdaragdag sa kanyang patotoo sa araw-araw at natututo sa Kanya.[5]

Ang paghahanda ng mangingisdang mula sa Galilea ay natapos na sa nasaksihan niya pagkatapos maipako sa krus si Cristo. Nang marinig ang tungkol sa libingang walang laman, dali-daling nagpunta si Pedro para makita niya mismo ito at siya ay "nanggigilalas sa nangyaring yaon" (Lucas 24:1–12; tingnan din sa Juan 20:1–9). Itinala ni Lucas na noong araw ding iyon, ang nabuhay na mag-uling Tagapagligtas ay nagpakita nang sarilinan kay Pedro, ngunit kakaunti lamang ang nalalaman natin tungkol sa pangyayaring ito (tingnan sa Lucas 24:34; 1 Mga Taga Corinto 15:3–7). Noong gabing iyon, ang nabuhay na mag-uling Tagapagligtas ay nagpakita sa mga Apostol at sa iba pang mga disipulo, at inanyayahan silang damhin ang mga sugat sa Kanyang katawan. Pagkatapos ay tinulungan Niya silang maunawaan kung paano tinupad ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli ang mga propesiya na nakatala sa batas ni Moises at sa mga banal na

Alam ni Pedro na si Jesus ng Nazaret ay higit pa sa isang tao, dahil nakita niya nang Kanyang bigyan ng paningin ang bulag, nilinis ang ketongin, pinalakad ang pilay, at binuhay ang patay.

PAGPAPAGALING SA LALAKING BULAG, NI CARL HEINRICH BLOCH

kasulatan, nagsasabing, "Kayo'y mga saksi ng mga bagay na ito." (tingnan sa Lucas 24:36–48; tingnan din sa Marcos 16:14; Juan 20:19–23). Kalaunan ay naglakbay patungo sa Galilea ang 11 disipulo, gaya ng tagubilin sa kanila ng Tagapagligtas, at doon "sa bundok na sa kanila'y itinuro ni Jesus," tiniyak Niya sa kanila na, "Ang lahat ng kapamahalaan sa langit at sa ibabaw ng lupa ay naibigay na sa akin" (tingnan sa Mateo 28:7, 10, 16–20).

Sa lahat ng ito, ang isipan, mga kamay, at puso ni Pedro ay patuloy na tinuruan upang maging saksi sa nabuhay na mag-uling Cristo, dahil nakita ng kanyang mga mata ang nabuhay na mag-uling Panginoon, narinig ng kanyang mga tainga ang Kanyang tinig, nahawakan Siya ng kanyang mga kamay, at tunay ngang nadama niyang muli ang pagpapatunay ng Espiritu sa kanyang puso.

Ang Tungkulin ni Pedro

Tulad sa paraan na kinailangan ni Pedro ng panahon, pagtuturo, at karanasan upang lubos na maunawaan ang nagbabayad-salang misyon ng Mesiyas, paunti-unti rin niyang naunawaan ang kanyang misyon bilang natatanging saksi ni Cristo.

Marahil lubos na naunawaan ni Pedro ang kinakailangan mula sa kanya nang turuan siya ng Panginoon sa dalampasigan ng Dagat ng Galilea. Nadama na niya nang dalawang beses ang mga sugat sa katawan dulot ng Pagkakapako ng nabuhay na mag-uling Panginoon, ngunit dahil tila hindi pa niya alam kung ano ang kanyang gagawin, sinabi ni Pedro, "Mangingisda ako" (Juan 21:3). Ngayong hindi na nila kasama si Jesus, tila handa na si Pedro na bumalik sa kanyang dating buhay at trabaho. Sumunod sa kanya ang kanyang mga kapatid.

Magdamag silang nangisda, ngunit wala silang nahuli. Habang papalapit na sila sa pampang, at malamang ay pagod na pagod at pinanghinaan na ng loob, nakita nila ang isang taong nakatayo na di nila nakilala, na nagsabing ihagis nilang muli ang kanilang mga lambat. Dahil na rin siguro naalala nila na noon ay nakahuli sila nang marami nang sinunod nila ang kaparehong payo, sumunod sila nang walang pag-aalinlangan (tingnan sa Lucas 5:1–9; Juan 21:3–6). Habang iniaahon nila ang kanilang mga lambat na puno na muli ng maraming isda, napasigaw si Juan kay Pedro, "Ang Panginoon nga" (Juan 21:7). Sa sobrang inip na makarating sa pampang ang kanilang bangka, si Pedro ay "tumalon sa dagat" upang maunang makarating sa Panginoon (Juan 21:7). Nang makarating na roon ang iba pa, nakita nilang may isda at tinapay na naghihintay sa kanila (tingnan sa Juan 21:9).

Pagkatapos kumain, bumaling si Jesus kay Pedro at, malamang na itinuturo ang isdang sinikap hulihin ni Pedro, tinanong ang Kanyang Apostol, "Simon, anak ni Juan, iniibig mo baga ako ng higit kay sa mga ito?" (Juan 21:15). Siguradong inisip ni Pedro na kakatwa ang tanong na ito. Siyempre pa, mas mahal niya ang Tagapagligtas nang higit pa sa isda—o sa pangingisda. Marahil ay may kasamang pagtataka

"Simon, anak ni Juan, iniibig mo baga ako ng higit kay sa mga ito?"

INIIBIG MO BA AKO NANG HIGIT KAYSA MGA ITO? NI DAVID LINDSLEY

ang kanyang pagsagot, "Oo, Panginoon; nalalaman mo na kita'y iniibig," at kaagad naman sumagot si Cristo, "Pakanin mo ang aking mga kordero" (Juan 21:15). Muling tinanong ng Tagapagligtas si Pedro, at muling ipinahayag ni Pedro ang kanyang pagmamahal kay Cristo, at muling iniutos ni Cristo, "Alagaan mo ang aking mga tupa" (Juan 21:16). Nalungkot si Pedro nang magtanong sa ikatlong pagkakataon ang Tagapagligtas para maipahayag ng disipulo ang kanyang pagmamahal. Madarama natin ang kalungkutan at damdamin sa ikatlong sagot ni Pedro, "Panginoon, nalalaman mo ang lahat ng mga bagay; nalalaman mo na kita'y iniibig" (Juan 21:17). Muling iniutos ni Jesus, "Pakanin mo ang aking mga tupa" (Juan 21:17).[6] Kung tunay ngang mahal niya ang Panginoon, si Pedro ay hindi na muling mangingisda, at siya ay magiging pastol, na inaalagaan ang kawan ng Panginoon.[7] Magbuhat noon, ang mga ginawa at ministeryo ni Pedro ay nagpapatunay na sa wakas ay naunawaan na niya ang kanyang tungkulin at misyon na maging natatanging saksi ni Cristo.



Ginampanan ni Pedro ang tungkuling ibinigay ni Cristo sa kanya nang may kahanga-hangang pananampalataya, kabilang na ang pagsasabi sa lalaking pilay sa templo, "Sa pangalan ni Jesucristo ng taga Nazaret, lumakad ka."

DETALYE MULA SA *ANG NASA AKIN AY SIYA KONG IBINIGAY SA IYO*, NI WALTER RANE

Ang Patotoo ni Pedro

Matapos ang araw na iyon sa Galilea, si Pedro ay humayo upang gampanan ang kanyang tungkuling natanggap mula kay Cristo nang may pambihirang pananampalataya, tapang, at kasipagan. Bilang nangungunang Apostol, ginampanan niya ang kanyang tungkulin na mangulo sa Simbahan. Kahit abala siya sa napakaraming gawain sa kanyang tungkulin, hindi nakaligtaan ni Pedro ang kanyang responsibilidad na laging maging saksi ni Cristo, pati na sa mga taong nagtipon sa pagbuhos ng Banal na Espiritu sa araw ng Pentecostes (tingnan sa Mga Gawa 2:1–41), sa templo sa portiko ni Salomon matapos ang mahimalang pagpapagaling (tingnan sa Mga Gawa 3:6–7, 19–26), noong siya ay hinuli at dinala sa harapan ng mga pinunong Judio (tingnan sa Mga Gawa 4:1–31; tingnan din sa Mga Gawa 5:18–20), sa kanyang pagtuturo sa mga Banal (tingnan sa Mga Gawa 15:6–11), at sa kanyang mga liham.

Sa kanyang mga liham, pinagnilayan niya ang kanyang personal na pagsaksi sa pagdurusa ni Cristo at ipinahayag ang kanyang pag-asa na maging "[kabahagi] naman sa kaluwalhatiang ihahayag" (I Ni Pedro 5:1). Nang malapit na ang katapusan, tapat niyang kinilala na "dumarating na madali ang paghiwalay ko sa aking tabernakulo, na gaya ng ipinahiwatig sa akin ng Panginoon nating Jesucristo" (II Ni Pedro 1:14).

Sa taimtim na pahayag na ito, marahil ay pinagninilayan ni Pedro ang mga sinabi sa kanya ni Jesus sa dalampasigan ng Galilea maraming taon na ang nakalipas. Doon, matapos utusan si Pedro na alagaan ang Kanyang mga tupa, sinabi ng Tagapagligtas, "Nang ikaw ay bata pa, ikaw ay nagbibihis, at ikaw ay lumalakad kung saan mo ibig; nguni't pagtanda mo'y iuunat mo ang iyong mga kamay, at bibigkisan ka ng iba, at dadalhin ka kung saan hindi mo ibig." (Juan 21:18). Tulad ng paliwanag ni Juan, "Ito nga'y sinalita [ni Jesus], na ipinaalam kung sa anong kamatayan ang iluluwalhati [ni Pedro] sa Dios. At pagkasalita niya nito, ay sinabi niya [kay Pedro], Sumunod ka sa akin" (Juan 21:19). Malamang na sa kanyang katandaan habang iniisip ang tungkol sa kamatayan, nakadama si Pedro ng kapayapaan at kagalakan dahil alam niya na sinunod niya si Cristo sa buhay na ito at handa niyang sundin Siya hanggang sa kamatayan.

Hangad natin na sana'y mas marami pang naitala tungkol sa mga ginawa at naisulat ni Pedro sa Bagong Tipan. Ang mga naitala ay maituturing na kayamanan

at nakatulong para mapamahal sa atin ang matapat na mangingisdang ito. Kahit na maikli lamang, ipinakita sa atin ng mga talang ito na si Pedro ay maingat at personal na inihanda ni Cristo upang maging Kanyang natatanging saksi. Sa pagbabasa natin ng mga salaysay na ito, madarama natin na kasabay ni Pedro, lalago ang ating pananampalataya at kaalaman tungkol kay Cristo. Ang paglagong iyan ay magbibigay sa atin ng pag-asa at pananaw sa ating personal na paglalakbay sa pagtatamo ng pananampalataya. Habang nakikita natin na naging malinaw kay Pedro ang inaasahan sa kanya ni Cristo at ginampanan niya nang may tapang at katapatan ang kanyang tungkulin na ibinigay ng Tagapagligtas, mapapaisip tayo, "Ano ang inaasahan ni Cristo sa akin?" at "Sapat na ba ang ginagawa ko?" Kapag pinag-aralan natin ang pagsaksi at pagpapatotoo ni Pedro kay Cristo masasabik tayong sambitin ang kanyang sinabi, "At kami'y nagsisisampalataya at nakikilala namin na ikaw ang Banal ng Dios" (Juan 6:69). ■

MGA TALA

1. Bagama't ang mga patotoo, karanasan, at turo ni Apostol Pablo ay mas lubusang naitala sa Bagong Tipan kaysa kay Pedro, si Pablo ay hindi kabilang sa orihinal na Labindalawa at hindi nabanggit sa apat na Ebanghelyo.
2. Tingnan sa Mateo 17:1–13; 26:36–46, 58; Marcos 13:1–37; Lucas 8:49–56; 9:28–36.
3. Tingnan sa Mateo 17:24–27; 18:2–35; 19:27–20:28; Lucas 12:31–49; Juan 13:6–19.
4. Tingnan sa Mateo 14:31; 15:15–16; 26:33–34, 40; Marcos 8:32–33; Juan 18:10–11.
5. Hinggil kay Pedro at sa madalas na pagsaway sa kanya ni Cristo, sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985), "Sinasaway Niya si Pedro sa tamang panahon dahil mahal Niya ito, at si Pedro, na isang dakilang tao, ay nagawang bumuti at humusay mula sa pagsasaway na ito. Mayroong magandang talata sa aklat ng Mga Kawikaan na kailangan nating isaisip: 'Ang taingang nakikinig sa saway ng buhay, ay tatahan sa gitna ng pantas. Siyang tumatanggi sa saway ay humahamak sa kaniyang sariling kaluluwa: nguni't siyang nakikinig sa saway ay nagtatamo ng kaawaan.' (Mga Kawikaan 15:31–32.) Matalino ang pinuno o matalino ang tagasunod na kayang tanggapin ang mga 'saway ng buhay.' Nagawa ito ni Pedro dahil alam niya na mahal siya ni Jesus, at sa gayon ay naihanda ni Jesus si Pedro para sa isang dakilang tungkulin sa kaharian" ("Jesus: The Perfect Leader," *Ensign,* Ago. 1979, 5).
6. Sinabi naman ng ilan na sa pagbibigay kay Pedro ng tatlong pagkakataong pagtibayin ang kanyang pagmamahal sa Kanya, binigyan ni Cristo si Pedro ng pagkakataong ituwid ang tatlong-beses niyang pagkaila kay Cristo noong gabing litisin si Cristo. Tingnan, halimbawa, sa James E. Talmage, *Jesus the Christ,* Ika-3 ed. (1916), 693; Jeffrey R. Holland, "Ang Unang Dakilang Utos," *Liahona,* Nob. 2012, 83–84. Para sa pagtalakay tungkol sa pagkaila at mga aral na matututuhan mula rito, tingnan sa Gordon B. Hinckley, "And Peter Went Out and Wept Bitterly," *Ensign,* Mayo 1979, 65–67; Neal A. Maxwell, "A Brother Offended," *Ensign,* Mayo 1982, 37–38. Ang ibang komentarista, na pinapansin ang maliliit na pagkakaiba sa tekstong Griyego, ay nagsasabing ang tatlong tanong ay para ituro kay Pedro ang iba't ibang aspeto at responsibilidad ng kanyang tungkulin. Ayon dito, dalawang beses tinanong ng Tagapagligtas si Pedro ng, "iniibig mo baga ako?" gamit ang salitang Griyego na *agapao* para sa salitang pag-ibig o pagmamahal, na nagpapahiwatig ng pag-ibig sa kapwa, madalas pakahulugan bilang makadiyos o walang pasubaling pag-ibig at isinalin sa iba pang teksto bilang "charity" o "pag-ibig" o "pag-ibig sa kapwa-tao" (hal., I Mga Taga Corinto 13:1–4; II Ni Pedro 1:7; Apocalipsis 2:19). Sa ikatlong pagkakataon na tinanong ni Jesus si Pedro, "iniibig mo baga ako?" Ginamit niya ang salitang *phileo* para sa salitang pag-ibig, na nangangahulugang pagkakaibigan, pagmamahal, o pag-ibig sa isang kapatid. Ang nakatutuwa, sa pagsagot sa bawat isa sa mga tanong na ito, pinagtibay ni Pedro ang kanyang pag-ibig gamit ang salitang *phileo.* Sa unang pagpapahayag ng pag-ibig ni Pedro, iniutos sa kanya ni Cristo na "pakanin" mula sa salitang Griyego na *bosko,* na ibig sabihin ay pastulin, pakainin ng damo, o palusugin, ang Kanyang mga "kordero," mula sa salitang Griyego na *arnion,* na ibig sabihin ay maliit o bata pang tupa. Sa pangalawang pagpapahayag ng pag-ibig ni Pedro, iniutos sa kanya ni Cristo na "pakanin" mula sa salitang Griyego na *poimaino,* na ibig sabihin ay alagaan o akayin, ang Kanyang mga "tupa," mula sa salitang Griyego na *probaton,* na ibig sabihin ay malaki o matandang tupa. Bilang tugon sa ikatlong pagpapahayag ng pag-ibig ni Pedro kay Cristo, dapat niyang *pakanin [bosko]* ang Kanyang mga *tupa [probaton].* Kaya nga, sa pagtatanong ng isang tanong nang tatlong beses sa tatlong magkakaibang paraan, tinanong ng Tagapagligtas ang disipulo kung Siya ay talagang iniibig nito bilang kapwa-tao at kapatid, at sa mga kasunod Niyang kautusan, itinuro ng Tagapagligtas kay Pedro na hindi lang niya dapat pakainin at palusugin ang mga bata at matatanda ng Kanyang kawan, kundi akayin at gabayan din sila.
7. Para sa karagdagan pang pagtalakay tungkol sa pangyayaring ito at sa mga alituntuning matututuhan mula rito, tingnan sa Robert D. Hales, "When Thou Art Converted, Strengthen Thy Brethren," *Ensign,* Mayo 1997, 80–83.

Nakadama si Pedro ng kapayapaan at kagalakan dahil alam niya na sinunod niya si Cristo sa buhay na ito at handa niyang sundin si Cristo hanggang sa kamatayan.

Ni Elder D. Todd Christofferson
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Kalayaang Pangrelihiyon: Batong Panulok ng Kapayapaan

Nawa'y pagsikapan nating matamo ang kapayapaan sa pamamagitan ng pagtutulungan para maingatan at maprotektahan ang kalayaan ng lahat ng tao na manampalataya at mamuhay ayon sa relihiyon o paniniwala na pinili nila.

Ibinigay ni Elder Christofferson ang mensaheng ito sa kumperensya ng iba't ibang relihiyon na ginanap sa São Paulo, Brazil, noong Abril 29, 2015.

Lubos kong ipinagpapasalamat ang paanyaya na makasama ninyo ngayong gabi sa pagtitipong ito ng iba't ibang relihiyon, kung saan ang mga Muslim, Sikh, Katoliko, Adventist, Hudyo, Evangelical, Mormon, native spiritualist, mga walang pananampalataya, at marami pang iba ay kasama ng mga pinuno ng pamahalaan at negosyo para pag-usapan at ipagdiwang ang kalayaang pangrelihiyon. Tunay ngang ang mismong pagtitipon natin sa natatanging okasyong ito ay maituturing nang matibay na simbolo.

Masaya akong makapunta rito sa Brazil, isang bansa na may maraming iba't ibang kultura at tao. Sa pagtanggap sa maraming pagkakaiba-ibang ito, kabilang na ang iba't ibang relihiyon, ang Brazil ay umunlad at patuloy na uunlad. Kamakailan lang, ang Brazil ay kinilala bilang bansa na may pinakakaunting restriksyon para sa relihiyon.[1] Binabati ko ang Brazil sa mahalagang pagkilalang ito. Ang Brazil ngayon ay may responsibilidad na mamuno sa pandaigdigang kilusan na magtataguyod sa kalayaang ito. Tulad ng sinabi ni Jesucristo sa Bagong Tipan:

"Kayo ang ilaw ng sanglibutan. Ang isang bayan [o sa pagkakataong ito, isang bansa] na natatayo sa ibabaw ng isang bundok ay hindi maitatago. . . .

MGA PAGLALARAWAN NI JOSHUA DENNIS

"Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit" (Mateo 5:14, 16).

Mga kagalang-galang kong kasamahan, kailangan ng mundo ang patuloy at matingkad na liwanag ng Brazil. Ngayong gabi ipinagdiriwang natin ang maaaring kahinatnan ng pangarap na iyan.

Background at mga Pangunahing Tuntunin

Ang kalayaang pangrelihiyon ay ang batong panulok ng kapayapaan sa mundo na may napakaraming nagsasalungatang pilosopiya. Binibigyan tayo nito ng laya upang matukoy natin sa ating sarili kung ano ang ating iisipin at paniniwalaan—na sundin ang katotohanang sinasabi ng Diyos sa ating mga puso. Tumutulong ito na mapayapang makapamuhay nang magkakasama ang mga may iba't ibang paniniwala, maprotektahan ang mahihina, at maisaayos ang ating mga hindi pagkakaunawaan. Kaya nga, tulad ng magaling na pasiya ng European Court of Human Rights sa maraming kaso, ang kalayaang pangrelihiyon ay kailangan ng mga nananampalataya at "mahalaga para sa mga ateista, agnostiko, mapag-alinlangan, at sa mga walang pakialam." Ito ay dahil "nakasalalay sa kalayaang pangrelihiyon ang mapayapang pamumuhay nang sama-sama ng mga taong may iba't ibang paniniwala, na bahagi ng isang demokratikong lipunan, na siyang matagal nang ipinaglalaban ng mga tao."[2]

Ang masiglang kalayaan ay hindi lamang ang tinatawag ng mga pilosopo sa pulitika na "negatibong" kalayaan na mabuting hayaan na lamang, kahit gaano pa man ito kahalaga. Sa halip, ito ay mas maringal at "positibong" kalayaan—ang kalayaang maipamuhay ng isang tao ang kanyang relihiyon o paniniwala kung saan ang mga batas, pulitika, at lipunan ay mapagparaya, iginagalang, at tinatanggap ang iba't ibang paniniwala.

Ginagamit natin ang ating kalayaang pangrelihiyon at paniniwala upang maitatag natin ang ating buod na mga paniniwala, na kung wala ito, ang iba pang karapatang pantao ay mawawalan ng halaga. Paano natin makakamtan ang kalayaan sa pagpapahayag kung hindi naman natin maipapahayag ang tunay nating paniniwala? Paano natin makakamtan ang kalayaan sa pagtitipon kung hindi naman tayo makapagtitipon kasama ng ibang kapareho natin ang mga pamantayan? Paano natin matatamasa ang kalayaan sa paglalathala kung hindi naman natin maipalilimbag o maibabahagi sa publiko kung sino talaga tayo?

Ang magandang balita ay mayroong kapansin-pansing pag-unlad sa pagpapalaganap sa kalayaang pangrelihiyon. Nakita ko mismo sa aking buhay ang mga naging pag-unlad na ito. Halimbawa, noong 1948, noong tatlong taong gulang pa lamang ako, pinagtibay ng United Nations General Assembly ang Universal Declaration of Human Rights, na nagpahayag na "lahat ng tao ay dapat magkaroon ng karapatang mag-isip, karapatang sundin ang kanyang konsiyensya, at karapatang pangrelihiyon."[3]

Noong ako ay 21 anyos, isang kasunduan ang sinimulang gawin upang magkaroon ng bisa ang pahayag na ito ng United Nations. Ang kasunduang iyon—na kilala bilang International Covenant on Civil and Political Rights—ay nagpatibay sa ideya na ang bawat tao ay dapat magkaroon ng "kalayaang magkaroon o pumili ng relihiyon o paniniwala na nais niya, at kalayaan, na maaaring pansarili o panlipunan kasama ang iba at na maaaring sa publiko o sa pribadong lugar, na ipahayag ang kanyang relihiyon o paniniwala sa pamamagitan ng pagsamba, pagsunod, pagsasabuhay, at pagtuturo."[4] Ang kasunduang ito ay nagkaroon ng bisa pagkaraan ng 10 taon noong 1976.

Sa taong 2017, 169 na bansa na ang bahagi ng kasunduang ito—halos lahat ng mauunlad na bansa sa mundo.[5] Ang American Convention on Human Rights (ang Pact of San José, Costa Rica), na pinagtibay noong 1969 at naipatupad simula pa noong 1978, ay nagpoprotekta sa kalayaang pangrelihiyon sa halos magkaparehong pananalita.[6]

Malalakas ang katibayang sumusuporta sa pag-unlad na nangyari na, at dapat lamang na maganyak tayong mas magsikap pa. Ang kalayaang pangrelihiyon ay may matibay na kaugnayan sa iba't ibang pag-unlad sa ekonomiya, kalusugan, at kapakanan ng mamamayan.[7] Karaniwan, ang mga relihiyosong tao ay may mas mabuting buhay-pamilya, mas matibay ang pagsasama ng mag-asawa, mas mababa ang posibilidad na gumamit ng ipinagbabawal na gamot at masangkot sa krimen, mas mataas ang pinag-aralan, mas handang magboluntaryo at sumuporta sa mga pagkakawanggawa, mas maganda ang ugali sa trabaho, mas mahaba ang buhay, mas malulusog, mas malaki ang kinikita, at mas mataas ang antas ng pamumuhay at kaligayahan.[8] Malinaw na ang kalayaang pangrelihiyon at ang pamumuhay ayon sa relihiyon ay nagpapalakas sa lipunan.

Ang Pangangailangan sa Pag-iingat at Pakikiisa

Sa kasamaang palad, ang proteksyong ibinibigay sa kalayaan sa relihiyon at paniniwala ay kadalasang mahina, hindi nasusunod, at tinutuligsa. Matinding sinasalungat at pinipigilan ang kalayaang pangrelihiyon kahit na patuloy itong lumalakas—pati sa mga bansang matagal nang pumoprotekta rito. Sa maraming bansa, nakalalamang at lalo pang tumitindi ang mga pagsalungat na ito. Marahil hindi sukat maunawaan ng malaking bahagi ng mundo ang uri ng pagdiriwang na ginagawa natin dito sa Brazil.

Kapansin-pansin na noong 2013, mga 5.5 bilyong tao—77 porsiyento ng populasyon ng mundo—ang nakatira sa mga bansa kung saan may mahigpit o napakahigpit na restriksyon sa kalayaang pangrelihiyon, na tumaas mula sa 68 porsiyento sa nakaraang anim na taon.[9]

Halos lahat ng demokrasya sa Kanluran ay nagpapahayag na naniniwala sila sa alituntunin ng kalayaang pangrelihiyon. Ang pamumuhay ayon sa alituntuning ito ang siyang nagdudulot ng kontrobersya. Ang mga pagbabanta sa kalayaang pangrelihiyon ay karaniwang nagsisimula kapag ang mga tao o institusyong naniniwala sa relihiyon ay may nais sabihin o gawin—o ayaw sabihin o gawin ang isang bagay—na salungat sa mga pilosopiya o mithiin ng mga nasa kapangyarihan, kabilang na ang mga mayorya sa politika. Kadalasan ang relihiyon ay salungat sa kultura kaya hindi ito popular. Sa kadahilanang ito, ang kalayaang pangrelihiyon, kahit na kadalasan ay sinusuportahan ang alituntunin nito, ay masigasig na sinasalungat kapag ipinamuhay na.

Sa Europa at Hilagang Amerika, nagkaroon ng pagtatalu-talo tungkol sa isyung tulad ng kung maaaring makapagdesisyon ang mga simbahan kung sino ang maaaring tanggapin (o hindi tanggapin) bilang kanilang mga ministro, kung maaaring magsuot ang mga indibiduwal ng mga damit o simbolong pangrelihiyon sa trabaho o paaralan, kung ang mga kumpanya ay dapat magbayad para sa mga contraceptive at pagpapalaglag ng kanilang mga empleyado, kung ang mga indibiduwal ay maaaring piliting magbigay ng serbisyong labag sa kanilang paniniwala, kung ang professional o university accreditation ay maaaring hindi ibigay o bawiin dahil sa mga pamantayang moral o paniniwala, at kung ang mga organisasyong pangrelihiyon ng mga estudyante ay maaaring utusang tanggapin ang mga estudyanteng may ibang mga paniniwala.

Ang Brazil, na may maraming iba't ibang relihiyon, ay nahaharap din sa mga isyu katulad niyon, tulad ng pasasara ng mga negosyo tuwing Linggo, pasusuot ng mga damit pangrelihiyon, at ang proteksyong ibinibigay sa mga tradisyong Afro-Brazilian. Nagpapasalamat tayo na marami sa mga bagay na ito ay nalutas nang pabor sa kalayaang pangrelihiyon. Ang mabilis at nararapat na paglutas sa mga isyu tungkol sa malayang pamumuhay ng relihiyon ay magiging mahalaga sa patuloy na paggalang ng Brazil sa pagkakaiba-iba

Noong 1948, pinagtibay ng United Nations General Assembly ang Universal Declaration of Human Rights, na naghikayat na ang "lahat ng tao ay dapat magkaroon ng karapatang mag-isip, karapatang sundin ang kanyang konsiyensya, at karapatang pangrelihiyon." Noong ako ay 21 anyos, isang kasunduan ang sinimulang gawin upang magkaroon ng bisa ang pahayag na ito ng United Nations. Sa taong 2017, 169 na bansa na ang bahagi ng kasunduang ito.



Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay nalulugod na makasama kayo at ang iba pa sa mahalagang gawaing ito. Bagama't umaasa tayo na ang ating mga pagsisikap ay makagagawa ng kaibhan, kailangan natin itong gawin nang sama-sama, dahil hindi natin mapagtatagumpayan ang labang ito nang mag-isa.

nito. Sa pagpapahintulot sa mga tao at organisasyon na hayagang ipamuhay ang kanilang relihiyon nang hindi sinasalungat o pinararatangan, ang Brazil ay patuloy na magliliwanag at magiging halimbawa na maaaring makaroon ng kalayaang pangrelihiyon ang buong mundo.

Hinihikayat ko kayong mahigpit na panghawakan ang mga kalayaang itinatag ninyo sa inyong mga tahanan at matapang na itaguyod ang kalayaang pangrelihiyon sa buong mundo. Ang pangangailangang protektahan at pangalagaan ang kalayaang pangrelihiyon—sa pantay at balanseng paraan na poprotekta rin sa mga pangunahing karapatan ng iba—ay sadyang napakahalaga.

Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay nalulugod na makasama kayo at ang iba pa sa mahalagang gawaing ito. Bagama't umaasa tayo na makagagawa ng kaibhan ang mga pagsisiskap natin, kailangan natin itong gawin nang sama-sama, dahil hindi natin mapagtatagumpayan ang laban na ito nang mag-isa.

Inuulit ko ang sinabi kamakailan ng aking kasamang si Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol sa isang pagtitipong tulad nito:

"Napakahalaga na tayong mga naniniwala sa Diyos at sa katotohanan ng pag-iral ng tama at mali ay lalong magkaisa upang protektahan ang ating kalayaang pangrelihiyon na ipangaral at ipamuhay ang ating pananampalataya sa Diyos at ang mga tuntunin ng tama at mali na Kanyang itinatag. . . . Ang tanging kailangan upang magkaroon ng pagkakaisa at malawak na pagtutulungan katulad sa iminumungkahi ko ay ang karaniwang paniniwala na mayroong tama at mali sa pag-uugali ng tao na pinagtibay ng isang Dakilang Nilalang. Lahat ng naniniwala sa pangunahing [alituntuning] iyon ay dapat makiisa upang mas mabisang mapangalagaan at mapalakas ang kalayaang isulong at ipamuhay ang ating mga paniniwala sa relihiyon, anuman ang mga ito. Kailangan nating lumakad nang sama-sama sa iisang landas upang matiyak ang ating kalayaang tahakin ang magkakahiwalay nating landas

kapag kailangan ayon sa ating sariling paniniwala."[10]

Ang ating gawain ay magiging mahirap at mangangailangan ng patuloy na pagbabantay, ngunit ito ay tunay na napakahalaga.

Magtatapos ako sa pagbanggit ng isang bahagi mula sa Doktrina at mga Tipan. Ito ay inihayag noong 1835, sa panahong kahit protektado sila ng konstitusyon, ang aking mga ninuno ay pinaalis mula sa kanilang mga tahanan dahil sa kanilang pagtanggap sa isang paniniwala na para sa iba ay bago at kakaiba. Kaya nga, ito ay isang mahinahong paalala para sa ating panahon, lalo na ngayong ang mga restrikyon sa kalayaang pangrelihiyon ay nagmumula rin sa mga bansang yumayakap sa alituntunin nito, ngunit kung minsan ay hindi ito isinasabuhay.

Sabi sa aming banal na kasulatan, "Walang pamahalaang makaiiral sa kapayapaan, maliban kung ang gayong mga batas ay binalangkas at ipinalagay na hindi malalabag nang masiguro sa bawat tao ang malayang paggamit ng budhi." Ang mga pamahalaan ay maaaring "sugpuin ang krimen, subalit hindi kailanman pamahalaan ang budhi; nararapat [nilang] parusahan ang may pagkakasala, subalit di kailanman sawatahin ang kalayaan ng kaluluwa" (D at T 134:2, 4).

Nawa'y pagsikapan nating matamo ang kapayapaan sa pamamagitan ng pagtutulungan para maingatan at maprotektahan ang kalayaan ng lahat ng tao na manampalataya at mamuhay ayon sa relihiyon o paniniwala na pinili nila, ito man ay para sa sarili o komunidad kasama ang iba, sa tahanan o sa ibang lugar, sa publiko o pribado, at sa pagsamba, paggalang, pagsasabuhay, at pagtuturo. ■

Para sa buong teksto ng mensaheng ito, magpunta sa mormonnewsroom.org.

MGA TALA

1. Tingnan sa "Brazil Has Lowest Government Restrictions on Religion among 25 Most Populous Countries," Hulyo 22, 2013, theweeklynumber.com/weekly-number-blog; "Restrictions and Hostilities in the Most Populous Countries," Peb. 26, 2015, pewforum.org.
2. Kokkinakis v. Greece, 3/1992/348/421 (Mayo 25, 1993), talata 31; Nolan and K. v. Russia, 2512/04 (Peb. 12, 2009), talata 61; tingnan din sa Serif v. Greece, 38178/97 (Dis. 14, 1999), talata 49; European Convention on Human Rights, Article 9.
3. United Nations, Universal Declaration of Human Rights, Article 18, Dis. 10, 1948, un.org/en/documents/udhr.
4. International Covenant on Civil and Political Rights, Article 18, Dis. 16, 1966, ohchr.org/EN/ProfessionalInterest/Pages/CCPR.aspx.
5. Tingnan sa International Covenant on Civil and Political Rights; tingnan din sa W. Cole Durham Jr., Matthew K. Richards, at Donlu D. Thayer, "The Status of and Threats to International Law on Freedom of Religion or Belief," sa Allen D. Hertzke, ed., *The Future of Religious Freedom: Global Challenges* (2013), 31–66.
6. Tingnan sa American Convention on Human Rights "Pact of San José, Costa Rica," Nob. 22, 1969 (Inter-American Specialized Conference on Human Rights), oas.org; tingnan din sa Juan G. Navarro Floria and Octavio Lo Prete, "Proselitismo y Libertad Religiosa: Una Visión desde América Latina," sa *Anuario de Derecho Eclesiástico del Estado,* no. 27 (2011), 59–96.
7. Tingnan sa Brian J. Grim, Greg Clark, at Robert Edward Snyder, "Is Religious Freedom Good for Business?: A Conceptual and Empirical Analysis," *Interdisciplinary Journal of Research on Religion,* tomo 10 (2014), 4–6; Paul A. Marshall, "The Range of Religious Freedom," in Paul A. Marshall, ed., *Religious Freedom in the World* (2008), 1–11.
8. Tingnan sa Patrick F. Fagan, "Why Religion Matters Even More: The Impact of Religious Practice on Social Stability," *Backgrounder,* no. 1992 (Dis. 18, 2006), 1–19; Robert D. Putnam at David E. Campbell, *American Grace: How Religion Divides and Unites Us* (2010), 443–92.
9. Tingnan sa "Latest Trends in Religious Restrictions and Hostilities," Peb. 26, 2015, pewforum.org.
10. Dallin H. Oaks, "Preserving Religious Freedom" (lecture sa Chapman University School of Law, Peb. 4, 2011), mormonnewsroom.org.

IDEYA PARA SA FAMILY HOME EVENING

Talakayin sa inyong pamilya ang kahalagahan ng kalayaang pangrelihiyon, pati na kung paano unang natamo ng mga mamamayan sa inyong bansa ang kalayaang sumamba. Anong mga pangyayari ang nagbigay-daan para magkaroon ng kalayaang pangrelihiyon ang inyong bansa? Maaaring kabilang dito ang pagpapasa ng batas, pagprotesta, maging ang digmaan. Maaari ka ring gumawa ng mga trivia question para sa iyong pamilya upang matulungan silang mas maunawaan pa ang paksang ito sa kawili-wiling paraan. Bukod pa rito, isiping talakayin ang mga sumusunod na tanong: Paano naging pagpapala sa buhay natin ang kalayaang pangrelihiyon? Ano kaya ang ating buhay ngayon kung hindi tayo malaya na ipamuhay ang ating relihiyon? Paano tayo makatutulong na maitaguyod ang kalayaang pangrelihiyon para sa ating sarili at sa iba?

Ni Elder Steven E. Snow
General Authority Seventy at Church Historian and Recorder

Mga Banal:

ANG KUWENTO NG SIMBAHAN NI JESUCRISTO SA MGA HULING ARAW

Noong 1861, hinimok ni Pangulong Brigham Young (1801–77) ang mga Church historian na baguhin ang kanilang pamamaraan. "Magsulat nang pasalaysay," payo niya at "magsulat lamang ng mga ika-sampung bahagi ang dami."[1]

Ang kuwento sa mga sumusunod na pahina ay pagsunod sa payong iyon. Nalulugod akong ipaalam sa inyo ang bagong apat-na-tomong serye na pinamagatang *Mga Banal: Ang Kuwento ng Simbahan ni Jesucristo sa mga Huling Araw*. Ang kabanata 1 ay kasama sa isyung ito, at ang mga susunod na mga kabanata ay ilalathala sa magasing ito sa susunod na ilang buwan. Ang unang aklat ay lalabas sa huling bahagi ng taong ito, at ang ibang mga tomo ay susunod.

Ang *Mga Banal* ay inihanda bilang pagsunod sa kautusan ng Panginoon na "patuloy na mag-ingat ng talaan at kasaysayan ng Simbahan" (D at T 47:3). Di tulad ng mga nakaraang kasaysayan ng Simbahan, ito ay isang salaysay ng kasaysayan na isinulat sa estilong kapansin-pansin at magagamit kapwa ng kabataan at ng mga nakatatanda.

Ang *Mga Banal,* gayunman, ay hindi kathang-isip na kasaysayan. Ito ay tunay na kuwento batay sa mga talaan ng mga tao na nabuhay noon. Bawat detalye at bawat linya ng diyalogo ay suportado ng mga makasaysayang talaan o materyal na pinagkukunan. Ang mga tala sa katapusan ng bawat kabanata ay tumutukoy sa mga talaan at karagdagang materyal na pinagkukunan. Ang mga nagnanais na basahin ang aktuwal na mga tala, mas maunawaan nang malinaw ang mga kaugnay na paksa, at matuklasan ang marami pang mga kuwento ay makahahanap ng mga link sa likod ng mga aklat at online sa mgabanal.lds.org.

Ang Mayamang Tapiserye Ng Panunumbalik

Ang mga aklat na ito ay hindi banal na kasulatan, ngunit tulad ng mga banal na kasulatan, naglalaman ito ng banal na katotohanan at mga kuwento ng mga taong di-perpekto na nagsisikap na maging mga Banal sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo (tingnan sa Mosias 3:19). Kung pagsasamahin, ang apat na tomo ay magkukuwento ng tungkol sa Simbahan ng Panginoon na nagsusumikap

Ang larawang ito ng Nauvoo ay itatampok sa pabalat ng* Mga Banal *tomo 1.

na magampanan ang mandato nito nag awing sakdal ang mga Banal (tingnan sa Efeso 4:11–13).

Ang *Mga Banal* ay may napaka-kakaibang format, istilo, at mambabasa kumpara sa huling dalawang multivolume na kasaysayan na nailathala noon ng Simbahan. Ang unang kasaysayan ay sinimulan ni Joseph Smith noong 1830's at inilathala simula noong 1842.[2] Ang ikalawa ay inilathala noong 1930 ng assistant Church historian na si B. H. Roberts.[3] Ang pagpapabatid sa buong mundo ng tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo mula noon at ang utos ng Panginoon na patuloy na mag-ingat ng kasaysayan "para sa ikabubuti ng simbahan, at para sa bumabangong salinlahi" (D at T 69:8) ay hudyat na panahon na para magsama ng marami pang mga Banal sa mga Huling Araw sa kuwento.

Ang *Mga Banal* ay naglalahad ng mga kuwento ng mga ordinaryong kalalakihan at kababaihan mula sa naunang mga araw ng Simbahan hanggang sa ngayon. Nagbibigay din ito ng bagong detalye at pananaw sa mga mas kilalang tao at mga pangyayari mula sa kasaysayan ng Simbahan. Ang bawat kuwento ay tutulong sa inyo na maunawaan at pahalagahan ang mga Banal na naunang nabuhay sa inyo upang maitayo ang Simbahan kung ano ito ngayon. Tulad ninyo, nagkaroon sila ng mga hirap at tagumpay, at nagsakripisyo sila upang maitatag ang Sion. Kapag pinagtagpitagpi ang kanilang mga kuwento—at ang sa inyo—lilikha ito ng mamahaling tapiserya ng Panunumbalik.

Ang Ating Sagradong Nakaraan

Ang mga tagapagtala ng Aklat ni Mormon ay nag-ingat ng malalaki at maliliit na lamina. Sa malalaking lamina, itinala nila ang kasaysayang ukol sa pulitika at militar. Ginamit nila ang maliliit na lamina para sa "mga bagay ng Diyos" na "pinakamahalaga," kasama ang "pangangaral na banal, o paghahayag na dakila, o pagpropesiya" (1 Nephi 6:3; Jacob 1:2, 4). Ang maliliit na lamina ay itinala "alang-alang kay Cristo, at para sa kapakanan ng aming mga tao" (Jacob 1:4). Ang *Mga Banal* ay nilayong maging isang "maliliit na lamina" ng kasaysayan, na nakatuon sa ating sagradong nakaraan. Kaya kasama lamang dito ang isang munting halimbawa ng lahat ng mga kuwento na maaaring isalaysay upang ipakita kung paano kumikilos ang Panginoon sa buhay ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Ang *Mga Banal* ay hindi lamang tungkol sa mga hindi perpektong tao ng nakaraan na naging mas mabuti sa tulong ng Panginoon. Ito rin ay *para sa* diperpektong mga tao ngayon na gusto Siyang laging alalahanin. Ito ay makatutulong sa inyo na maalaala kung gaano naging mahabagin ang Tagapagligtas sa Kanyang mga tao, kung paano Niya pinalakas ang mahihinang tao, at kung paanong ang mga Banal sa buong mundo ay nagkasama-sama upang isulong ang gawain ng Diyos. ■

MGA TALA

1. Brigham Young, sa Wilford Woodruff, Journal, Okt. 20, 1861, Church History Library, Salt Lake City.
2. Tingnan sa *History of the Church of Jesus Christ of Latter-day Saints,* ed. B. H. Roberts (1902–12 [vols. 1–6], 1932 [vol. 7]).
3. Tingnan sa B. H. Roberts, *A Comprehensive History of the Church of Jesus Christ of Latter-day Saints: Century I,* 6 na tomo (1930).

SA ANONG FORMAT LALABAS ANG *MGA BANAL*?

Ang apat na tomo ay ilalathala sa 14 na wika bilang aklat, online sa mgabanal.lds.org, at sa Gospel Library app. Lalabas din ito sa mga format na e-book at audiobook sa mga piling wika.

ANO ANG MAKIKITA SA BAWAT TOMO?

- Tomo 1—lalabas sa huling bahagi ng taong ito – ay nagsasalaysay ng kuwento ng Panunumbalik, mula sa pagkabata ni Joseph Smith hanggang sa pagtanggap ng mga Banal ng mga ordenansa sa Nauvoo Temple noong 1846.
- Ang Tomo 2 ay sasaklaw sa mga hamon sa pagtitipon ng mga Banal sa kanluran ng Estados Unidos at magtatapos sa paglalaan ng Salt Lake Temple noong 1893.
- Ang Tomo 3 ay magsasalaysay ng paglago ng Simbahan sa mundo, na nagtatapos sa paglalaan ng Templo sa Bern, Switzerland, noong 1955.
- Ang Tomo 4 ay magdadala sa mambabasa sa mga pangyayaring kamakailan lang naganap, kung saan marami nang templo ang naitayo sa iba't ibang dako ng mundo.

Ang mga karagdagang materyal na dagdag-kaalaman sa mga piling paksa ay ilalathala sa online upang suportahan ang bawat tomo.

PAGLALARAWAN NI GREG NEWBOLD

Kabanata 1

Humiling nang May Pananampalataya

Ito ang kabanata 1 ng bagoong apat-na-tomong salaysay ng kasaysayan ng Simbahan na pinamagatang Mga Banal: Ang Kuwento ng Simbahan ni Jesucristo sa mga Huling Araw. *Ang aklat na ito ay makukuha sa 14 na mga wika na nakalimbag, sa Church History section ng Gospel Library app, at sa mgabanal.lds.org. Ang susunod na ilang mga kabanata ay ilalathala sa paparating na mga isyu hanggang ang tomo 1 ay mai-release sa huling bahagi ng taon na ito. Ang mga kabanatang yaon ay makukuha sa 47 na wika na nasa Gospel Library app at sa mgabanal.lds.org.*

Noong 1815, ang isla ng Sumbawa sa Indonesia ay sagana at luntian dahil sa mga pag-ulan. Naghahanda noon ang mga pamilya para sa darating na tagtuyot, tulad ng kanilang nakagawian sa bawat henerasyon, nagsasaka sila sa mga palayan sa paanan ng bulkang Tambora.

Noong Abril 5, matapos ang ilang dekadang pagkakahimbing, galit na gumising ang bulkan, bumuga ng abo at apoy. Ilang daang milya mula roon, ang mga saksi ay nakarinig ng tunog na tila putok ng isang kanyon. Nagpatuloy nang ilang araw ang mahihinang pagputok ng bulkan. At sa gabi ng Abril 10, tuluyang sumabog ang bulkan. Tatlong linya ng apoy ang pumailanlang sa kalangitan, nagsanib at sumabog nang napakalakas. Dumaloy ang nagbabagang likido pababa mula sa bulkan, at nilamon ang nayon sa paanan nito. Malalakas na hampas ng hangin ang rumagasa sa buong lugar, binunot ang mga puno at tinangay ang mga kabahayan.[1]

Patuloy ang kaguluhan buong gabi at umabot hanggang kinabukasan. Natabunan ng abo ang milya-milyang lupain at karagatan na umabot nang hanggang dalawang talampakan sa ilang lugar. Tila naging hatinggabi ang katanghalian. Galit na dumagundong ang dagat sa mga dalampasigan, sinira ang mga pananim at nilunod ang mga kanayunan. Sa loob ng ilang linggo, nagbuga ng mga abo, mga bato, at apoy ang Tambora.[2]

Sa mga sumunod na buwan, nadama ng buong mundo ang bunga ng pagputok ng bulkan. Ang mga kagila-gilalas na takipsilim ay ikinamangha ng mga tao sa iba't ibang panig ng mundo. Subalit sa likod ng matitingkad na kulay nito ay ang nakamamatay na epekto ng mga abo ng bulkan sa pagkalat nito sa iba't-ibang panig ng mundo. Sa sumunod na taon, naging pabagu-bago at mapaminsala ang panahon.[3]

Ang pagputok ng bulkan ay nagdulot ng pagbaba ng temperatura sa bansang India, at ang kolera ay kumitil ng libu-libong tao, at ng mga pamilya. Sa matabang lupa ng mga lambak sa Tsina, ang karaniwang banayad na klima ay napalitan ng mga bagyo sa tag-init at sinira ng mga pagbaha na dulot ng pag-ulan ang mga pananim. Sa Europa, nangaunti ang mga pagkain, na nagdulot ng taggutom at matinding takot.[4]

Sa lahat ng dako, ang mga tao ay humanap ng mga kasagutan sa mga pagdurusa at kamatayang idinulot ng kakaibang panahon. Ang mga dasal at mga awit ng mga banal na tao ay palaging maririnig sa mga templong Hindu sa India. Ang mga makatang Tsino ay nahirapang humanap ng sagot sa kanilang mga tanong tungkol sa kapighatian at kamatayan. Sa Pransya at Britanya, ang mga mamamayan ay nagsiluhod, natatakot na mangyari sa kanila ang mga mapaminsalang kalamidad na ipinropesiya sa Biblia. Sa Hilagang Amerika, ipinangaral ng mga ministro na pinaparusahan ng Diyos ang mga suwail na Kristiyano, at muli't-muling nagbabala upang paigtingin ang interes ng tao sa relihiyon.

Sa buong kalupaan, dumagsa ang maraming tao sa mga simbahan at sa mga revival meeting sa hangad na malaman kung paano sila maliligtas mula sa mangyayaring delubyo.[5]

Ang pagputok ng Tambora ay nakaapekto sa klima sa Hilagang Amerika hanggang sa sumunod na taon. Natapos ang tagsibol at pumalit ang pag-ulan ng niyebe at nakamamatay na lamig, at ang taong 1816 ay maalaala bilang taon na walang tag-araw.[6] Sa Vermont, sa hilagang-silangang bahagi ng Estados Unidos, ang mababatong burol ay naging balakid sa isang magsasakang nagngangalang

PAGKATAPOS NG MASUSING PAG-IISIP, NI AL ROUNDS

Joseph Smith Sr. sa loob ng ilang taon. Ngunit sa panahong iyon, habang minamasdan niya at ng kanyang asawang si Lucy Mack Smith ang kanilang mga pananim na nabubulok sa patuloy na pag-ulan ng niyebe, batid nilang haharapin nila ang matinding pagkalugi at isang kinabukasang walang katiyakan kung mananatili sila sa lugar na iyon.

Sa edad na apatnapu't lima, hindi na bata si Joseph, Sr. at ang ideya na muling magsimula sa bagong lugar ay nagdulot ng pangamba. Batid niyang ang kanyang mas matatandang anak, ang labingwalong-taong gulang na si Alvin at ang labing-anim na taong gulang na si Hyrum, ay tutulungan siya sa paghawan ng damo sa bukirin, pagtayo ng bahay, at sa pagtatanim at pag-aani ng pananim. Ang kanyang labingtatlong taong gulang na anak, si Sophronia, ay nasa tamang edad na upang tulungan si Lucy sa kanyang mga gawain sa bahay at sa bukid. Ang kanyang mga mas batang anak, ang walong taong gulang na si Samuel at ang limang taong gulang na si William, ay mas nakakatulong na, at ang kanyang tatlong taong gulang na si Katharine at bagong silang na si Don Carlos ay makakatulong din kapag nasa tamang edad na sila.

Ngunit ang kanyang gitnang anak, ang sampung taong gulang na si Joseph Jr., ay may kakaibang kalagayan. Apat na taon na ang nakalilipas, sumailalim si Joseph Jr. sa isang operasyon upang alisin ang impeksyon sa kanyang binti. Mula noon ay naglakad na ito nang nakasaklay. Bagama't lumalakas na ang kanyang binti, makirot pa rin ito kaya paika-ika ang lakad ni Joseph Jr., at hindi matiyak ni Joseph Sr. kung lalaki siyang kasing-lakas nina Alvin at Hyrum.[7]

Lubos ang tiwalang maaasahan nila ang isa't-isa, nagdesisyon ang mga Smith na lisanin ang kanilang tahanan sa Vermont para sa mas magandang lupain.[8] Tulad ng marami sa kanilang lugar, nagpasiya si Joseph Sr. na pumunta sa estado ng New York na kung saan ay umasa siyang makakita ng magandang sakahan na mabibili nila nang hulugan. Pagkatapos ay pasusunurin niya si Lucy at ang mga bata, at muling makapagsisimula ang pamilya.

Sa pag-alis ni Joseph Sr. patungong New York, inihatid siya nina Alvin at Hyrum bago magpaalam. Mahal ni Joseph Sr. ang kanyang asawa at mga anak, ngunit hindi niya nagawang bigyan sila ng katatagan sa buhay. Ang kamalasan at hindi naging matagumpay na pamumuhunan ang naging dahilan kaya nanatiling maralita at walang permanenteng tirahan ang pamilya. Marahil ay iba ang magiging kapalaran nila sa New York.[9]

Noong sumunod na taglamig, sinuong ni Joseph Jr. ang niyebe kasama ang kanyang ina at mga kapatid. Patungo sila sa isang nayon sa New York na nagngangalang Palmyra, malapit sa lugar kung saan nakakita ng magandang sakahan si Joseph Sr. at naghihintay sa kanyang pamilya.

Dahil hindi makakatulong si Joseph Sr. sa paglilipat, minarapat ni Lucy na upahan ang lalaking nagngangalang Ginoong Howard upang patakbuhin ang kanilang bagon. Habang nasa daan, pabayang ginawa ni Ginoong Howard ang kanyang trabaho at agad isinugal at pinang-inom ang perang ibinayad nila sa kanya. At nang makasama nila ang isa pang pamilyang naglalakbay patungong kanluran, pinaalis ni Ginoong Howard si Joseph Jr. sa bagon upang maisakay niya ang mga anak na babae ng kabilang pamilya.

Batid kung gaano kahirap at kasakit para kay Joseph Jr. ang maglakad, makailang-ulit na sinubukang ipaglaban nina Alvin at Hyrum si Joseph kay Ginoong Howard. Subalit sa bawat pagkakataon ay nagagawa niyang pigilan ang mga ito gamit ang hawakan ng kanyang latigo.[10]

Kung mas matanda lamang siya, marahil ay si Joseph na mismo ang lalaban kay Ginoong Howard. Balakid man ang kanyang binti upang makapaglaro at makapagtrabaho, ang kanyang matibay na loob ang nagpalakas sa kanyang mahinang katawan. Bago inoperahan ng mga doktor ang kanyang binti at inalis ang naimpeksyong bahagi ng kanyang buto, nais nilang itali siya o painumin siya ng alak upang mapahupa ang sakit. Ngunit si Joseph ay humiling lamang na hawakan siya ng kanyang Ama.

Gising at alerto siya habang inoopera, maputla ang mukha at tagaktak ang pawis. Ang kanyang ina, na karaniwang matibay ang loob, ay muntik nang hinimatay nang narinig ang kanyang pagsigaw. Pagkatapos noon, pakiwari ni Lucy ay kaya na niyang tiisin ang anuman.[11]

Habang paika-ikang sumasabay sa bagon si Joseph, nakikita niya ang pagtitiis ng kanyang ina sa mga ginagawa ni Ginoong Howard. Dalawandaang milya na ang kanilang nalakbay at napakahaba na ng pagpapasensya ni Lucy sa masamang ugali ng lalaking ito.

Mga isandaang milya mula sa Palmyra, naghahanda si Lucy para sa isa na namang araw ng paglalakbay nang makita niyang patakbong lumalapit sa kanya si Alvin. Itinapon ni Ginoong Howard ang kanilang mga gamit at damit sa daan at balak nang umalis dala ang kanilang mga kabayo at bagon.

Natagpuan ni Lucy ang lalaki sa bar. "At dahil may Diyos sa langit," wika niya, "ang bagon na iyon at ang mga kabayo at maging ang mga bagay na naroon ay akin."

Luminga-linga siya sa bar. Puno ito ng mga lalaki at babae, karamihan sa kanila ay mga manlalakbay ring tulad niya. "Ang lalaking ito," sabi niya, na sinalubong ang kanilang tingin, "ay determinadong kunin mula sa akin ang lahat ng kailangan ko upang maipagpatuloy ang aking paglalakbay, at iiwanan akong may walong bata na naghihikahos."

Sinabi ni Ginoong Howard na nagastos na niya ang perang ibinayad sa kanya ni Lucy upang patakbuhin ang bagon, at hindi na siya makapagpapatuloy pa.

"Wala kang silbi sa akin," sabi ni Lucy. "Ako na mismo ang magpapatakbo ng bagon."

LARAWANG KUHA NI BRAD WALKER STEVENS

Ang visitors' center na ito sa Sharon, Vermont, ay palatandaan ng lugar kung saan isinilang si Joseph Smith noong Disyembre 23, 1805. Ang stone obelisk sa likuran ay may taas na 38 at kalahating talampakan (11.7 m) mula sa ibaba, isang talampakan para sa bawat taon ng kanyang buhay.

Iniwan niya si Ginoong Howard sa bar at isinumpang makakasamang muli ng kanyang mga anak ang kanilang ama, anuman ang mangyari.[12]

Ang daan ay maputik at malamig, ngunit ligtas na nadala ni Lucy ang kanyang pamilya patungo sa Palmyra. Habang minamasdan niya ang kanyang mga anak na mahigpit na yumayakap sa kanilang ama at hinahagkan ang mukha nito, pakiramdam niya ay biniyayaan siya para sa lahat ng hirap na kanyang pinagdaanan upang makarating doon.

Agad na umupa ang pamilya ng isang maliit na bahay sa kabayanan at pinag-usapan kung paano sila magkakaroon ng sariling sakahan.[13] Ang pinakamainam na paraan, na kanilang napagkasunduan, ay magtrabaho hanggang makaipon sila ng sapat na halaga para sa paunang-bayad sa lupa sa kalapit na kakahuyan. Sina Joseph Sr. at kanyang mga mas nakatatandang anak na lalaki ay naghukay ng balon, nagsibak ng kahoy na gagamitin sa paggawa ng mga bakod, at nag-ani ng mga dayami para kumita ng pera, habang sina Lucy at ang mga anak na babae ay gumawa at nagbenta ng mga empanada, root beer, at mga damit na pinalamutian upang makabili ng pagkain para sa pamilya.[14]

Habang lumalaki si Joseph Jr., mas lumalakas na ang kanyang binti at madali na siyang nakakapaglakad sa Palmyra. Sa bayan, nakasalamuha niya ang mga tao mula sa buong rehiyon, at marami sa kanila ay bumabaling sa relihiyon upang matugunan ang kanilang espirituwal na pagkauhaw at maipaliwanag ang mga kahirapan sa buhay. Si Joseph at ang kanyang pamilya ay hindi kasapi ng anumang simbahan, ngunit marami sa kanilang kapitbahay ay sumasamba sa isa sa malapit na chapel ng mga Presbyterian, sa meetinghouse ng mga Baptist, sa bulwagan ng Quaker, o sa campground kung saan ang mga naglalakbay na mga mangangaral na Methodist ay paminsan-minsang nagdaraos ng mga revival meeting.[15]

Noong labindalawang-taong gulang si Joseph, ang mga pagtatalu-talo tungkol sa relihiyon ay laganap na sa Palmyra. Bagama't hindi siya mahilig magbasa, hilig niyang pag-isipan nang malalim ang tungkol sa mga ideya. Nakinig siya sa mga mangangaral, umaasang may matutuhan pa tungkol sa kanyang imortal na kaluluwa, ngunit ang kanilang mga sermon ay karaniwang nagdudulot sa kanya ng pagkabalisa. Sinabi nila na siya ay makasalanan sa isang makasalanang mundo, at walang magagawa kung wala ang mapagpalang biyaya ni Jesucristo. At bagama't naniniwala si Joseph sa mensahe at ikinalungkot ang mga nagawa niyang kasalanan, hindi niya alam kung paano hihingi ng kapatawaran.[16]

Inisip niya na makakatulong sa kanya ang pagsisimba, ngunit hindi siya makapagpasiya kung saan talaga siya sasamba. Ang iba't-ibang simbahan ay walang-katapusang pinagtatalunan kung paano makaliligtas ang mga tao mula sa kasalanan. Matapos niyang makinig sa mga pagtatalong ito, nabagabag si Joseph na makakita ng mga taong pareho lang ang binabasang Biblia ngunit may kani-kanyang pagkaunawa sa mensahe nito. Naniniwala siyang ang katotohanan ng Diyos ay nariyan lamang, ngunit hindi niya alam kung saan ito hahanapin.[17]

Maging ang kanyang mga magulang ay nag-aalangan din. Nagmula sa mga pamilyang Kristiyano sina Lucy at Joseph Sr., at naniniwala sila sa Biblia at kay Jesucristo. Dumadalo sa mga pulong ng simbahan si Lucy at

kadalasang isinasama niya rito ang kanyang mga anak. Hinahanap niya ang tunay na simbahan ni Jesucristo mula nang namatay ang kanyang kapatid maraming taon na ang nakararaan.

Minsan, matapos magkasakit nang malubha ilang araw bago isilang si Joseph, siya ay natakot na mamamatay siya bago mahanap ang katotohanan. Nakadama siya ng isang madilim at mapanglaw na puwang sa pagitan niya at ng Tagapagligtas, at alam niya na siya ay hindi handa para sa susunod na buhay.

Gising na nakahiga buong gabi, nanalangin siya sa Diyos, nangangako sa Kanya na kung hahayaan Niya siyang mabuhay, hananapin niya ang Simbahan ni Jesucristo. Habang siya ay nagdarasal, ang tinig ng Panginoon ay nagsalita sa kanya, tinitiyak sa kanya na kung siya ay hihingi, masusumpungan niya ito. Binisita niya ang iba pang mga simbahan noon, ngunit hindi pa rin niya natagpuan ang nararapat. Kahit na pakiramdam niya ay wala sa mundo ang simbahan ng Tagapagligtas, patuloy siyang naghanap, naniniwala na ang pagsisimba ay mas nakabubuti kaysa sa hindi magsimba.[18]

Tulad ng kanyang asawa, naghahangad si Joseph Sr. para sa katotohanan. Subalit para sa kanya, mas mabuti pang huwag magsimba kaysa magsimba sa maling simbahan. Sinusunod ang payo ng kanyang ama, si Joseph Sr. ay naghanap sa mga banal na kasulatan, masigasig na nagdasal, at naniwalang si Jesucristo ay tunay ngang dumating upang iligtas ang mundo.[19] Subalit hindi niya mapagtugma ang mga nadama niyang totoo sa kaguluhan at pagtatalo na nakita niya sa mga simbahan na nasa paligid niya. Isang gabi ay napanaginipan niya na ang mga nagtatalong mangangaral ay parang mga baka, umuunga habang hinuhukay ang lupa gamit ang kanilang mga sungay, na nagpalalim ng kanyang alalahanin na kaunti lamang ang kanilang alam tungkol sa kaharian ng Diyos.[20]

Lalo lamang nalito si Joseph Jr.habang nakikita niyang hindi nasisiyahan sa mga lokal na simbahan ang kanyang mga magulang.[21] Ang kapakanan ng kanyang kaluluwa ang siyang nakataya, ngunit walang makapagbigay sa kanya ng kapani-paniwalang sagot.

Matapos mag-impok ng pera nang mahigit isang taon, ang mga Smith ay mayroon nang sapat na halaga upang makapagbigay ng paunang-bayad sa isandaang acre ng kagubatan sa Manchester, sa bandang timog ng Palmyra. Doon, maliban sa pagtatrabaho bilang swelduhang magbubukid, kumukuha sila ng maple syrup mula sa mga puno ng maple, nagtatanim ng mga punong namumunga, at naghahawan ng mga damo sa mga bukirin upang mapagtamnan ito.[22]

Habang siya ay tumutulong sa bukirin, patuloy na nag-aalala si Joseph tungkol sa kanyang mga kasalanan at kapakanan ng kanyang kaluluwa. Pumayapa na ang religious revival sa Palmyra, subalit patuloy pa rin sa

Ang tahanang ito na yari sa troso, na matatagpuan malapit sa Palmyra, New York, ay isang replika ng bahay na itinayo roon ng mga Smith pagkatapos nilang lumipat mula sa Vermont. Ang Sagradong Kakahuyan ay nasa likuran.

LARAWANG KUHA NI D. BRENT WALTON

kanilang kumpetisyon ang mga mangangaral para sa mga nagbabalik-loob doon at sa buong rehiyon.[23] Araw at gabi, minasdan ni Joseph ang araw, buwan, at mga bituin na nagsisigalaw sa kalangitan ayon sa pagkakaayos at karingalan ng mga ito at hinangaan ang kagandahan ng mundong puno ng sigla at buhay. Minasdan niya rin ang mga tao sa kanyang paligid at namangha sa lakas at katalinuhan nila. Lahat ay tila nagsisilbing saksi na buhay ang Diyos at nilikha ang tao ayon sa Kanyang larawan. Ngunit paano Siya makakausap ni Joseph?[24]

Sa tag-araw ng 1819, noong labintatlong taong gulang pa lamang si Joseph, nagtipon ang mga mangangaral na Methodist para sa isang kumperensya ilang milya ang layo mula sa sakahan ng mga Smith at nagtungo sa mga bukirin upang hikayatin ang mga pamilya tulad ng pamilya ni Joseph na magbalik-loob. Ang tagumpay ng mga mangangaral na ito ay nagdulot ng pangamba sa ibang mga ministro sa lugar, at hindi naglaon ay tumindi ang kumpitensya sa kung sino ang makapaghihikayat sa mga tao na magbalik-loob.

Dumalo sa mga pulong si Joseph, nakinig sa mga makabagbag-damdaming sermon, at nasaksihan ang mga nagbabalik-loob na sumisigaw sa kaligayahan. Gusto niyang sumigaw kasama nila, ngunit madalas niyang nararamdaman na nasa gitna siya ng digmaan ng mga salita at mga ideya. "Sino sa lahat ng pangkat na ito ang tama; o, lahat ba sila ay pare-parehong mali?" tanong niya sa kanyang sarili. "Kung mayroon mang isang tama sa kanila, alin ito, at paano ko ito malalaman?" Batid niyang kailangan niya ang biyaya at awa ni Cristo, ngunit sa dami ng tao at mga simbahan na pinagtatalunan ang mga katanungan tungkol sa relihiyon, hindi niya alam kung saan ito matatagpuan.[25]

Ang pag-asa na matatagpuan niya ang mga kasagutan—at kapayapaan para sa kanyang kaluluwa—ay tila lumalayo sa kanya. Inisip niya kung paano magagawa ninuman na mahanap ang katotohanan sa gitna ng napakaraming ingay.[26]

Habang nakikinig ng sermon, narinig ni Joseph ang isang ministro na nagbasa mula sa unang kabanata ni Santiago sa Bagong Tipan. "Kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo," sabi niya, "ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kaniya."[27]

Umuwi si Joseph at binasa ang talata sa Biblia. "Wala sa alinmang sipi sa banal na kasulatan ang nakapukaw nang may higit na kapangyarihan sa puso ng tao kaysa sa nagawa nito sa akin sa oras na ito." naalala niya kalaunan. "Tila pumasok ito nang may malakas na kapangyarihan sa bawat himaymay ng aking puso. Paulit-ulit kong pinagmuni-muni ito, nalalaman na kung may tao mang nangangailangan ng karunungan mula sa Diyos, ako yaon." Naghanap na siya noon ng sagot sa Biblia na para bang hawak nito ang lahat ng mga kasagutan. Ngunit ngayon ay sinasabi sa kanya ng Biblia na maaari siyang humingi mismo sa Diyos ng mga kasagutan para sa kanyang mga katanungan.

Nagdesisyon si Joseph na magdasal. Hindi pa siya nakakapagdasal nang malakas noon, ngunit nagtiwala siya sa pangako ng Biblia. "Humingi siyang may pananampalataya, na walang anomang pagaalinlangan," ang itinuro nito.[28] Maririnig ng Diyos ang kanyang mga tanong—kahit asiwang masasambit ang mga ito. ■

Ang kumpletong listahan ng mga gawaing nabanggit ay makukuha sa English sa mgabanal.lds.org.

Ang salitang *Paksa* sa mga tala ay nagpapahiwatig ng karagdagang impormasyon sa online sa mgabanal.lds.org.

MGA TALA

1. Raffles, "Narrative of the Effects of the Eruption," 4–5, 19, 23–24.
2. Raffles, "Narrative of the Effects of the Eruption," 5, 7–8, 11.
3. Wood, *Tambora,* 97.
4. Wood, *Tambora,* 78–120; Statham, *Indian Recollections,* 214; Klingaman at Klingaman, *Year without Summer,* 116–18.
5. Wood, *Tambora,* 81–109; Klingaman and Klingaman, *Year without Summer,* 76–86, 115–20.
6. Klingaman at Klingaman, *Year without Summer,* 48–50, 194–203.
7. Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 131; Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 2, [11]–book 3, [2]. **Paksa:** Joseph Smith's Leg Surgery
8. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 3, [3]; Stilwell, *Migration from Vermont,* 124–50.
9. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 3, [4]; Bushman, *Rough Stone Rolling,* 18–19, 25–28. **Paksa:** Joseph Sr. and Lucy Mack Smith Family
10. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 3, [5]; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 131–32.
11. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 3, [2]; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 131.
12. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 3, [5]–[6]; Lucy Mack Smith, History, 1845, 67; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 132. **Paksa:** Lucy Mack Smith
13. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 3, [6]–[7].
14. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 3, [7]; Tucker, *Origin, Rise, and Progress of Mormonism,* 12. **Paksa:** Joseph Sr. and Lucy Mack Smith Family
15. Cook, *Palmyra and Vicinity,* 247–61. **Paksa:** Palmyra and Manchester; Christian Churches in Joseph Smith's Day
16. Joseph Smith History, circa Summer 1832, 1–2, in *JSP,* H1:11–12.
17. Joseph Smith—History 1:5–6; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, [1]–2, in *JSP,* H1:208–10 (draft 2). **Paksa:** Religious Beliefs in Joseph Smith's Day
18. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 2, [1]–[6]; "Records of the Session of the Presbyterian Church in Palmyra," Mar. 10, 1830.
19. Asael Smith na "My Dear Selfs," Abr. 10, 1799, Asael Smith, sulat at Genealogy Record, 1799, circa 1817 – 46, Church History Library.
20. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, miscellany, [5]; Anderson, *Joseph Smith's New England Heritage,* 161–62.
21. Joseph Smith—History 1:8–10; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 2, in *JSP,* H1:208–10 (draft 2). **Paksa:** Religious Beliefs in Joseph Smith's Day
22. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 3, [8]–[10]; Joseph Smith History, circa Summer 1832, 1, sa *JSP,* H1:11. **Paksa:** Sacred Grove and Smith Family Farm
23. **Paksa:** Awakenings and Revivals
24. Mga Gawa 10:34–35; Joseph Smith History, circa Summer 1832, 2, sa *JSP,* H1:12.
25. Neibaur, Journal, May 24, 1844, available at josephsmithpapers.org; Joseph Smith—History 1:10; Joseph Smith, "Church History," *Times and Seasons,* Mar. 1, 1842, 3:706, in *JSP,* H1:494.
26. Joseph Smith, Journal, Nov. 9–11, 1835, in *JSP,* J1:87; Joseph Smith—History 1:8–9; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 2, in *JSP,* H1:210 (draft 2).
27. "Wm. B. Smith's Last Statement," *Zion's Ensign,* Jan. 13, 1894, 6; James 1:5.
28. Joseph Smith—History 1:11–14; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 2–3, in *JSP,* H1:210–12 (draft 2); James 1:6.

HAWAII

Bilang isang mang-uukit ng kahoy, sinusuportahan ni Feinga ang kanyang asawa, kanilang tatlong anak, at tatlong iba pa na inaaruga nila. Hindi ito naging madali palagi, ngunit sa pamamagitan ng pagtitiwala muna sa Diyos, palaging nagkakaroon ng sapat para sa kanilang pangangailangan.

CHRISTINA SMITH, PHOTOGRAPHER

Feinga Fanguna

Tongatapu, Tonga

Noong ikasal kami ng aking asawa, si ʻAnau, nag-uukit ako ng maliliit na bagay at pumupunta sa paleng-ke upang ibenta ang mga ito. May mga araw na umuuwi ako na may dalang pera, pero may mga araw na wala akong benta.

Sa aking patriarchal blessing, pinangakuan ako na pagpapalain ng Diyos ang ginagawa ng aking mga kamay at gagamitin ko ang aking talento upang tulungan ang mga tao. Natupad ang mga panga-kong ito.

Pinagpala kami sa maraming paraan. Akala ng mga kamag-anak namin ay mayaman kami. Hindi kami mayaman, pero nasa amin ang lahat ng kinakailangan namin dahil inuna namin ang Diyos.

TUMUKLAS PA

Alamin ang iba pang kwento tungkol sa paglalakbay ni Feinga nang may pananampalataya sa **liahona.lds.org.**

Hanapin ang iba pang mga kuwento ng pananampalataya sa Media Library sa LDS.org.

Alamin kung paano ka higit na magiging self-reliant sa pamamagitan ng self-reliance initiative ng Simbahan sa **srs.lds.org.**

Sinabi ko sa kanya na ang nangyari ay hindi aksidente dahil nakatanggap ako ng isang pahiwatig.

SINUNOD KO ANG UNANG IMPRESYON

Isang Linggo pagkauwi ko sa bahay mula sa simbahan, nakatulog ako halos buong hapon.

Madilim na nang magising ako. Sinimulan ko ang aking lingguhang pagpaplano nang may panalangin upang itanong kung paano ko pinakamahusay na mapaglilingkuran ang Panginoon. Nadama ko ang impresyon na mag-home teaching. Alas 8:00 na noon ng gabi, kaya sinabi ko sa sarili ko na sa susunod na Martes ko na lamang ito gagawin, ngunit ang impresyon na gawin ito nang gabing iyon ay mas lumakas.

Naalala ko ang payo na narinig ko kay Elder Ronald A. Rasband ng Korum ng Labindalawang Apostol sa missionary training center sa Lima, Peru, habang ako ay isang guro roon: "Sundin ang unang impresyon." Agad kong tinawagan ang aking companion sa home teaching, ngunit hindi siya sumagot. Nagpasiya akong magpatuloy pa rin.

Umalis ako ng bahay at napansin ang isang batang priest sa aking ward na naglalakad sa kalye. Nilapitan ko siya at tinanong kung masasamahan niya ako. Pumayag siya. Sa unang bahay, ang brother ang nagbukas ng pinto. Sinabi ko sa kanya na nadama kong kailangan kong makita siya. Ngumiti siya at sinabi sa amin na ooperahan siya kinabukasan at magpapasalamat kung babasbasan siya. Binasbasan ko siya, at lumisan kami para sa susunod naming bibisitahin.

Alas 8:40 na ng gabi nang dumating kami sa bahay ng kasunod na pamilya. Nagulat sila nang makita kami dahil gabing-gabi na. Pumasok kami sa kanilang tahanan at napansin na ang ama ay may sakit. Nag-alok ako na bigyan siya ng isang basbas.

Habang papauwi na kami, ibinahagi ko ang Moroni 7:13 sa aking batang companion: "Bawat bagay na nagaanyaya at nang-aakit na gumawa ng mabuti, at ibigin ang Diyos, at maglingkod sa kanya ay pinapatnubayan ng Diyos."

Sinabi ko sa kanya na ang nangyari ay hindi aksidente dahil nakatanggap ako ng isang pahiwatig. Sinabi niya na naniniwala siya dahil bago ako lumapit sa kanya, nanalangin siya upang malaman kung paano makikilala ang Espiritu.

Hindi ko alam kung ang impression na mag-home teaching ay higit na para sa mga pamilyang naka-assign sa akin o para sa batang priest na ito, ngunit nagpapasalamat ako na nakinig ako. Alam ko na dumarating ang mga dakilang pagpapala kapag sinusunod natin ang unang impresyon ng Espiritu. ■

Kenny Quispitupac, Lima, Peru

PAGLALARAWAN NI SIMONE SHIN

BAWAT ISA AY KAILANGAN NG ISANG KAIBIGAN

Nilapitan ko ang mga pintuan ng simbahan na may isang malinaw na pasiya sa aking isipan: "Kung hindi ako makatatagpo ng isang kaibigan sa simbahan ngayon, hindi na ako babalik kailanman." Ilang beses na akong nakadalo dati sa simbahan nang may kasamang kaibigan, ngunit ito ang unang pagkakataon na dumalo ako bilang isang investigator nang ako lamang at *para* sa aking sarili. Nadama ko na kailangan kong sumapi sa Simbahan, ngunit nagkaroon ako ng ilang mga pangamba at alalahanin.

Nang pumasok ako sa simbahan, binati ako ng isang young adult ng magandang ngiti at mahigpit na pakikipagkamay. Nagpakilala siya bilang si Dane McCartney. Nakita ko na si Dane dati, nang sinubukan niyang maglaro para sa koponan ng football sa kolehiyo kung saan kasali ako. Nawala ang pagkabalisa ko nang anyayahan niya akong umupo katabi niya sa mga miting ng Simbahan. Inanyayahan din niya ako sa bahay ng kanyang mga magulang para maghapunan pagkatapos. Hindi ko kailanman nadama na nag-iisa ako noong araw na iyon. Tinulungan ako ni Dane at ng kanyang pamilya na masagot ang marami sa aking mga katanungan. Sumapi ako sa Simbahan makalipas ang ilang linggo.

Kung naging mabait lang sa akin si Dane noong araw na iyon lamang, malamang na umalis na ako ng simbahan pagkatapos ng sacrament meeting at sumuko na, iniisip na sinubukan ko din naman ngunit ang simbahan ay hindi talaga para sa akin. Bagama't mahalagang tunay na maging palakaibigan, ang pagiging isang *kaibigan* ay higit pa kaysa sa pagiging mabait lamang. Ang pagmamahal at suporta ng mga McCartney ay mahalaga sa aking pagbabagong-loob.

Nangyari iyan 14 taon na ang nakalipas. Simula noon ay nakapag-full-time mission na ako, nakapagpakasal na sa templo, at biniyayaan ng limang magagandang mga anak. Nakapagsilbi na rin ako bilang isang bishop at stake president. Nakausap ko ang mga miyembro na tumigil sa pagsisimba dahil pakiramdam nila'y nag-iisa sila at walang mga kaibigan sa simbahan. Nadudurog ang puso ko para sa kanila. Sana ay may tumulong sa kanila tulad ng ginawa ng mga McCartney sa akin.

Nagpapasalamat ako sa aking Ama sa Langit dahil kinaibigan ako ni Dane noong araw na iyon. Umaasa ako na magkakaroon tayo ng lakas ng loob na maging kaibigan sa mga taong nagsisiyasat sa Simbahan, sa mga bago pa lamang, o sa mga nagbabalik dito. ■

Tim Overton, Arizona, USA

Ipinakita sa akin ni Dane na ang pagiging isang kaibigan ay higit pa sa pagiging mabait lamang.

PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

ISANG PAGPAPALA NA KAPANATAGAN

Nang maging malinaw na ang kanser ng aking ama ay ikamamatay na niya, sinabi ng aking ina nang pinanghihinaan ng loob, "Sa palagay ko ay hindi natin makakamit ang ating himala." Sa sandaling iyon, nadama ko na ang aming pamilya ay makatatanggap ng mga himala, kahit na ang pagpapahaba ng buhay ng aking ama ay hindi kasama rito.

Isang himala ang dumating isang umaga nang tinanong ako ng kaibigan kong si Beth kung ano ang aking mga plano para sa araw na iyon. Sinabi ko sa kanya na plano ko sanang magpalipas ng hapon kasama ang aking ama sa ospital, ngunit hindi natuloy ang usapan namin ng mag-aalaga sa bata. Bukas-palad na nag-alok si Beth na bantayan ang aking mga anak upang makasama ko ang aking ama. Nag-alok din siya na magdadala ng hapunan sa aking pamilya. Malaki ang pasasalamat ko sa kanya.

Nang dumating ako sa ospital, walang lakas ang aking ama upang idilat ang kanyang mga mata o kumain ng anumang pagkain. Ngunit ilang sandali pagkatapos ay nakaranas siya ng bugso ng lakas ng katawan. Sa loob ng mahigit na tatlong oras ay gising na gising siya, at nag-usap kami at naglibot pa sa loob ng ward ng ospital nang ilang beses. Walang iba pang mga bisita ang dumalaw noong oras na iyon. Mapalad akong magkaroon ng oras na makasama ko lamang siya.

Nagtawanan at nag-iyakan kami noong araw na iyon. Ibinahagi sa akin ng aking ama ang kanyang damdamin tungkol sa pamamaalam niya sa buhay na ito at ang pinakamahalaga sa kanya—ang kanyang patotoo sa ebanghelyo ni Jesucristo. Ang hapong iyon ay isa sa mga pinakamahalagang alaala ng buhay ko. Namatay siya pagkalipas ng tatlong araw.

Napagtanto ko lamang isang linggo pagkatapos ng kanyang libing na ang huling pagkakataon na naka-usap ko ang aking ama ay noong hapong binantayan ni Beth ang aking mga anak. Habang dumadaloy ang mga luha sa aking mukha, nagpadala ako ng isang email kay Beth na nagpapasalamat para sa kanyang serbisyo

Naantig ako na nagpahiwatig ang Diyos kay Beth upang maging pagpapala siya sa ipinagdasal niyang nawa'y matanggap ko.

PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

at nagpapaliwanag kung gaano ito kahalaga sa akin.

Sumagot si Beth, “May patotoo ako na nais ng Diyos na ipaabot sa atin ang mga pagpapala na kapanatagan at biyaya—lalo na kapag dumaranas tayo ng isang bagay na mahirap. Nagdarasal ako para sa kapanatagan mo at ng iyong pamilya sa panahong ito.”

Naantig ako na nagpahiwatig ang Diyos kay Beth upang maging pagpapala siya sa ipinagdasal niyang nawa’y matanggap ko. Alam ko na ang Diyos ay nagbibigay sa atin ng mga pagpapala na kapanatagan sa mga mahihirap na panahon sa ating buhay. ■

Sarah Bieber, Calgary, Alberta, Canada

Katabi ng aking mga banal na kasulatan ay apat na pangalan mula sa pamilya ng aking asawa na kamakailan ay dinala ko sa templo.

NASAAN ANG AKING KAYAMANAN?

Matapos maihatid ang aking mga anak sa eskuwelahan, nagsimula akong mag-isip tungkol sa natitirang oras sa araw na iyon. Marami akong mga bagay na dapat gawin, ngunit kailangan kong magtrabaho sa pang-gabing oras ko sa ospital, kaya limitado ang oras ko. Maaari akong magtrabaho sa bakuran, manahi ng isang kubrekama para sa kaarawan ng aking pamangkin, o mag-ehersisyo. Pagkatapos ay naalala ko ang isang sipi mula kay Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994):

“Kapag inuna natin ang Diyos, lahat ng iba pang bagay ay nalalagay sa tamang lugar o naglalaho sa ating buhay.” (“The Great Commandment—Love the Lord,” *Ensign,* Mayo 1988, 4).

“Mga Banal na Kasulatan nga!” naisip ko. Umupo ako sa aking mesa at nagpatuloy sa pag-aaral ng banal na kasulatan kung saan ako huminto noong nakaraang araw:

“Huwag kayong mangagtipon ng mga kayamanan sa lupa, na dito’y sumisira ang mga tanga at ang kalawang, at dito’y nanghuhukay at nagsisipagnakaw ang mga magnanakaw:

“Kundi mangagtipon kayo ng mga kayamanan sa langit. . . .

“Sapagka’t kung saan naroon ang iyong kayamanan, doon naman doroon ang iyong puso.” (Mateo 6:19–21).

“Nasaan ang Aking Kayamanan?” naisip ko. Katabi ng aking mga banal na kasulatan ay apat na pangalan mula sa pamilya ng aking asawa na kamakailan ay dinala ko sa templo. Ang mga magulang ng aking asawa ang nauna sa kanilang pamilya na sumapi sa Simbahan. Ginugol ko ang nakaraang dalawang taon sa pagsasaliksik sa angkan ng yumao kong biyenang lalaki. Nagpasiya akong pumunta sa FamilySearch upang malaman kung ang mga ordenansa ay naitala na kumpleto na.

Tiningnan ko ang mga temple icon sa kanyang linya. Nagulat ako na ilang pangalan na inihanda ko para sa mga ordenansa ng pagbubuklod ay hindi naitala bilang kumpleto. Maaaring naiwala ko ang mga card, at ang mga pagbubuklod ay hindi pa nagawa! Kaagad-agad matapos kong mai-print muli ang mga pangalan, isang natatanging ideya ang pumasok sa isipan ko, “Ngayon ay maipagpapatuloy mo na ang iba mo pang gawain sa araw na ito.”

Nakadama ako ng kapayapaan nalalamang inuna ko ang Panginoon. Tinulungan niya akong unahin ang pinakamahalaga. Ang maging maligaya kasama ang aking pamilya sa kawalang-hanggan ang tunay na pinahahalagahan ko. Alam ko na kung uunahin ko muna ang Diyos, lahat ng iba pang mga bagay ay gagana para sa aking espirituwal na kapakinabangan at para sa kapakinabangan ng iba. ■

Ashlee Cornell, Oklahoma, USA

PAGLALARAWAN NI JOSHUA DENNIS

“Tayo’y Ililigtas Niya”

Ni Reid Tateoka

Ang lindol na yumanig sa Japan noong Marso ng 2011 ay pumalo sa 9.0 sa antas ng Richter—ito ay isa sa pinakamalalakas na lindol na naitala sa kasaysayan. Noong panahong iyon, naglilingkod ako bilang pangulo ng Japan Sendai Mission, bahagi ng Japan na pinakamalapit sa sentro ng lindol. Mahigit sa 16,000 katao ang namatay at daan-daang libong mga bahay at gusali ang gumuho sa lindol at sa sumunod na tsunami.

Sa kabila ng malawakang pinsala, hindi kami nawalan ng kahit isang missionary. Sa sumunod na mga araw at linggo, nakita ko ang mga himala sa buhay ng mga missionary na naglilingkod kasama namin. Kapwa noong bago at pagkatapos ng lindol, ang isang mapagmahal na Ama ay bumuo ng isang serye ng mga kaganapan na magliligtas sa Kanyang mga missionary.

Ginabayan sa Ligtas na mga Lugar

Ang mga leadership meeting para sa Koriyama Zone ng aming misyon ay halos palaging ginaganap sa araw ng Huwebes. Sa oras na ito, gayunman, ang pulong ay nakaiskedyul para sa araw ng Biyernes, Marso 11, 2011—ang araw ng lindol. Karaniwang isinasama sa mga leadership meeting ang mga lider ng zone at district lamang. Sa pagkakataong ito, ang lahat ng missionary sa zone ay inanyayahan sa leadership meeting. Nangangahulugan ito na sa araw ng lindol, ang mga missionary ng Japan Sendai na nakatira sa pinakamalapit sa mga nuclear reactor na nasira ng lindol at tsunami ay malayo sa kanilang mga apartment, ligtas na dumadalo sa leadership meeting sa Koriyama chapel. Inilipat sila ng Panginoon sa ligtas na lugar.

Hindi lamang ang mga missionary sa aming leadership meeting ang nagabayan tungo sa kaligtasan bago lumindol. Ang mga missionary ay natututo nang maaga na umasa sa Panginoon at sa mga pahiwatig ng Espiritu. Nang mangyari ang lindol, walang oras na matawagan ang mga lider para sa mga gabay. Ang iba pang mga missionary ay nakaligtas dahil sinunod na nila ang Espiritu, na gumabay sa kanila patungo sa mga protektadong lugar na inihanda ng Ama sa Langit para sa kanila.

Sa gitna ng napakatinding pinsala, pinangalagaan ng Panginoon ang Kanyang mga missionary.

Matapos ang lindol, maraming missionary ang nagpunta sa mga evacuation center. Ang ilang mga zone ay walang pag-aatubiling lumipat sa mga chapel, na nagkaroon lang ng kaunting pinsala at kung saan mas nakaramdam sila ng kapayapaan mula sa Espiritu Santo. Ang ilang mapalad ay nakapanatili sa kanilang mga apartment, na walang heater, tubig, kuryente, o pagkain. Ngunit lahat ay ligtas.

ANG MGA LARAWAN AY IBINIGAY NG AWTOR AT NI MICHAEL REMINGTON

Ginabayan ng mga Harang sa Daan

Noong una, dahil hindi ko alam ang pinsala sa mga nuclear power plant, sinubukan kong pabalikin kaagad ang mga missionary sa kanilang mga apartment mula sa aming leadership meeting pagkatapos ng lindol. Ngunit hinadlangan ng Panginoon ang daan. Walang mga bus o tren na tumatakbo. Kaya patuloy na pinanatili ng Ama sa Langit na ligtas ang mga missionary sa Koriyama.

Inisip ko na kailangan ako sa mission home na malapit sa sentro ng lindol. Ngunit pagkatapos ng walong oras ng pagmamaneho sa mga nasira at masikip na daan, nalaman namin na ang aming daraanan ay naharangan din. Lumalabas na sa pagpapanatili namin sa Koriyama, naging mas madali para sa amin na makatulong sa paglikas ng iba pang mga missionary, isang proseso na nagbigay ng karagdagang katibayan na ang Panginoon ay nagbabantay sa amin.

Kasunod ng lindol ay nagkaroon ng kakulangan sa gasolina. Ang mga trak ng gasolina na makakadaan sa mga sirang kalsada ay umusad nang napakabagal, kaya tatlong oras ang hinintay namin para sa gasolina, kung mayroon man. Ngunit naglaan ng tulong ang Panginoon sa amin sa mga mahimalang paraan. Halimbawa, habang pinalilikas ang mga sister at elder sa Niigata sa kabilang panig ng isla, natanto namin na nagbiyahe kami nang 18 oras sa iisang tangke, na may gas gauge na palaging nakarehistro na "puno." Habang papalapit kami sa Niigata, agad na bumaba ang gas gauge sa "walang laman."

Mapanganib na Paglalakbay

Sa kabutihang palad, ang ating mapagmahal na Ama ay patuloy na nagdirekta ng isang maayos na paglikas sa gitna ng matinding pinsala. Ang paglalakbay sa malayong distansya ay mapanganib. Patuloy ang mga aftershock. Itinigil ang pampublikong transportasyon. Ang mga suplay ng tubig at kuryente ay nahinto, at halos imposible na makabili ng gasolina o pagkain. Lubos na nauunawaan namin ni Sister Tateoka na kami lamang ang makararating sa dalawang elder sa isang bulubunduking lugar at dalawang iba pang elder sa kabila ng bundok sa kabilang panig ng isla. Ang mga Freeway ay sarado, kaya ang huling biyaheng ito ay gugugol ng lima o anim na oras papuntang hilaga hanggang sa bundok sa mga likod-daanan, isa pang dalawa hanggang tatlong oras na biyahe sa mga bundok at pababa sa Tsuruoka, at apat na oras pa pabalik sa kaligtasan.

Maaga kaming umalis noong umaga ng Marso 16 at dumating sa apartment nina Elder Ohsugi at Elder Yuasa bandang alas 5:00 ng hapon. Upang makuha ang huling dalawang elder, kailangan naming maglakbay pabalik

sa timog, sa may tuktok ng bundok, at pababa sa lungsod ng Tsuruoka. Dahil kulang na sa kalahati ang laman ng tangke ng gas, alam namin na hindi kami makababalik. Nang magsimula kaming maglakbay upang kunin ang huling dalawang elder, nagsimulang umulan ng niyebe. Maya-maya, kami'y dinatnan ng isang napakalakas na snowstorm, makakapaglakbay lamang di-lalagpas sa 15 milya (24 km) kada oras. Hindi ko makita ang mga linya sa highway.

Noong 7:30 ng gabi, nang makarating kami sa tuktok, pinatigil kami ng pulisya. Ipinaalam sa akin ng isang opisyal na naharangan ng isang pagguho ang kalsada at nasarhan ang landas sa bundok. Sinabi niya sa akin na hindi kami makakapagpatuloy pa; kinailangan naming bumalik at tahakin ang isang alternatibong ruta sa kabilang panig ng isla sa paligid ng pagguho. Dahil walang sapat na gas upang lumigid sa pagguho, malinaw na wala kaming paraan upang marating sina Elder Lay at Elder Ruefenacht sa Tsuruoka.

Mahimalang Paglalakbay

Nananamlay kaming bumalik ayon sa direksyon ng pulisya. Pinatawagan ko sa mga elder sa van ang bawat miyembro ng Yamagata Ward upang malaman namin kung makahahanap kami ng isang taong makapagbibigay sa amin ng gasolina. Huminto kami at nanalangin nang taimtim, humuhugot ng lahat ng kapangyarihan ng langit sa abot ng makakayanan namin. Nanalangin kami para sa isa pang himala at muling bumaling sa Panginoon.

Tinawagan ng mga missionary ang bawat aktibong miyembro. Ngunit walang sinuman ang may gasolina. Naubusan ng suplay ang mga istasyon ng gas at sarado na. Pagkatapos ay nagkaroon ng pahiwatig sa mga elder na tawagan ang isang di-gaanong aktibong kaibigan, si Brother Tsuchihashi. Muling gumabay sa aming landas ang ating Ama sa Langit. Makapagbibigay sa amin si Brother Tsuchihashi ng 20 litro (5 galon) ng gas. Ngunit upang makatagpo ang butihing kapatid na ito, kailangan kaming maglakbay ng isa pang oras sa hilaga, kabaligtaran ng direksyon kung saan namin kailangang pumunta. Ang dami ng gas ay magiging kapaki-pakinabang ngunit hindi sapat upang pahintulutan kaming maglakbay sa paligid ng pagguho.

Taglay ang pananampalataya, naglakbay kami pahilaga, hindi pa rin alam kung paano namin kukunin ang dalawa pang elder. Nakarating kami sa Shinjo City, kung saan natanggap namin ang 20 litro ng gas. Di nagtagal, tumanggap ako ng isang tawag mula kay Pangulong Yoshida, ang aking counselor, na ngayon ay lubhang nagaalala na hindi pa kami nagbabalik. Tinanong niya kung nasaan kami, at nang sabihin ko sa kanya na sa Shinjo, nagulat siya na napakalayo namin sa aming pupuntahan. Hindi na niya kakayanin pang kami'y marating at matulungang makabalik.

Pagkatapos ay tiningnan niya ang kanyang mapa, at sa basag na boses ay sinabi nang pautal, "May isang di-gaanong pamilyar na daan sa bundok na madaraanan ninyo mula Shinjo patungo sa mga elder sa Tsuruoka." Naghanda ang Panginoon ng isang paraan para mapunta kami sa mismong lugar kung saan kailangan naming maglakbay sa paligid ng pagguho. Ang gasolina na ibinigay sa amin ay eksakto ang dami sa kailangan namin para ligtas na makabiyahe sa paligid ng pagguho at makuha ang mga elder.

GAGABAYAN TAYO NG ESPIRITU

"Bilang bahagi ng plano ng Diyos, ibinigay sa atin ang kaloob na Espiritu Santo. . . . Sa paglalayag natin sa karagatan ng buhay, mahalagang sundin ang mga pahiwatig ng Espiritu Santo. Tutulungan tayo ng Espiritu na umiwas sa mga tukso at panganib, at papanatagin at tutulungan tayo sa mga oras ng pagsubok."

Elder Quentin L. Cook of the Quorum of the Twelve Apostles, "Maayos at Organisadong Tulad sa Bristol: Maging Karapat-dapat sa Templo—Madali Man o Mahirap ang Panahon," *Liahona,* Nob. 2015, 42.

Nang kontakin ko ang bawat missionary pagkatapos ng lindol at nalaman kung paano sila nagabayan papunta sa ligtas na lugar bago pa ang lindol at tsunami, nakadama ako ng labis na pasasalamat. Dalawang missionary, na naprotektahan mula sa tsunami sa pamamagitan ng pagakyat sa ika-apat na palapag ng isang evacuation center, ay nagpahayag ng kanilang pasasalamat sa pagiging ligtas sa panahon ng malaking panganib.

Nadama nila na inilarawan ng mga salita ni Helaman ang kanilang kalagayan: "Kami ay dinalaw ng mga paniniyak ng Panginoon nating Diyos na ililigtas niya kami; oo, hanggang sa siya ay bumulong ng kapayapaan sa aming mga kaluluwa, at nagbigay sa amin ng malaking pananampalataya, at pinapangyaring kami ay umasa ng aming kaligtasan sa kanya" (Alma 58:11). ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

Ang Aking Misyon sa Aking mga Kamag-anak

Ni Andrea Gómez Lagunes

Nang buksan ko ang aking mission call, nagulat ako nang makita na itinalaga ako sa Mexico Veracruz Mission. Ang aking pamilya ay nanirahan sa Veracruz nang ako ay ipinanganak, at ang karamihan sa aking kamag-anak ay naninirahan doon. Kami lamang ang mga miyembro ng Simbahan sa aming pamilya, kaya nasasabik ako sa ideya na magkakaroon ako ng pagkakataong ibahagi ang ebanghelyo sa aking mga kamag-anak.

Gayunpaman, nang naroon na, hindi ako nakapaglingkod sa isang lugar na malapit sa aking mga kamag-anak. Ibinigay ko ang kanilang mga address sa aking mga companion upang mabisita sila.

Noong labinlimang buwan na ako sa misyon, nagsimula akong magkaroon ng mga problema sa tuhod. Masakit na masakit ang aking tuhod at kung minsan ang sakit ay hindi ko makayanan. Nang magpunta ako sa doktor, sa kanyang pagsusuri ay operasyon ang tanging solusyon. Nangangahulugan iyon na maaga akong pauuwiin. Hindi ako makapaniwala na nangyayari ito; tatlong buwan na lang ang natitira sa aking misyon.

Nagpasiya akong bumaling sa Panginoon upang humingi ng kapanatagan at, kung maaari, isang himala. Bilang tugon sa aking panalangin, nadama ko ang lubos na ginhawa sa aking puso. Hinimok ako ng asawa ng aming mission president na may taos-pusong pagmamahal ng isang ina na umuwi upang magpagaling, at sumulat ako sa aking pamilya upang ipaalam sa kanila na darating ako sa loob ng dalawang linggo.

Pagkatapos nito, ininterbyu ako ng aking mission president. Sinabi niya sa akin na nakipag-ugnayan sa kanya ang aking ina at binigyan siya ng isang opsiyon: Maaaring pumunta ang aking ina sa Veracruz upang alagaan ako sa bahay ng aking tiya at tiyo sa panahon ng aking pagpapagaling, dahil kailangan kong itigil sandali ang mga gawaing misyonero. Sinabi sa akin ng aking president na posible ang opsiyong ito ngunit kailangang humingi muna siya ng pahintulot.

Nang malaman ko kalaunan na ipinagkaloob ang pahintulot, nadama ko na lumukso ang aking puso sa kagalakan—maaari na akong manatili at tapusin ang aking misyon! Sinambit ko ang isang panalangin ng pasasalamat.

Ang tanong ng aking mission president ay hindi ko malimutan—bakit ako pinayagan ng Panginoon na manatili at tapusin ang aking misyon?

Sa araw ng operasyon, sinabi sa akin ng aking mission president, "Sister Gómez, kailangan mong alamin kung bakit pinayagan ka ng Panginoon na manatili sa Veracruz." Mula nang sandaling iyon, naghanda akong hanapin ang dahilan.

Nang araw ring iyon, sinabi sa akin ng nanay ko, na dumating na sa Veracruz, "Ang iyong Mamá Lita (lola sa panig ng aking ama) ay dadalawin ka sa ospital upang makita ka. Ito ay isang magandang pagkakataon para tanungin siya tungkol sa iyong mga ninuno."



"Napakagandang ideya!" naisip ko. Halos hindi na ako makapaghintay na tanungin ang aking mga kamag-anak tungkol sa aking mga ninuno. Tinanong ako ni Mamá Lita kung ano ang ibig sabihin ng pagiging isang missionary. Itinuro ko sa kanya ang tungkol sa Panunumbalik at pagkatapos ay sinabi sa kanya ang tungkol sa plano ng kaligtasan, yamang ang aking lolo—ang kanyang asawa—ay namatay na ilang taon na ang nakalipas. Pagkatapos ay sinambit niya ang isang tanong na inaasahan kong itatanong niya: "Magkikita ba kaming muli ng irog ko?"

Napuspos ako ng kagalakan sa kanyang tanong, at sumagot ako, "Siyempre magkikita kayong muli!" Nagningning ang kanyang mga mata. Napakaganda na naibahagi ko ang walang hanggang katotohanang iyon sa kanya. Marami pa siyang mga tanong, lahat niyon ay nakatuon sa plano ng kaligtasan. Kapalit nito, tinanong ko siya tungkol sa aking pamilya upang mapunan ko ang aking family tree. Nadama ko kung paano siya ginabayan ng Espiritu upang maunawaan ang plano ng kaligtasan.

Kalaunan, nang dumalaw ako sa iba pang mga kamag-anak ko, kinausap ko ang aking lola sa ina, na tumulong sa akin na mahanap ang marami pang pangalan ng pamilya. Naibahagi ko rin ang ebang-helyo sa lahat na binisita namin.

Natanto ko kung bakit pinayagan ako ng Diyos na magpunta muna sa Veracruz sa aking misyon at pagkatapos ay manatili roon matapos ang aking operasyon. Nagbalik ako sa aking misyon na may taos na pagkagiliw sa kasaysayan ng pamilya. Salamat sa magiliw na pag-aalaga ng aking ina at natapos ko ang aking misyon.

Namatay ang lola ko sa aking ama pagkalipas ng isang taon, na ikinalungkot ko nang labis. Sa kabilang banda, nadama ko ang pasasalamat at pananabik na maisagawa ang gawain sa templo para sa kanya makalipas ang isang taon. Nang ako ay mabinyagan para sa kanya, hindi ko napigilan ang pagdaloy ng aking luha sa galak. Makakapiling na niya sa wakas ang kanyang irog, kung kanino siya ay kasal nang higit sa 60 taon.

Wala akong duda na alam ng Panginoon ang nasa puso natin. Pinayagan niya akong manatili sa Veracruz upang turuan ang aking pamilya at ipahayag ang mabuting balita na dala ng ating Manunubos, si Jesucristo. Alam ko na balang araw ay makikita kong muli ang aking mga lolo't lola. Responsibilidad nating gawin ang gawain para sa ating mga ninuno upang balang araw ay sasabihin sa atin ng Diyos, "Lumapit ka sa akin, ikaw na pinagpala, may isang pook na inihanda para sa iyo sa mga mansiyon ng aking Ama." (Enos 1:27). ■

Ang awtor ay naninirahan sa Chihuahua, Mexico.

PAGLALARAWAN NI KATY BREADY KLIMA

Ni Elder
M. Russell Ballard
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Si JESUCRISTO
Ang Ating Pinagkukunan ng Kapayapaan

Ang kapayapaan sa ating bagabag na puso ay darating lamang sa atin sa pagsunod natin sa Liwanag ni Cristo.

Nang matapos ang maghapong pagtuturo at pagtatagubilin, iminungkahi ng Panginoon sa Kanyang mga disipulo na tumawid sila sa kabilang pampang ng Dagat ng Galilea.

Habang sila'y naglalayag nang gabing iyon, "nagbangon ang isang malakas na bagyo, at sinasalpukan ang daong ng mga alon, na ano pa't ang daong ay halos natitigib.

"At siya'y natutulog sa hulihan sa ibabaw ng kutson: at siya'y ginising nila, at sinabi sa kaniya, Guro, wala bagang anoman sa iyo na mapahamak tayo?

PAGSASALARAWAN MLA SA REVIEW AND HERALD PUBLISHING/LISENSYADO MULA SA GOODSALT.COM

"At gumising siya, at sinaway ang hangin, at sinabi sa dagat, Pumayapa, tumahimik ka. At humimpil ang hangin, at humusay na totoo ang panahon" (Marcos 4:37–39).

Naiisip ba ninyo ang maaaring iniisip ng mga Apostol habang pinanonood nila ang mga elementong iyon—ang hangin, ulan, at dagat—na sumunod sa mahinahong utos ng kanilang Guro? Bagama'tkatatawag pa lang sa kanila sa banal na pagkaapostol, kilala nila Siya at minamahal at pinaniniwalaan Siya. Iniwan nila ang gawain at mga pamilya nila upang sumunod sa Kanya. Sa maikling panahon, narinig nila Siyang nagtuturo ng mga kagila-gilalas na bagay, at nakita nila Siyang gumagawa ng malalaking himala. Ngunit di nila ito maunawaan, at marahil halata ito sa kanilang mga mukha.

"At sinabi niya sa kanila, Bakit kayo nangatakot? wala pa baga kayong pananampalataya?

"At sila'y nangatakot na lubha, at sila-sila'y nangagsasabihan, Sino nga ito, na pati ng hangin at ng dagat ay tumatalima sa kaniya?" (Marcos 4:40–41).

ANG WALANG HANGGANG KAPAYAPAANG IPINANGANGAKO NI JESUS AY PANLOOB NA KAPAYAPAAN, NA DULOT NG PANANAMPALATAYA, NA PINATIBAY NG PATOTOO, INARUGA NG PAGMAMAHAL.

Sa magulo at minsa'y nakatatakot na panahon, ang walang katapusan at walang hanggang pangako ng kapayapaan ng Tagapagligtas ay nagbibigay ng espesyal na kapangyarihan sa atin, tulad ng mga kasama Niya na maaaring maapektuhan ng Kanyang kakayahang payapain ang mapanganib na mga alon sa Dagat ng Galilea noong gabing iyon na bumabagyo, matagal nang panahon ang nakararaan.

Paghanap sa Kapayapaan ng Kalooban

Tulad din ng mga nabubuhay noong panahon ng Kanyang mortal na ministeryo, may ilan sa atin na hinahanap ang pisikal na kapayapaan at kasaganahan bilang tanda ng kagila-gilalas na kapangyarihan ng Tagapagligtas. Kung minsa'y di natin nauunawaan na ang walang hanggang kapayapaang ipinangangako ni Jesus ay ang panloob na kapayapaan, na dulot ng pananampalataya, na pinatibay ng patotoo, inaruga ng pagmamahal, at ipinakikita sa patuloy na pagsunod at pagsisisi. Ito'y kapayapaan ng espiritu na nadarama ng puso at kaluluwa. Kung tunay na malalaman at mararanasan ang panloob na kapayapaang ito, hindi magkakaroon ng takot sa daigdig na puno ng hidwaan at kaguluhan. Malalaman ng tao sa kaibuturan ng kanyang puso na ang lahat ay maayos hinggil sa mga bagay na sadyang mahalaga.

Walang kapayapaan sa kasalanan. Maaaring may ginhawa, popularidad, katanyagan, at kasaganaan, ngunit walang kapayapaan. "Ang kasamaan ay hindi kailanman kaligayahan" (Alma 41:10). Hindi mapapayapa ang tao kung siya'y namumuhay nang salungat sa inihayag na katotohanan. Walang kapayapaan sa pagiging mapanakit o palaaway. Walang kapayapaan sa kahalayan, kawalang-delikadesa, o pagbibigay nang wala sa lugar. Walang kapayapaan sa pagkagumon sa droga, alak, o pornograpiya. Walang kapayapaan sa pang-aabuso sa iba, ito man ay emosyonal, pisikal, o sekswal, dahil ang mga mapang-abuso ay laging babagabagin sa isipan at espirituwal maliban kung sila'y lalapit kay Cristo nang buong



ILLUSTRATION FROM THE CLASSIC BIBLE ART COLLECTION/LICENSED FROM GOODSALT.COM

WALANG KAPAYAPAAN SA KASALANAN. MAAARING MAY GINHAWA, POPULARIDAD, KATANYAGAN, AT KASAGANAAN, NGUNIT WALANG KAPAYAPAAN. "ANG KASAMAAN AY HINDI KAILANMAN KALIGAYAHAN" (ALMA 41:10).

kababaang-loob at humingi ng patawad ng lubusang pagsisisi.

Naniniwala ako na lahat ay sabik sa "kapayapaan ng Dios, na di masayod ng pagiisip" (Mga Taga Filipos 4:7). Ang kapayapaang iyon sa ating nabagabag na puso ay darating lamang sa atin kapag sumunod tayo sa Liwanag ni Cristo, na "ipinagkakaloob sa bawat tao, upang malaman niya ang mabuti sa masama" (Moroni 7:16), tungo sa pagsisisi ng mga kasalanan at paghingi ng tawad.

"Ang Kapayapaan ay Iniiwan Ko sa Inyo"

Mga ilang oras bago Niya simulan ang maluwalhati ngunit kakila-kilabot na proseso ng Pagbabayad-sala, ginawa ng Panginoong Jesucristo ang mahalagang pangakong ito sa Kanyang mga Apostol: "Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo" (Juan 14:27).

Ipinangangako ba Niya sa Kanyang mahal na mga kasamahan ang uri ng kapayapaan na kinikilala ng daigdig—kaligtasan, seguridad, kawalan ng pagtatalu-talo o paghihirap? Tiyak na taliwas ang sinasabi sa tala ng kasaysayan. Ang sinaunang mga Apostol ay dumanas ng maraming pagsubok at pag-uusig sa nalalabing araw ng kanilang buhay. Marahil iyon ang dahilan kaya idinagdag ng Panginoon ang kabatirang ito sa Kanyang pangako: "Hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man" (Juan 14:27).

"Ang mga bagay na ito ay sinalita ko sa inyo, upang kayo'y magkaroon sa *akin* ng kapayapaan," Patuloy Niya. "Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: nguni't laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan" (Juan 16:33; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ang kapayapaan—tunay na kapayapaan, na nakatanim sa kaibuturan ng inyong pagkatao—ay dumarating lamang sa pamamagitan ng pananampalataya sa Panginoong Jesucristo Kapag natuklasan ang mahalagang katotohanang iyan at naunawaan at ipinamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo, lubos na kapayapaan ang titimo sa puso at kaluluwa ng mga anak ng ating Ama sa Langit. Sinabi ng Tagapagligtas kay Joseph Smith, "Matuto ka sa akin, at makinig sa aking mga salita; lumakad sa kaamuan ng aking Espiritu, at ikaw ay magkakaroon ng kapayapaan sa akin" (D at T 19:23).

Salamat at mapatotohanan ko sa inyo na si Jesus ang Cristo, at siya ang Anak ng Diyos. Sa pagsunod sa Kanya, nang may pananampalataya at pagtitiwala, matatagpuan ng lahat ang matamis na panloob na kapayapaan na alay sa atin ng ebanghelyo. ■

Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2002.

NANINIWALA AKO NA LAHAT AY SABIK SA "KAPAYAPAAN NG DIOS, NA DI MASAYOD NG PAGIISIP" (FILIPOS 4:7).

Kapayapaan sa Mundo kumpara sa KAPAYAPAAN KAY KRISTO

Si Jesucristo ay makapagbibigay sa atin ng pangmatagalang kapayapaan, maging sa mga paghihirap at mga pagsubok.

Ni Sarah Hanson

Sa isang mundong puno ng kaguluhan sa lipunan, pulitika, at relihiyon, ano ang kailangan mo upang magkaroon ng kapayapaan? Mabubuting kaibigan? Isang mapagmahal na pamilya? Kaligtasan at seguridad? Minsan iniisip natin na kailangang matugunanng buhay natin ang mga pangangailangang tulad ng mga ito upang tunay na makaramdam tayo ng kapayapaan. Ngunit ang buhay ay hindi kailanman magiging 100 porsiyento na perpekto at madali. Kaya paano natin haharapin ang mga pagsubok at kasabay nito ay makadama rin ng kapayapaan?

Sinasabi sa atin ng mundo na ang kapayapaan ay madarama lamang kapag walang anumang sigalot. Ngunit hindi iyan totoo! Sa pamamagitan ng Kanyang ebanghelyo, si Jesucristo ay nagbibigay sa atin ng kapayapaan ng kalooban na nahihigitan ang kapayapaan na iniaalok ng mundo. Kung titingnan natin Siya nang may pananampalataya, maaari tayong makadama ng kapayapaan sa anumang sitwasyon.

Itinuro ng Tagapagligtas: "Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: *hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo*" (Juan 14:27; idinagdag ang pagbibigay-diin). Narito ang ilang paraan na ang kapayapaan sa mundo ay naiiba sa kapayapaan ni Jesucristo.

Kapayapaan sa Mundo

1. Ang kapayapaan ay dapat na dumating agad—hindi natin dapat hintayin ito!
2. Hindi ka makahahanap ng kapayapaan sa panahon ng kahirapan.
3. Ang kapayapaan ay ang kawalan ng digmaan.
4. Ang kapayapaan ay dumarating sa pamamagitan ng pamumuhay sa anumang nais mong uri ng buhay.
5. Ang pag-amin sa iyong mga pagkakamali at kahinaan ay hindi nagdudulot ng kapayapaan.
6. Ang kapayapaan ay dumarating sa pagtutuon lamang sa iyong mga pangangailangan.
7. Ang kapayapaan ay dumarating sa paghahanap ng pagsang-ayon ng iba.
8. Dapat nating subukan na maglaan ng sarili nating kapayapaan.

IMAHE NG MUNDO MULA SA GETTY IMAGES

Kapayapaan kay Cristo

1. Kung minsan kailangan nating maghintay ng kapayapaan—ngunit "huwag kang sumuko . . . Magtiwala ka sa Diyos at maniwala sa mabubuting bagay na darating."[1]

2. Maaaring dumating ang kapayapaan kahit sa gitna ng mga pagsubok.

3. Ang kapayapaan ay matatagpuan sa anumang sitwasyon.

4. Ang kapayapaan ay dumarating sa pamamagitan ng pamumuhay ng ebanghelyo at pagsunod sa mga kautusan.

5. Ang taimtim na pagsisisi ay nagdudulot ng kapayapaan. "Ang kagandahan ng salitang *pagsisi* ay ang pangako na makakaiwas sa mga dating problema at gawi at kalungkutan at kasalanan. Ito ay kabilang sa mga pinaka-may pag-asa at naghihikayat—at oo, pinaka mapayapang—mga salita sa bokabularyo ng ebanghelyo."[2]

6. Ang kapayapaan ay nagmumula sa paglilingkod at pagiging isang tagapamayapa para sa iba.

7. Ang kapayapaan ay dumarating habang hinahangad nating maging mas mabuting mga disipulo ni Jesucristo.

8. "Ang uri ng kapayapaan na . . . gantimpala ng kabutihan . . . ay ang ipinangakong kaloob ng misyon at nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas."[3]



Kung gagawin nating pokus ng ating buhay si Jesucristo, tunay na mararamdam natin Siyang "[bubulong] ng kapayapaan sa [ating] mga kaluluwa" (Alma 58:11). Sa mundong ito ay makakaranas tayo ng mahihirap na panahon, ngunit pinagpala tayo na malaman na mayroong isang mapagbabalingan natin sa anumang mapanghamong kalagayan. Sabi ng Panginoon, "Ang mga bagay na ito ay sinalita ko sa inyo, upang kayo'y magkaroon sa akin ng kapayapaan. Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: nguni't laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan" (Juan 16:33). Dahil sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, ang kapayapaan ay posible ngayon at magpakailanman. ■

MGA TALA

1. JeffreyR. Holland, "Dakilang Saserdote ng mga Mabubuting Bagay na Darating," *Liahona,* Ene. 2000, 42.
2. Jeffrey R. Holland, "The Peaceable Things of the Kingdom," *Ensign,* Nob. 1996, 83.
3. Quentin L. Cook, "Kapayapaan sa Sarili: Ang Gantimpala ng Kabutihan," *Liahona,* Mayo 2013, 36.

HINDI MO **MAPAPATIGIL** KUNG ANO ANG NASA **AKING PUSO**

Ni Blossom Larynoh

Nang unang dumating ang Simbahan sa Ghana noong 1978, hindi talaga naunawaan ito at ang mga ginagawa nito ng pamahalaan. Humantong iyon sa maraming haka-haka. Sa paglago ng Simbahan sa sumunod na 10 taon, tumindi rin ang mga haka-haka. Naaalala ko ang naririnig kong sinasabi ng mga tao na ang Estados Unidos ay nagpapadala ng mga tao upang maniktik sa aming pamahalaan. Iyon, kasama ang lahat ng ipinakalat na literatura na anti- Mormon, ang naging dahilan ng labis na pagdududa ng pamahalaan.

Ang Pagpapatigil

Noong Hunyo 14, 1989, ipinasara ng pamahalaan ang mga gusali ng aming Simbahan, pinauwi ang mga missionary, at ipinagbawal ang lahat ng opisyal na gawain ng Simbahan. Tinawag namin ang panahong ito na "ang pagpapatigil." Ngunit bilang isang 18-taong-gulang na babae, ang alam ko lang ay ibinalita isang araw na hindi na kami makakapagsimba. Mayroon pang mga sundalo na nagbabantay sa mga gusali upang tiyakin na hindi kami makakalapit.

Dahil hindi na kami makapagmiting sa aming mga chapel, nakakuha kami ng pahintulot mula sa mga lider ng Simbahan na magdaos ng mga sacrament meeting sa aming mga tahanan. Kung walang may taglay ng priesthood sa inyong tahanan, hihimukin ka na pumunta sa isang bahay na mayroon. Maligalig ang panahong iyon ngunit napakaespesyal din. Ibinahagi namin ang aming mga patotoo, at ito ang nagpalapít sa amin sa isat isa.

Paano Mo Matatawag ang Iyong Sarili na Mormon?

Sa isang pagkakataon sa panahon ng pagpapatigil, kinailangan kong umalis ng bahay upang pumunta sa isang boarding school. Nang makarating ako roon, narinig ng isa sa mga guro na ako ay isang Banal sa mga Huling Araw. Diretsahan niya akong kinausap para sabihan ng hindi magagandang bagay tungkol sa Simbahan. Marami siyang sinabing masasakit na salita. Madalas akong nagtataka, "Bakit mo ako ginugulo at sinasabi sa akin ang mga bagay na ito? Naniniwala ako sa mga turo ng ebanghelyo, ngunit ako ay tao pa rin."

Isang araw ay tinanong niya ako kung paano ko masasabi na ako ay isang Mormon ngayon. Hindi ko ba alam ang tungkol sa pagpapatigil? Ngayon, sa aming kultura, hindi kami nakikipagsagutan sa matatanda. At dahil isa siyang guro hindi ko siya maaaring hamunin. Ngunit nang sandaling iyon, natanto ko na talagang may patotoo ako. Hindi ko alam kung paano lumabas sa bibig ko ang mga salitang ito, ngunit napasaakin ang Espiritu, at tumayo ako at nagsabi, "Ang Simbahan ay nasa aking puso. At walang sinuman ang makapagpapatigil kung ano ang nasa aking puso."

At pagkatapos ay iniwan niya akong mag-isa.

Noong Nobyembre 1990, tinapos na ng pamahalaan ang pagpapatigil

LARAWANG GUHIT NI TOBY NEWSOME

ANG PAGPAPATIGIL SA GHANA

Noong Hunyo 14, 1989, ipinagbawal ng pamahalaan ng Ghana ang Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Lahat ng mga gusali ng Simbahan ay isinara, ngunit ang 6,000 miyembro ay pinahintulutang magdaos ng mga serbisyo sa kanilang mga tahanan. Noong Nobyembre 29, 1990, inalis ng pamahalaan ang pagbabawal at pinahintulutan ang Simbahan na ipagpatuloy ang lahat ng gawain nila. Sa ngayon ay mayroong higit sa 72,000 mga miyembro, isang missionary training center, at isang templo sa Ghana.

Si Blossom ay isang Young Woman sa Ghana noong pinagbawal ng pamahalaan ang mga pagpupulong ng mga LDS.

at sinabi na kaming mga miyembro ng Simbahan ay malayang sumamba muli. Wala kaming mga radyo o telebisyon sa campus ng paaralan, kaya nalaman ko lang dahil narinig ito ng gurong iyon at kaagad na ipinasundo ako sa isang tao. Nang makita niya ako, sinabi ng guro ko, "Hindi na ipinagbabawal ang Simbahan ninyo! Makakapagsimba ka na muli."

Masaya siya para sa akin.

Hindi Nila Mapapatigil kung Ano ang nasa Iyong Puso

Yaong mga nanatili sa Simbahan at sumamba nang sama-sama sa panahon ng pagpapatigil ay lalong tumibay ang pagkakabigkis. Naging tunay kaming magkakapatid. Kahit ngayon, na hiwa-hiwalay na kami ng landas, kung may nangyayari sa isa sa amin, nababalitaan naming lahat ang tungkol dito. Pakiramdam namin ay mga pioneer kami.

Gusto kong sabihin sa mga tao na kung alam mo na ang iyong mga paniniwala ay totoo at mayroon kang patotoo tungkol dito, ay maaari kang magkaroon ng mga pagsubok ngunit hindi kailangang manghina ang iyong pananampalataya. Kung alam mo na ang isang bagay ay totoo at naniniwala ka rito, walang sinuman ang makapaglalayo nito mula sa iyo. Hindi nila mapapatigil kung ano ang nasa iyong puso. ■

Ang awtor ay naninirahan sa California, USA.



Ni Elder Massimo De Feo
Ng Pitumpu

PAANO KO PINALALALIM ANG AKING KAUGNAYAN SA DIYOS

Nang maging 12 taong gulang ako, sinimulan ko na talagang pag-isipan kung paano ako maaaring makibahagi sa ebanghelyo.

Ako ay naninirahan noon sa aking bayan ng Taranto, Italya. Ilang taon pa lamang ang nakalipas mula nang makatagpo namin ng aking kapatid ang mga missionary at naging mga miyembro ng Simbahan, ngunit nagsimulang maramdaman ko ang pananabik na lumahok pa. Nagsimula akong makaramdam ng pagnanais na ipasa ang sacrament. Naaalala ko ang paglalakad papunta sa simbahan tuwing Linggo na may panalangin sa aking puso na tawagin ako upang ipasa ang sacrament.

Isang Linggo ng umaga, tinawag ako ng aking branch president sa kanyang opisina. Sinabi niya, "Massimo, nais ng Panginoon na matanggap mo ang priesthood at maorden na isang deacon."

Nang marinig ko ang mga salitang iyon—"nais [ka] ng Panginoon"—may nakagulat sa akin. Nadama ko na hindi isang tao ang humihiling sa akin na gawin ang isang bagay, kundi ang Panginoon talaga ang *personal* na nagpapaabot ng isang responsibilidad. Nang tingnan ako ng aking branch president, naramdaman ko na ang Panginoon ang nakikipagugnayan sa akin.

Nang simulan kong ipasa ang sacrament tuwing Linggo, nadama ko ang kapangyarihan ng kabanalan sa buhay ko. Nadama kong may pananagutan ako, na kaisa ako, at alam ko na ginagawa ko ang gawain ng Panginoon. Naging mas malapit ako sa Kanya sa pamamagitan ng paglilingkod sa Kanya.

Ang karanasang maramdaman ang kamay ng Panginoon kapwa sa pamamagitan ng aking mga lider at sa aking mga responsibilidad ay nakatulong sa akin na magkaroon ng mas malalim na personal na kaugnayan sa Kanya. Nais kong maging mas kabahagi sa ebanghelyo; habang namumuhay ako nang ganyan, nadarama ko ang presensya ng Diyos sa buhay ko. Ang pagbuo ng ganitong uri ng kaugnayan sa Kanya ay isa sa mga pinakamahalagang bagay na maaari mong gawin sa iyong kabataan.

MAKITA ANG PANGINOON SA INYONG MGA LIDER

Nang makaniig ko ang aking branch president, nakagawa ito ng malalim na espirituwal na impresyon sa akin nang naramdaman ko na ang Panginoon, hindi lamang ang aking branch president, ang nagbibigay sa akin ng isang responsibilidad. Nang makita ko ang Panginoon sa aking lider, nadama kong mas napalapit ako sa Kanya, at ang aking relasyon sa Kanya ay lumalim.

Kung nauunawaan mo bilang isang kabataan na kapag binigyan ka ng tungkulin o kapag naupo ka sa iyong mga klase sa simbahan, naririnig mo ang mga salita ng Ama sa Langit at ni Jesucristo, kung gayon ay makikita mo ang simbahan sa ibang paraan—isang espirituwal na paraan. *Gugustuhin* mong makibahagi sa gawain ng Panginoon. Magkakaroon ka ng malalim na espirituwal na mga karanasan at mas mapapalapit ka sa Kanya bawat Linggo.

BACKGROUND TEXTURE MULA SA GETTY IMAGES

MAKITA ANG PANGINOON SA MGA ORDENANSA

Maaari rin tayong magkaroon ng personal na kaugnayan sa Panginoon kapag nadarama natin ang Kanyang presensya habang nakikibahagi tayo sa mga ordenansa ng ebanghelyo. Kapag tayo ay kabahagi sa mga ordenansa—tulad ng sacrament—alam natin na ang "kapangyarihan ng kabanalan ay makikita" (D at T 84:20). Nang magpasa ako ng sacrament, kahit sa edad na 12 o 13, naramdaman ko talaga na ako ay instrumento sa Kanyang mga kamay. Nadama ko ang presensya at kapangyarihan ng Diyos sa mga ordenansang iyon at ang kapangyarihan ng kabanalan sa buhay ko. Ang pagkakaroon ng sagradong karanasang iyon bawat linggo sa pamamagitan ng pagkilala sa Panginoon sa ordenansang ito ay nakatulong sa akin na palalimin ang aking personal na kaugnayan sa Panginoon.

Hindi ito madarama sa *pagpapasa* lamang ng sacrament. Madarama rin natin ang kapangyarihan ng kabanalan sa *pagtanggap* ng sakramento tuwing Linggo. Kapag tumatanggap tayo ng sakramento, hindi natin dapat gawin ito nang basta-basta o paminsan-minsan o nagkataon lamang. Dapat tayong magnais, magpasiya, at maghanda na tumanggap ng sakramento, at ang lahat ng ito ay magpapahintulot sa atin na madama ang kapangyarihan ng kabanalan sa ating buhay. Dapat nating gamitin ang sakramento bilang isang makapangyarihang espirituwal na kasangkapan upang mapalalim ang ating kaugnayan sa Diyos at ihanda ang ating sarili para sa mga pang-araw-araw na hamon ng buhay.

ISANG MALALIM NA PERSONAL NA KAUGNAYAN

Magpasya ngayon na bumuo ng isang malalim na personal na kaugnayan sa Panginoon. Kapag nararamdaman mong mas malapit ka sa Kanya, mas magiging madaling maglingkod sa Kanya.

Pinangangalagaan ng Panginoon ang bawat isa sa atin nang personal. Kapag dumadalo tayo sa simbahan, naririnig natin ang Kanyang mga salita. Kapag tumatanggap tayo ng sakramento, tinutupad natin ang Kanyang mga sagradong ordenansa. Kailangan nating kilalanin ang presensya at kapangyarihan ng Diyos sa ating mga pinuno at sa mga ordenansa upang mapalalim natin ang ating personal na kaugnayan sa Kanya. ■

PAGPAPAUBAYA NG AKING MGA ALALAHANIN SA DIYOS

Nang malaman ko na may matinding pinagdadaanan ang aking kaibigan, nagsikap akong makahanap ng kapayapaan.

Ni Ninoska Nawrath

Nang hindi sumipot sa klase noong isang Biyernes ang aking kaibigang si Fernanda (hindi kanyang tunay na pangalan), nagtaka ako kung ano ang problema. "May sakit ba si Fer? OK ba siya?" tanong ko habang humahangos papunta sa ilang kaibigan sa pagtatapos ng araw. "Wala siyang sakit," sagot ng isa pang kaibigan, "kailangan lang niyang pumunta sa isang psychologist." Nang tinanong ko kung bakit, sinabi niya sa akin na may depresyon si Fernanda at sinasaktan ang sarili. Di-nagtagal nalaman ko na ipinasok sa ospital si Fernanda para gamutin, at hindi namin siya nakita nang ilang linggo.

Kahit magkaibigan kami, hindi niya naibahagi sa akin ang parteng

LARAWAN NG MGA KAMAY MULA SA GETTY IMAGES

PAGLALARAWANG GINAMITAN NG MODELO

iyon ng kanyang buhay. Itinago niya ito mula sa lahat sapagkat nahihiya siya. Kalaunan ay sinabi niya sa akin na ayaw niyang kaawaan siya o ang kanyang sitwasyon. Ngunit hindi ako naawa sa kanya—nakaramdam lang ako ng habag.

Nang unang araw na iyon, humiga ako sa aking kama pagkatapos ng eskuwela, nakasubsob ang aking mukha sa isang unan. Nakaramdam ako ng matinding pagod ngunit hindi makatulog sa sobrang pagkabalisa. Magulo sa akin ang mundo. Ramdam ko na parang nasa kalagitnaan ako ng unos, at napakaraming saloobin at damdamin ang pumapaikot sa hangin. Nadama kong ako'y nalilito, nag-iisa, at higit sa lahat, walang magawa para makatulong.

Paano Ako Makakatulong?

Ano ang magagawa ko o sasabihin upang tulungan siya? Paano kami magkakasama-sama bilang mga kaibigan at makapagbibigay ng aming suporta? Hindi ako makahanap ng anumang uri ng solusyon upang panatagin ang aking mga kaibigan o ang sarili ko. Nanalangin ako para sa inspirasyon ngunit nadama ko lang na hindi nasasagot ang aking mga dalangin.

Ngunit nang sumunod na linggo ay nagkaroon ako ng manipestasyon. Nakaupo ako sa klase sa maagang umaga ng seminary nang ipinaalala sa amin ng aming guro ang Unang Pangitain at kung paanong humiling ng tulong si Joseph Smith sa Ama sa Langit nang direkta tungkol sa kanyang mga paghihirap at alalahanin. Saka sinabi ng guro ko, "Kung hahanapin natin ang Ama at hihiling sa Kanya, sasagutin Niya tayo. Hindi tayo kailanman mag-iisa."

Natanto ko na sa aking kalungkutan, isinara ko ang aking puso sa aking Ama sa Langit. Kahit nagsisikap ako na manalangin nang madalas, hindi sapat iyon—masyado pa rin akong nangangamba sa paghahanap ng kapayapaan. Alam ko na naiintindihan Niya ang talagang nadarama ko at matutulungan Niya ako. Ngunit kailangan kong buksan ang sarili ko sa Kanya at tunay na magtiwala na kaya Niya itong gawin—kinailangan kong manampalataya.

Ginawa ko nga iyon. Sa paglipas ng panahon, habang patuloy akong nagdarasal at nagbabasa ng mga banal na kasulatan, nagsisikap na ipaubaya sa Tagapagligtas ang aking mga pasanin, naunawaan ko na sa huli ay matatapos ang depresyon ng aking kaibigan. Kahit nariyan pa rin ang kaguluhan, ako ay panatag, balanse, at payapa. Patuloy na hinikayat ako ng aking ina na hanapin ang kapayapaan, at sinabi, "Magiging OK ang kaibigan mo at ganoon din ikaw. Manatiling matatag sa ebanghelyo, at magiging maayos ang lahat."

Pagsuporta sa Aking Kaibigan

Nang sa wakas ay bumalik na si Fernanda sa paaralan, nakapagbigay ako ng malakas na suporta para sa kanya, ngunit iyon ay dahil lamang sa hinanap at natagpuan ko mismo ang kapayapaan sa pamamagitan ni Jesucristo. Sinikap kong maging isang mabuting tagapakinig, maging positibo, at maibahagi ang ebanghelyo. Tiwala ako nang ipinaliwanag ko ang plano ng kaligayahan at nang sabihin ko sa kanya na nais ng ating Ama na makahanap tayo ng kagalakan, sa kabila ng mga hamon sa atin. Maaaring tumagal ito, ngunit posibleng mangyari para sa bawat isa sa Kanyang mga anak.

Nagkaroon ng maraming mga sitwasyon sa aking buhay kung saan naramdaman ko ang pagdurusa at kalungkutan, ngunit dahil sa ebanghelyo ay lagi kong naaalala kung saan ako nanggaling. Alam ko na ako ay anak na babae ng Diyos at mayroon Siyang plano para sa akin—at para kay Fernanda. Tayong lahat ay tumatahak sa kani-kanyang landas, ngunit ang bawat isa ay para sa ating kabutihan dahil mahal Niya tayo. Ang bawat landas, bawat pagsubok, ay may layunin. At kung makakahanap tayo ng kapayapaan sa mga pagsubok na iyon, maibabahagi natin sa iba ang kapayapaan na nakuha natin. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Maule, Chile.

DEPRESYON: PAANO TUMUGON

Kung mayroon kang kaibigan na may depresyon, pagsikapan nang lubos na pakinggan at tulungan siya sa kanyang mga pagsubok. Kailangan niya ang iyong pagmamahal. Humingi ng payo sa iyong mga magulang. Tiyaking alam ng mga magulang ng iyong kaibigan (kahit ayaw ng iyong kaibigan na malaman nila) at humingi ng payo sa kanila kung paano ka makakatulong. Kung malala ang sitwasyon (tulad ng pananakit sa kanilang sarili), at alam ng kanyang mga magulang ngunit walang ginagawa, sabihin ito sa isang titser, tagapayo sa paaralan, o lider ng Simbahan.



AT ITO ANG
BUHAY NA WALANG HANGGAN,
NA IKAW AY
MAKILALA NILA NA

IISANG DIOS NA TUNAY, AT SIYANG IYONG SINUGO, SA MAKATUWID BAGA'Y SI **JESUCRISTO.**

Juan 17:3

LARAWAN MULA SA GETTY IMAGES

1 Nephi 3:7

Inutusan ng Panginoon si Nephi na humayo at gumawa.

PAGLALARAWAN NI KATIE PAYNE

1 HAHAYO AKO

"Ipinapakita ninyo ang inyong tiwala sa Kanya kapag nakikinig kayo na taglay ang hangaring matuto at magsisi at pagkatapos ay humayo at gawin kung anuman ang hinihiling Niya. Kung sapat kayong nagtitiwala sa Diyos at pakikinggan ang Kanyang mensahe sa bawat sermon, awitin, at panalangin sa kumperensyang ito, matatagpuan ninyo ito. At kung hahayo kayo at gagawin ang ipinagagawa Niya sa inyo, lalaki ang kapangyarihan ninyong magtiwala sa Kanya, at darating ang panahon na mapupuspos kayo ng pasasalamat na malaman na napagkatiwalaan na Niya kayo."

Pangulong Henry B. Eyring, Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Magtiwala sa Diyos, Pagkatapos ay Humayo at Gumawa," *Liahona* Nob. 2010, 73.

2 GUMAWA

"Ginawa ko itong panuntunan: *Kapag inutos ng Panginoon, gawin ito.*"

Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Jospeh Smith (2007), 185.

1 2

7 At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, ay nangusap sa aking ama: [a]Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon, sapagkat nalalaman ko na ang Panginoon ay hindi magbibigay ng mga [b]kautusan sa mga anak ng tao, maliban sa siya ay [c]maghahanda ng paraan para sa kanila upang kanilang maisagawa ang bagay na kanyang ipinag-uutos sa kanila.

4 5 3

3 INIUTOS NG PANGINOON

"Ang bawat utos ng Panginoon ay ibinigay para sa ating pag-unlad, pagsulong, at paglaki."

Elder Robert D. Hales (1932–2017) ng Korum ng Labindalawang Apostol, "If Thou Wilt Enter into Life, Keep the Commandments," *Ensign*, Mayo 1996, 36.

4 MAGHAHANDA SIYA NG PARAAN

Sa Lumang Tipan, ang maghanda ng paraan ay nangangahulugang magtatag ng maayos na daan (tingnan sa Deuteronomio 19:3) o gawing malinaw ang daan sa pamamagitan ng pag-aalis ng mga balakid (tingnan sa Isaias 40:3).

Kapag ang Panginoon ay nagbibigay sa atin ng isang kautusan, Siya ay laging maghahanda ng paraan para sa atin kung tayo ay handang magtiwala sa Kanya at sumunod. Ngunit tulad ni Nephi, dapat kumilos muna tayo nang may pananampalataya; kung gayon ay magpapakita ang daan, dahil ang Panginoon ay "gumagawa sa pamamagitan ng kapangyarihan, alinsunod sa pananampalataya ng mga anak ng tao" (Moroni 10:7).

5 TUPARIN

"Kung magkaroon kayo ng pananampalataya . . . sa inyo'y hindi may pangyayari."

Mateo 17:20

Paunawa ng patnugot: Ang pahinang ito ay hindi nilayong magbigay ng ganap na paliwanag sa piniling talata sa doctrinal mastery, kundi bilang panimula lamang para sa sarili ninyong pag-aaral.

Paano ko mapapakiusapan ang aking mga kaibigan na huwag magsalita nang nakasasakit o hindi naaangkop tungkol sa iba?

Tsismis, masasakit na salita, kabastusan—malamang narinig mo na ang mga iyan habang naglalakad sa mga pasilyo ng paaralan. Kung minsan ang mga kaibigan mo ang gumagawa nito, at maaaring hindi ka mapalagay at hindi ka sigurado kung paano ito haharapin, pero makakagawa ka ng pagbabago sa pagiging mabuting halimbawa.

Kahit pa hindi madali na pagsabihan ang iba, tandaan na "nasasaktan ang Panginoon at ang iba sa lapastangan, bulgar o magaspang na salita o kilos, maging sa malalaswang biro,"[1] At maski sabihin nang pabiro, ang mga masasakit na salita ay nakakasakit pa rin.

Kung ang mga kaibigan mo ay nagsasabi ng mga di-angkop o masasakit tungkol sa iba, "magiliw silang hikayating gumamit ng ibang salita. Kung magpipilit sila, magalang na lumayo o ibahin ang usapan."[2] Ipaliwanag na naniniwala ka na ang bawat tao ay anak ng Diyos at kailangang galangin nang naaayon. Piliing maging mapagsuportang kaibigan sa lahat, sa halip na maging isang kaaway na namimintas at nanlalait ng iba. Ang matibay na halimbawa mo ay magiging huwaran para sa iyong mga kaibigan.

Itinuturo ng *Para sa Lakas ng mga Kabataan* na "ang malinis at matalinong pananalita ay patunay ng maaliwalas at mabuting isipan."[3] Hayaan ang iyong mga salita na sumalamin sa iyong mga paniniwala, at ang Espiritu ay mananatili sa iyo upang magbigay gabay sa ganitong mahihirap na sitwasyon.

At magtiwala ka—igagalang ka ng mga totoong kaibigan sa desisyon mong gumamit ng malinis at nakapagpapalakas na pananalit na nagpapatingkad ng magagandang katangian ng iba.

Tulungan ang Isa't Isa na Manatiling Positibo

Kami ng mga kaibigan ko ay may mga pulseras, at tuwing isa sa amin ay magsasabi ng nakasasakit sa kapwa, pipitikin namin ang pulseras ng nagsabi. Ito ay magandang paalala na panatilihing positibo ang aming pag-iisip at pananalita.

Caroline J., edad 18, Utah, USA

Humingi ng Tulong sa Diyos

Ang panalangin ay makatutulong sa iyo na makakuha ng lakas mula sa Diyos upang malaman kung paano makipag-usap sa iba. Una, alamin sa Panginoon kung ano ang sasabihin sa iyong mga kaibigan. Hingin din sa Kanya na tulungan ang mga kaibigan mo na maunawaan ang kahalagahan ng pagtingin sa ibang tao bilang mga minamahal na mga anak ng Ama sa Langit. Bigyang-diin ang kahalagahan na makita ang magaganda sa mga tao at ang hindi pagsasabi ng mga hindi maganda tungkol sa kanila.

Victória Kércia M., edad 19, Piauí, Brazil

Tanggapin ang Pagkakaiba-iba nang may Pagmamahal

Alam dapat ng mga kaibigan ko na dahil may iba-iba kaming mga kalakasan, makikinabang kami sa isa't-isa. Sa kabila ng pagiging di-perpekto ng mga tao, dapat ay mas minamahal natin sila, at dapat din tayong maniwala sa kapangyarihan na magbago na masusumpungan sa nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas.

Esther M., edad 19, Mbujimayi, Democratic Republic of the Congo

Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.

Maging Direkta

Maaaring sabihin mo lang sa mga kaibigan mo nang maayos, "Oy, itigil ninyo iyan. Ayoko ng ganyan," o "Pakiusap naman, huwag kayong magsalita ng ganyan. Bastos iyan." Pagkatapos ng lahat, isa sa dalawang dakilang kautusan ay ang "iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili" (Mateo 22:39).

Clayton P., edad 14, Arizona, USA

Baguhin ang Kanilang Pananaw

Maaaring sabihin mo lang sa kanila na hindi tama ang ginagawa nila at dapat nilang sikapin na magpasaya ng tao kaysa magpalungkot. Maaari mo rin silang tanungin kung ano ang mararamdaman nila kung sila ang tumatanggap ng masasakit na salita mula sa ibang tao. Tulungan silang makita ang sitwasyon mula sa ibang pananaw. Sa pagtulong sa ibang tao na maging mas mabuti, mas madalas mong mararamdaman ang Espiritu, at pagpapalain ka ng Panginoon dahil sa mabubuti mong gawa.

Darren O., edad 15, Utah, USA

Lakasan Mo ang Iyong Loob

Tulad nina Ester, Joseph Smith, Jose ng Ehipto, at iba pang mga tauhan sa banal na kasulatan, maaari mong lakasan ang loob mo na pigilan ang mga kaibigan mo sa pagsasalita ng di-angkop tungkol sa iba. Naranasan ko rin ang sitwasyong iyan, at nilakasan ko ang loob ko na kausapin ang mga kaibigan ko nang may pagmamahal at pang-unawa. Sa huli, tinanggap nila at inunawa kung gaano kahalaga na gumamit ng malinis at nararapat na pananalita! Bukod sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan at pagdarasal, ang pag-aayuno ay higit na nakatutulong sa ganoong mga sitwasyon. Ipanalangin at hilingin nang may pananampalataya na ang ating Ama sa Langit ay magbibigay sa iyo ng lakas ng loob na magsalita at maantig ang puso ng mga kaibigan mo.

Paola H., edad 17, San Salvador, El Salvador

Maging Isang Halimbawa

Ang pinakamainam na paraan upang gawin ito ay ang pagpapakita ng halimbawa. Magkusa na magsabi ng mga mabubuti at positibong bagay tungkol sa sinumang napapag-usapan. Mamamangha ka na napakabilis nitong nababago ang pag-uusap.

Elder Eads, edad 24, Korea Seoul South Mission

Ipaliwanag ang mga Negatibong Epekton

Sabihin sa mga kaibigan mo kung gaano kadaming mga positibong karanasan at pakikipag-ugnayan sa ibang tao ang napapalampas nila. Ipaliwanag na ang pagmumura ay hindi maganda dahil inilalayo ka nito sa ibang mga tao at pinapasama ang iyong isipan. Bukod pa riyan, iiwasan ka ng mabubuting tao kapag gumamit ka ng masasamang salita.

Elisa Ferreira S., edad 16, Minas Gerais, Brazil

MATINDI ANG EPEKTO NG MGA SALITA

"Matindi ang epekto ng mga salita, nagpapasaya at nagpapalungkot ito. Marahil ay maaalala nating lahat ang mga negatibong salitang nakapagpahina ng ating loob at ang iba pang mga salitang magiliw na sinambit na nagpasigla sa ating espiritu. Ang pasiyang sabihin lamang ang mabubuting bagay tungkol sa—at sa—iba ay nagpapasigla at nagpapalakas sa mga nasa paligid natin at tumutulong sa iba na sumunod sa paraan ng Tagapagligtas."

Jean B. Bingham, Relief Society General President, "Dadalhin Ko ang Liwanag ng Ebanghelyo sa Aking Tahanan," *Liahona*, Nob. 2016, 7.

MGA TALA

1. *Tapat sa Pananampalataya: Isang Sanggunian sa Ebanghelyo* (2006), 42.
2. *Tapat sa Pananampalataya* 43.
3. *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (buklet, 2011), 20.

SUSUNOD NA TANONG

"Matagal na akong nahihirapang iwasan ang mga tuksong iyon. Nakakapanlumo ito. Paano ko mapaglalabanan ang mga ito?"

Ipadala ang iyong sagot at, kung nais mo, isang high-resolution na larawan bago sumapit ang Marso 15, 2018, sa liahona.lds.org (i-klik ang "Submit an Article").

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para paikliin o linawin pa ito.

*"Ako'y kabilang sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Alam ko kung sino ako. Alam ko ang Plano ng Diyos" (*Children's Songbook, *77).*

Katatapos lang ng unang pagsisimba ni Easton sa Germany. Inakala niyang magiging iba ito, ngunit halos katulad din ito ng pagsisimba niya sa kinalakihan niya sa Estados Unidos. Ngunit dito lamang siya nakapagsuot ng headphones para makinig sa mga mensahe na isinalin sa Ingles.

Nakipagkwentuhan si Inay at si Itay sa pamilyang nakaupo sa likuran nila. Mukhang may anak sila na lalake na kasing edad niya!

"Sila ang mga Finottos," wika ni Inay kay Easton. "Si GianMarco ay makakasama mo sa iyong klase sa paaralan."

"Ayos!" Nginitian ni Easton si GianMarco. Ang pangalan niya ay katunog ng "John" at "Mark" na pinagdugtong—na may "o" sa dulo. "Taga-saan ka?"

Pagtatanggol sa Simbahan

Nina Tracie Carter at Maryssa Dennis
Batay sa tunay na buhay

PAGLALARAWAN NI KEITH LARSON

Nginitian din siya ni GianMarco. "Taga-Italy kami. Pero kalilipat lang ng pamilya namin dito mula sa Tsina."

"Wow!" sabi ni Easton. "Di pa ako nakakarating sa China."

Sa sumunod na araw, pumasok si Easton sa kanyang bagong paaralan. Medyo kabado siya noon. Ngunit nakita niya si GianMarco na kinakawayan siya sa tapat ng kanilang silid. Kahit papaano, may isang kaibigan na siya. May mga batang mula sa iba-ibang dako ng mundo sa klase nila. Siguro magugustuhan niya ang paaralan na ito.

"Magandang umaga!" Nginitian ng guro ang lahat. "Ako si Bb. Albano. Bilang panimula, may maka-kapagsabi ba sa akin kung ano ang kahulugan ng *pagkakakilanlan*?"

Isang babae ang nagtaas ng kamay. "Ito ay kung sino ka. Ano ang mahalaga para sa iyo."

"Eksakto!" sabi ni Bb. Albano. "Kaya kikilalanin natin ang isa't-isa. Ano ang ilang mga bagay na bahagi ng inyong pagkakakilanlan? Paano ka naging *ikaw*?"

"Gusto ko ng mga video games!" sabi ng babae sa unahan. Ngumiti si Bb. Albano at sinulat ang *libangan* sa pisara. "Ano pa?"

Tinaas ni GianMarco ang kanyang kamay. "Taga Italy po ako." Tumango si Bb. Albano at sinulat ang *bansa*.

Nag-isip si Easton ng pwedeng maisa-got. "Nagsisimba po ako," sabi ng isang lalaki sa likuran.

"Maganda iyan!" Naisip ni Easton. "Sinabi ko sana iyon."

May tumawa. Tapos nagtawanan ang mga bata. Tumingin si Easton kay GianMarco nang nagtataka. Mukhang nagtataka rin si GianMarco. Bakit sila tumatawa?

Pagkauwi niya, ikinuwento ni Easton kay Inay ang nangyari.

Nalungkot si Inay. "May mga taong hindi nauunawa-an kung bakit mahalaga ang pagsisimba. Tingin nila ay hindi ito mahalaga."

"Oh," sabi ni Easton. Palagay naman niya mahalaga talaga ang pagsisimba.

Pagkaraan ng ilang linggo, sinabi ni Bb. Albano sa kanyang mga estudyante na gumawa ng presentasyon kasama ang isang magulang tungkol sa pagkakakilanlan ng kanilang mga pamilya.

"Ano ang dapat na maging proyekyo natin?" Tinanong ni Inay habang naghahain sila ng hapunan.

Inalala ni Easton kung paano nagtawanan ang kla-se. "Siguro gawin natin ang tungkol sa Simbahan," sabi ni Easton.

Ngumiti si Inay. "Magandang ideya iyan."

"Pwede ba natin ito gawin kasama sina GianMarco at Sister Finotto?"

"Magandang iyan. Tatawagan ko sila pagkatapos ng hapunan."

Kinabukasa'y dumating sina GianMarco at Sister Finotto. Una pinag-usapan nila kung ano sa palagay nila ang pinakamahalaga tungkol sa Simbahan. Isinulat ni Inay ang lahat ng mga naisip nila sa isang talaan. Pag-katapos ay kumuha sila ng mga poster board at naka-kita ng mga larawan ni Jesus at ng mga propeta at mga templo na ididikit.

Sa wakas oras na para sa kanilang presentasyon. Tumayo si Easton kasama si GianMarco at ang kanilang mga ina sa harap ng klase. Huminga siya nang malalim.

Ako ay anak ng Diyos

Ako'y Naniniwala Kay Cristo

Miyembro ako ng isang pamilya

"Kami ay mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw;" pasimula niya. Nag-salitan sila ng pagpapaliwanag tungkol sa Simbahan. Tinalakay ni GianMarco ang tungkol sa mga banal na kasulatan. Tinalakay ni Inay ang tungkol sa mga propeta. Tinalakay ni Sister Finotto ang tungkol sa family home evening. Tinalakay ni Easton ang tungkol sa pagbibinyag. Ayos talaga iyon!

Maganda talaga ang pakiramdam ni Easton nang matapos sila. Walang tumawa—lubhang nasiyahan ang mga bata! Masaya siyang nakapagbahagi ng isang mahalagang bagay sa kanyang klase. Napangiti siya. Alam niya ang kanyang pagkakakilanlan. Siya ay anak ng Diyos! ■

Ang mga awtor ay naninirahan sa Baden-Württemberg, Germany, at Utah, USA.

MGA ANAK NG DIYOS

"Paano mo matutuklasan ang iyong *pagkakakilanlan*? Una, alalahanin mo na anak ka ng Diyos."

Pangulong Russell M. Nelson, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Identity, Priority, and Blessings," *Ensign*, Agosto 2001, 11.

Pagbabahagi ng mga Handog

Mula sa panayam ni Marissa Widdison, Church Magazines

Olá!
Ang pangalan ko ay Alice,
at sinusubukan kong MAGNINGNING sa pamamagitan ng PAGPAPAKITA NG PASASALAMAT!

ISANG PAMILYANG NAKATAYO SA HARAP NG SÃO PAULO BRAZIL TEMPLE

1. Pagpapatugtog ng mga Himno

Nakatira ako sa Brazil kasama ng mga magulang at kapatid kong lalaki at babae. Ang kapatid kong si Julia at ako ay tumutugtog ng piano para sa sacrament meeting ng ward namin.

Masasayang Pakiramdam

Kapag nagpapakita tayo ng pasasalamat, pinagpapala tayo ng Panginoon ng masasayang pakiramdam mula sa Espiritu Santo.

3. Pagbabalik

Kalaunan ay sinimulan kong tugtugin ang mga himno sa plauta. Nais kong gumawa ng isang bagay upang magpasalamat kay Brother Stahlke dahil sa regalo. Kaya pinag-aralan ko ang himnong "Dakilang Karunungan at Pag-Ibig," (*Mga Himno,* blg. 116). Hiniling ko sa aking ama na dalhin ako sa bahay ni Brother Stahlke upang maipakita ko sa kanya na ang kanyang regalo ay nakatulong sa aking makatuklas ng bagong talento.

2. Isang Di-inaasahang Handog

Isang Linggo, isang lalaking nagngangalang Brother Stahlke ang nagbigay sa amin ng regalo. Sabi niya ito'y isang regalo ng pasasalamat sa amin dahil sa pagtugtog namin tuwing Linggo. Nang buksan namin ang kahon, nakita namin sa loob ang isang espesyal na uri ng plauta! Binuo ko ang plauta at sinimulan itong tugtugin. Nabighani ako sa tunog nito.

4. Espesyal na Panaginip

Nang tinugtugan ko si Brother Stahlke, naging masaya siya at emosyonal. Sinabi niya na napanaginipan niya ang himnong ito kagabi lamang! Naramdaman ko ang pagmamahal ng Diyos sa kanya at sa akin.

PADALHAN KAMI NG BITUIN!

Sabihin sa amin kung paano ka magningning! Gumupit ng isang bituin at isulat rito ang tungkol sa panahon na ika'y naging magandang halimbawa. Magpatulong sa magulang na i-email ang larawan ng iyong bituin, kasama ng kanilang pahintulot, sa liahona@ldschurch.org.

PAANO KA MAGNINGNING?

Matutong kumanta, tumugtog, o kumumpas ng himno at ibahagi ito sa family home evening.

Pag-aralan ang isang talento at ibahagi ito sa iba.

Ang aking ideya: _____

Ang Plano ng KALIGAYAHAN

Kulayan ang mga larawang ito upang matuto pa tungkol sa plano ng kaligayahan ng Ama sa Langit para sa iyo! Maaari mo rin silang gupitin, pagdikit-dikitin ang mga likod ng larawan, at i-staple ang mga dulo upang makagawa ng buklet.



Bago ako ipinanganak, namuhay ako bilang isang espiritu kasama ang aking mga Magulang sa Langit. Sinabi ng Ama sa Langit na may plano Siya upang tulungan akong matuto at umunlad. Napakasaya ko!

Nagboluntaryo si Jesucristo na maging aking Tagapagligtas. Pumarito siya sa mundo upang maging perpektong halimbawa para sa akin. Nagbayad-sala Siya para sa akin. Alam Niya kung anu-ano ang mga pinagdadaanan ko at matutulungan Niya ako. Mahal ko si Jesucristo!

Ipinanganak ako sa magandang mundo na ito. Nagkaroon ako ng katawan! Ang aking espiritu at katawan ay magkasamang kumikilos habang ako ay natututo. Araw-araw, sinisikap kong tularan si Jesus sa pagiging mabait.

MGA PAGLALARAWAN NI ADAM KOFORD

Sinusundan ko si Jesus sa pamamagitan ng pagpapabinyag. Ipinapangako ko na susundin ang mga kautusan. Ipinapangako ng Ama sa Langit na tutulungan ako ng Espiritu Santo. Kapag nagkakamali ako, nagsisisi ako at mas pinagbubutihan pa sa mga sumusunod na pagkakataon. Sa ganyang paraan ako natututo at umuunlad!

Kahit na malayo ako sa aking Ama sa Langit at kay Jesucristo, nararamdaman ko pa rin na malapit ako sa Kanila. Makapagdarasal ako sa Ama sa Langit kahit kailan. Maaari kong basahin ang mga banal na kasulatan. Balang araw, makakapasok ako sa templo kung saan mas matututo ako tungkol sa plano ng Diyos para sa akin. Ito ay mapayapa at masayang lugar.

Ang kamatayan ay isa pang bahagi ng buhay. Kapag namatay ako, ang aking katawan ay mananatili sa mundo at ang espiritu ko ay pupunta sa daigdig ng mga espiritu. Makakasama ko ang aking pamilya at mga kaibigan.

Balang araw ang aking katawan at espiritu ay magsasamang muli. Makikita kong muli si Jesus! Magagawa kong mamuhay kasama ang aking pamilya at ang mga Magulang sa Langit nang walang hanggan. Nagpapasalamat ako para sa plano ng kaligayahan!

"Si Jesucristo *ang* Bugtong at Pinakamamahal na Anak ng Diyos. Siya *ang* Lumikha sa atin. Siya *ang* Ilaw ng Sanlibutan. Siya *ang* ating Tagapagligtas mula sa kasalanan at kamatayan. Ito ang pinakamahalagang kaalaman sa lupa, at malalaman ninyo ito sa inyong sarili, tulad ng pagkaalam ko rito sa aking sarili."

Ni Elder Dallin H. Oaks
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Mula sa "Mga Turo ni Jesus," Liahona, *Nob. 2011, 90–93.*

PAGLALARAWAN NI DAN WILSON

Patuloy na Sumubok!

Ni Elder Peter F. Meurs
Ng Pitumpu

"Kung magpapakumbaba sila ng kanilang sarili sa aking harapan, at magkakaroon ng pananampalataya sa akin, sa gayon ay gagawin ko ang mahihinang bagay na maging malalakas sa kanila" (Eter 12:27).

Sumapi sa Simbahan ang aking mga magulang noong bata pa lang ako. Kami ay nasa maliit na branch sa Australia. Ang nanay ko ang tumutugtog ng piyano sa simbahan. Ngunit kaunti lamang ang natutugtog niyang mga himno. Inaaral ko rin ang pagtugtog ng piyano. Noong ako'y pitong taong gulang, hiniling ng branch president na tumugtog ako sa Simbahan.

Noong tinutugtog ko ang piyano, nagkakamali ako. At tuwing nagkakamali ako, napapaiyak ako. Napakamahiyain ko noon at nerbiyoso. Ngunit patuloy ko itong inaral. Gusto ko na matugtog nang maayos ang mga himno. Ngayon ay gustung-gusto kong tumugtog ng piyano! Kaya ko nang tugtugin lahat ng mga himno. Sa aking misyon sa New Zealand, naglingkod ako sa isang munting branch. Walang nakakatugtog ng piyano roon. Kaya ako ang tumugtog ng organ at piyano nang isang taon. Ang paglaban sa aking kinatatakutan ay naging biyaya para sa akin. Nagawa nito na pagpalain ko ang iba.

Nahirapan din ako sa pagsasalita noong ako'y maliit pa lamang. Nauutal ako. Mahirap magbahagi ng aking patotoo sa harap ng mga tao. Minsan kapag sinusubukan kong magsalita, napapaiyak na lang ako bigla. Nabigyan ako ng mga basbas ng priesthood para makatulong sa akin. Ang nanay at tatay ko ay nakakapagpalakas ng loob. Kalaunan ay nabiyayaan akong makapagsalita nang mas malinaw at may tiwala sa sarili.

Kinakabahan pa rin ako. Ang pagpunta sa pulpito upang magsalita sa pangkalahatang kumperensya ay nakakatakot! Ngunit may makapangyarihang impluwensya roon. Nakaramdam ako ng pagiging magaan at kalmado. Nakakamangha talaga.

Kung ikaw ay nahihiya o nahihirapang magsalita, patuloy na sumubok. Kahit na patuloy kang mahirapan, kailangan naming marinig kung ano ang masasabi mo. Maraming tao ang mabibiyayaan mo sa pamamagitan ng mga bagay na ikaw lamang ang makakapagsabi! ■

PAGLALARAWAN NI DAN BURR

Mga Conference Card

Narito ang ilan sa mga paborito nating sipi mula sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2017!

—Pangulong Henry B. Eyring,
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

—Elder Ronald A. Rasband
ng Korum ng Labindalawang Apostol



—Elder John C. Pingree Jr.
ng Pitumpu

—Sharon Eubank,
Unang Tagapayo sa Relief Society
General Presidency

ANG ATING PAHINA

Sinusunod ko si Jesucristo kapag ipinapakita ko ang pagmamahal ko sa mga kaibigan ko sa paaralan at magalang ako sa kanila.

Vianca V., edad 7, Colombia

Kapag bumibisita ako sa templo kasama ang pamilya ko, damang-dama ko ang Espiritu, na parang kasama namin ang Tagapagligtas. Gustung-gusto kong pumupunta sa templo.

Alana L., edad 8, Brazil

Alam natin na ang Aklat ni Mormon ay makakatulong sa ating mga problema, tulad ng nagagawa ng panalangin. Talagang gusto ng nakababata kong kapatid na lalaki na manalangin.

Benjamín M., edad 3, at Joaquín M., edad 8, Chile



Hola:
Mi nombre es Manuel Alejandro
Yo he sentido el espiritu
Cuando ----- :)

Me bautice Senti hacer lo correcto
Senti felicidad hacer lo que cristo enseño
y cuando fuimos al templo con mi
hermana, mi mamá y mi papá nos sellamos
me senti feliz en el templo seremos una
familia eterna si hacemos lo bueno

Naramdaman ko ang Espiritu noong nabinyagan ako. Kaya ko ninais na piliin ang tama. Naging masaya ako nang ginawa ko ang itinuro ni Jesus. Noong nagpunta kami sa templo kasama ang aking kapatid na babae, ina, at ama, nabuklod kami at ako ay masaya. Kami'y magiging walang hanggang pamilya kung gagawin namin kung ano ang tama.

Manuel R., edad 9, El Salvador

Sina Adan at Eva

Ni Kim Webb Reid

Nilikha ng Ama sa Langit at ni Jesus ang mundo. Nilikha nila ang lupa, dagat, araw, at mga bituin. Nilikha nila ang mga halaman at mga hayop. Pagkatapos ay naging handa ang mundo para sa mga anak ng Ama sa Langit. Sino kaya ang unang ipapadala Niya sa mundo upang manahan?



Sina Adan at Eva!

Inilagay sila ng Ama sa Langit sa Halamanan ng Eden. Lahat ng kinailangan nilang pagkain ay nasa hardin. Hindi nila kinailangang magtrabaho. Hindi sila nagkasakit.

MGA PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT



Sinabi ng Ama sa Langit kay Adan at Eva na kung kakainin nila ang bunga ng isa sa mga puno, mapapaalis sila sa Eden. Tinukso ni Satanas si Eva na kainin ang bunga, at ginawa nga niya. Ganoon din si Adan.

Ang pagpili nilang umalis sa Eden ay bahagi ng plano ng Ama sa Langit. Matapos silang umalis sa Eden, sina Adan at Eva ay natutong manalangin, magsisi, at manampalataya kay Jesus. Naging mga magulang sila at itinuro sa kanilang mga anak ang ebanghelyo. Ang buhay sa labas ng Eden ay mas mahirap, ngunit natuto sila ng mahahalaga at bagong mga bagay. Naging masaya sila.

Katulad ako nina Adan at Eva. Pinili kong pumarito sa mundo upang matuto, umunlad, at maging mas katulad ng aking mga Magulang sa Langit. ■

PAHINANG KUKULAYAN

Kaya Kong Pumili Nang Mabuti

PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT

Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

SAKLAW NG EBANGHELYO ANG LAHAT NG KATOTOHANAN

Ang dahon na nakikita natin ay isang napakaliit na snapshot—bahagi ng isang walang katapusang kakahuyan ng kamangha-manghang kaalaman.

Mahalaga ang kasaysayan. Ang pagpapanatili sa ating sarili na naka-angkla sa mga aral na natutuhan mula sa kasaysayan ay makatutulong sa atin na tularan ang pinakamaganda sa pagiging isang tao.

Ang nobelistang si Michael Cricton ay naulat na nagsabing, "kung hindi mo alam ang kasaysayan, wala kang nalalaman. Isa kang dahon na hindi nalalaman na bahagi ito ng isang puno." Itinuturo sa atin ng kasaysayan hindi lamang ang mga dahon ng pag-iral; itinuturo din nito ang tungkol sa mga maliliit na sanga, malalaking sanga, punongkahoy, at ugat ng buhay. At ang mga aral na ito ay mahalaga.

Isa sa mga kahinaang mayroon tayo bilang mga mortal ay ang akalain na ang ating "dahon" ay ang lahat ng mayroon—na ang ating katotohanan ay buo at pangkalahatan. Isang lumang kasabihan sa wikang Yiddish ay [nagsasabi], "Sa isang uod na nasa labanos, ang mundo ay isang labanos." Nais kong bigyang-diin na ang katotohanang tinanggap ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay higit pa sa mga dahon at sa mga labanos. Hindi ito nalilimitahan ng panahon at lugar at sumasaklaw sa lahat ng katotohanan.

Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay sumasaklaw hindi lamang sa katotohanang nagdaan kundi sa katotohanang maaaring mangyari at mangyayari. Ito ang pinakapraktikal sa lahat ng mga katotohanan. Itinuturo nito ang paraan ng isang disipulo—isang landas na maaaring magdala ng karaniwan at may kapintasang mortal at gawin silang maluwalhati, imortal, walang hanggang mga nilalang na ang potensyal na maging Diyos ay higit pa sa ating mumunting kakayahang makapag-isip.

Ngayon, iyan ang praktikal na katotohanan. Ang kahalagahan nito ay higit pa sa kanya nating maunawaan. Ito ay pinakamataas na antas ng katotohanan. Ang pag-asam, pagtuklas, at pagsasabuhay ng katotohanan ay ang pinagparito natin sa mundo upang matuklasan. Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay sumasaklaw sa lahat ng katotohanan, at nakatuon sa kaalaman na magiging pinakamahalaga sa atin sa buhay na ito at sa walang hanggan na darating.

Hindi ba kamangha-mangha sa pakiramdam ang maging kasapi sa isang Simbahan na tinatanggap ang katotohanan—anuman ang pinagmulan—at nagtuturo na napakarami pang paparating, na ang Diyos ay "maghahayag ng maraming dakila at mahahalagang bagay hinggil sa kaharian ng Diyos" [Ang Mga Saligan ng Pananampalataya 1:9]. Bunga nito, tayo'y nagpapakumbaba sa katotohanang mayroon tayo. Naiintindihan natin na ang ating kaalaman ay patuloy na pinapaunlad, na ang dahon na nakikita natin ay isang napakaliit na snapshot—bahagi ng isang walang katapusang kakahuyan ng kamangha-manghang kaalaman. ■

Mula sa "Seeing Beyond the Leaf," Brigham Young University Church History Symposium sa Salt Lake City, Utah, USA, noong Marso 7, 2014.

SINA ADAN AT EVA,
LIKHANG HABI MGA CUNA INDIANS,
SAN BLAS ISLANDS, PANAMA

Dahil tinukso ng diyablo, kumain sina Adan at Eva ng ipinagbabawal na bunga at naging mortal. Nagpatotoo si Eva sa mga biyayang nagbunga, "Kung hindi dahil sa ating paglabag tayo sana ay hindi nagkaroon ng mga binhi, at kailanman ay hindi nalaman ang mabuti at masama, at ang kagalakan ng ating pagkakatubos, at ang buhay na walang hanggan na ibinibigay ng Diyos sa lahat ng masunurin" (Moises 5:11).

Kabilang Din sa Isyung Ito

PARA SA MGA YOUNG ADULT

Tayo'y Ililigtas Niya

Nang niyanig ng isang malakas na lindol ang kanilang misyon, naramdaman ng mga missionary sa Japan na ginagabayan at iniingatan sila ng Panginoon.

p. 44

PARA SA MGA KABATAAN

p. 50

Si JESUCRISTO *Ang Ating Pinagkukunan ng Kapayapaan*

Tulad ng pagpapakalma Niya ng mga malalakas na alon sa Dagat ng Galilea, ang Tagapagligtas ay nagbibigay ng pag-asa ng walang hanggang kapayapaan sa sarili sa bawat isa sa atin.

PARA SA MGA BATA

Plano ng Kaligayahan

Gupitin at kulayan ang buklet na ito upang mas malaman pa ang tungkol sa plano ng kaligayahan ng Ama sa Langit!

p. 70

TAGALOG
4 021474 88893 0

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW